


MGA TANONG AT MGA SAGOT

 . . .marami ang kailangan kong kunin, pero mayroon akong . . .dinala ko ang concordance ko. Baka ibigay ko 'yun dito kay Leo, o kung sinong nakaupo nang malapit na maaaring tumulong sa akin kung gusto n'yo, kapag dumako na tayo rito.

² Ngayon, kung itong ginang na naroon, kung may . . .kung siya'y . . .Nasaan . . .Sino ang asawa niya? Sige. Buweno, kung gusto mong maupo kasama mo ang maybahay mo, sige't maaari—maaari, walang anumang bagay na sinasabi sa gitna ng mga kapatid na lalaki kundi maaari ring sabihin sa isang kapatid na babae, siyanga. Atin lamang . . .alam n'yo. Ayos—ayos lang po ba? Ngayon, higit na kaluguran namin na makasama mo siya. Di—di naman siya nilalamig diyan, Doc? Buweno, ayos lang, pero medyo mag-iisa siya riyang.

³ At walang anuman—walang anuman dito . . .kung minsan ang dahilan kung bakit nababanggit ko ang “lalaki,” dahil kung minsan may lalaki na maaaring magtanong sa gitna ng mga lalaki na di maaaring sagutin kapag may mga babae. Pero wala namang naroon na anupa't puwedeng sagutin na panglokal sa regular na simbahan, dahil karamihan ay nauukol sa mga ministro, at iba pa, at kung ano ang atas sa kanila—sa kanila at kung ano ang trabaho nila.

⁴ Ngayon, naniniwala akong irekord ito sa isang teyp. Kung . . .hindi ako sigurado. Kapatid na Goad, nasaan po, sige't nirerekord na ba ito sa teyp ngayon? Sige. Ang dahilan kung bakit ginagawa natin ito ay para malaman, mga kapatid, kung ano ang pangunahin, ano ang—ang bahagi, ang . . .ano ang nasa isipan ng tao, kung ano—ano ang mga bagay-bagay natin.

⁵ Lahat tayo—lahat tayo'y dapat na iisa ang sinasabi. Ngayon, halimbawa, may pumasok at, magsasabi, marahil dumadalo sila sa simbahan ni kapatid dito, (ano ang pangalan mo, kapatid? Willard. Kapatid na . . .Ngayon, may dalawang Willard dito, sige't kailangan kong ibahin. Kung maaari . . .ano pong apelyido n'yo, siyanga? Crase) sa simbahan ni Kapatid na Crase, at may sasabihing partikular na bagay si Kapatid na Crase. Tapos manggagaling sila sa Sellersburg na pupunta kina Kapatid na Ruddell, tapos 'yung kina Kapatid na Ruddell ay iba nga roon. Pupunta sila kina Kapatid na Junie, iba rin, siyanga. Pupunta sa tabernakulo, at iba pa rin. Kita n'yo? Lilituhin nun ang mga tao.

⁶ Ngayon, gaya ng may magsasabi, “Oh, hindi ako naniniwala na kailangan n'yong . . .kailangan n'yo talagang matanggap ang Espiritu Santo. Hindi na ito kailangan sa tingin ko.” Sabihin natin, halimbawa lang, sasabihin 'yun kunwari ni Kapatid na Crase. At tapos pupunta ka kina—kina Kapatid na Ruddell, at

sasabihin niya, “Oo’t, mahalaga ito.” At pagkatapos ay pupunta naman kina Kapatid na Junie, at sasabihin dun, “Buweno, wala namang gaanong kaibhan.” Kita n’yo? Kung maaari nating mapagtipun-tipon maging ’yung . . . Sana nga po’y lahat ng mga ministro ng Jeffersonville (sa komunidad na ito) na maaaring magkatipun-tipon para iisang bagay lang ang sasabihin natin.

⁷ At kaya naman, madalas, ang mga diyakono at mga katiwala, kailangan nilang alamin kung ano ang tungkulin nila. At nakikita kong narito ang taga-ingat ng salapi at ang tagapaglinis ngayong gabi, para malaman natin kung ano ang tungkulin nila. Pero ang lahat ng ito’y halos (dito) ay mga tanong lang na maitatanong kahit saan at maaaring sagutin kahit saan. Mga simpleng tanong lang ito, at gaya ng mga tungkulin ng mga katiwala, mga tungkulin ng . . . Ngayon, kung aktuwal lang na mga tungkulin, sa tingin ko’y pinagdiskusyunan na ’yun sa lupon dito mismo ngayon, ’yung tungkol sa mga tungkulin ng katiwala at kung ano ang dapat nilang gawin. Pero naisip ko na marahil . . .

⁸ At may isa nga roon, at sa tingin ko’y ayos lang, sasagutin ko ito maya-maya, kung loloobin ng Panginoon na makarating tayo rito, heto:

Sa isang partikular na krisis, ano ba ang dapat gawin ng isang diyakono? Ano ba ang kanyang . . . Ano ba ang tungkuling gagawin niya kapag dumating ang isang partikular na krisis? Paano ang ikikilos niya? Kita n’yo? O ano ba ang gagawin ng isang katiwala, ano ang gagawin ng isang pastor, parang ganoon, kapag krisis? Batid namin ang regular na gawain, pero paano kung may mangyari na wala sa pangkaraniwang ginagawa, kita n’yo, kung ganoon ano ang dapat nilang gawin?

⁹ At tunay na batid natin kung saan poposisyon, para lamang itong pagsasanay ng isang hukbo, at alam nating lahat ang ating mga posisyon. Ngayon, bilang isang grupo na gaya nito, maaari tayong manatili rito ng kalahating gabi, alam natin ’yan, pero haya’t . . . sa tingin ko’y di na kinakailangan pa. Sasagutin natin ito. Ngayon nais kong ang bawat isa . . .

¹⁰ Ngayon, wala pong mga pangalan ito, ang ilan siguro’y may mga pangalan, pero di ko—di ko na sasabihin ang pangalan ng mga tao. Dahil doon lang—doon lang tayu sa tanong tutuon, babasahin ko lang ang tanong. May dalawa lang sa mga ’yun ang may pangalan. At, teka, may nakita pa yata akong isa pa. Alam ko, ang butihing Doktor Ingleman ito, tatawagan ko dapat siya roon sa—sa timog na seksyon, sa 4—426 na timog na seksyon. Yun ’yung noong ang butihing doktor na tagarito lang kung saan kami nagpunta ngayong araw, doon sa Georgetown, ay gumaling, o nagkamalay matapos na mawalan ng malay nang napakatagal, at—at iba pa. Ngayon, sa tingin ko ito’y nakaantig

sa kanila, ngayon sige't dadako na tayo sa una nating mga tanong na pinag-aralan ko muna.

Ngayon sige't tumayo muna tayo pansumandali, kung maaari po.

¹¹ Ama namin sa Langit, nagtipon kami rito bilang isang grupo ng kalalakihan, Cristianong kalalakihan na umiibig sa Iyo, na sumasampalataya sa Iyo, at inialay ang aming mga buhay at mga serbisyo sa paglilingkod sa Iyo. May mga ministro rito, kabinataan, edad-media na kalalakihan, may mga simbahan sila, na pananagutan nila sa harap ng Diyos. May mga diyakono rito na responsable sa kanilang mga tungkulin dito sa iba't ibang simbahan. May mga katiwala, na may kani-kanilang mga responsibilidad. Mga pastor, mga ebanghelista, marami pang iba, Panginoon, kami po'y may pananagutan sa Iyo. At kaya kami nagtitipun-tipon, upang magsalita kaming lahat ng iisang bagay na gaya ng sinabi sa amin na dapat naming gawin sa Kasulatan. Dapat na pare-pareho ang sinasabi.

¹² At Ama, iniisip namin, sa ganitong klase ng grupo, na maaaring makita naming marahil ang ilan sa mga kapatid namin o ang ilan sa amin ay may kaunting mga pagkakaiba sa mga bagay-bagay, at ang ilan ay nagtatanong lamang para talagang alamin kung ano ang Katotohanan tungkol dito. At alam naming hindi kami sapat, bawat isa sa amin. Kung hihilingin ko sa sinuman dito na iba pang mga kapatid na pumunta rito't talakayin ang mga tanong na ito, marahil sila'y magiging kasing sapat o higit kaysa sa akin para sagutin ang mga ito. Pero sama-sama kaming umaasa sa Iyong kapahayagan, na maghayag Ka sa amin sa pamamagitan ng Salita at sa pamamagitan . . . ng Iyong Espiritu, upang ito . . . upang magkaroon kami ng sagot para sa bawat tanong. Upang ang mga puso namin . . . na kami'y mapuno ng mga sagot na sa pag-uwi nami'y mararamdaman naming mas nasangkapan na kami para sa Iyong gawain at para maglingkod sa aming tungkulin nang higit kaysa—kaysa ngayon. Yan po ang layunin namin sa pagparito, Ama. Ipagkaloob Mo po ito ngayon.

¹³ At Iyo pong tugunin ang mga tanong namin, Ama, habang hinihintay Ka namin. Wala nawang maging palaisipan sa alinman sa aming mga isipan, kundi manatili nawa kami sa tanong na 'yun hanggang sa ito'y ganap na masagot at mabigyang-kasiyahan kami ng Espiritu, na buong pagkakaisang magkasundo dahil sa Kanyang Presensya. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁴ Gusto ko lamang banggitin ang isang Kasulatan, sa pagsisimula. Gaya ng sinabi ni Isaias, sabi ng propeta:

O magsiparito kayo . . . tayo'y magkatuwiranan, sabi ng PANGINOON: . . .

¹⁵ At sa tingin ko 'yun ang dahilan kung bakit narito tayo ngayong gabi, ang sikaping mangatuwiranang, magpaliwanagan

sa mga bagay-bagay. At ngayon ay uumpisahan ko . . . at may naisulat ako rito na ilang mga bagay na nilagyan na ng bilang at iba pa, na mayroon ako nito, nakita ni Kapatid na Wood; mayroon akong sobre rito na may mga sagot. At ngayon gusto kong ang bawat isa sa inyo, na mga minamahal kong kapatid, na malaman n'yo na—na ang mga sagot na ito ay—ay inilalahad ko sa abot ng aking kaalaman, ang pinakamaigi ko pong nalalaman kung paano unawain.

¹⁶ At ang mga sagot na ito'y hindi perpekto, kita n'yo, dahil ang Kasulatan lang ang hindi nagkakamali, at sa abot ng nalalaman ko'y nakalinya ang mga ito sa mga Kasulatan. Umaasa akong mapalinaw ito. At itatabi ang teyp ngayon at ang sinumang may gusto nito, buweno, maaari nila itong makuha. Anupa't ngayon, alam kong hindi nagkakamali ang mga Kasulatan pero ang mga sagot ko ay hindi perpekto. Kaya tiyak ako na nauunawaan 'yan ng lahat. At kung hindi ito—kung hindi ito perpekto, kung ganoon mayroon kayong karapatan marahil na magtanong sa akin anumang oras.

¹⁷ Kung may tanong na galing sa ibang tao, hindi naman kailangan na tanong mo ito, pero kung ito'y tanong ng iba, na marahil ay di mo naisip ang tungkol dun, haya't isang bagay 'yan na narito tayo para tumulong. Narito tayo para—para magsama-sama dahil nasa huling mga araw na tayo, at masama na ang panahon, at—at nais nating matuto, maturuan.

¹⁸ Si Kapatid na Stricker, na isang sundalo; si Kapatid na Goad diyan sa likod, na isa ring sundalo; at marahil si Kapatid na Ruddell dito, siya'y naging sundalo; si Kapatid na Beeler; at ang iba pa na—na nanggaling sa buhay sundalo; nauupo kayo nang sama-sama, inyong—inyong pinaplano, inyong—inyong inaalam ang labanan bago kayo sumabak doon, at ang lahat ng mga taktikang magagawa n'yo sa kaaway, para makaya n'yo siyang kaharapin sa kanyang kinalalagan.

¹⁹ Dati noong nagboboksing pa ako, inaalam nila ang kalaban ko, kung ano siya, kung anong klase ng suntok ang gamit niya, kung ito ba'y isang malakas na pataas na suntok o kaliwang dyab o mabilis na pababang suntok gamit ang kanyang kanang kamay, o kung siya'y kanan- o kaliwete, at kung gaano siya kalakas, at kung nagpapalit siya ng tindig, at kung paano niya ginagamit ang mga mata niya, at kung sa anong anggulo siya nanggagaling, at ang lahat ng iba't ibang taktika na kaya niyang gawin. At inaalam nila kung anong . . . pinapanood ng—ng mga tagapagsanay 'yung nakaraang mga laban ng taong 'yun. Para 'yung ilalagay nilang tao na pag-eensayuhan ko ay masanay ako sa eksaktong pakikipaglaban ng makakalaban ko, para—para malaman ko kung anong gagawin ng kalaban.

²⁰ At 'yun ang ipinarito natin ngayong gabi. Alam natin ang paglusob ng kaaway. Alam natin ang mga taktika niya. At narito

tayo ngayong gabi na dala ang Kasulatan para supilin siya't hindi siya makagalaw, dahil ang kaaway ay nasa buong paligid.

²¹ Si Kapatid na Roberson, ang naisip ko rian, nang makita ko siya, tiyak na alam niya kung paano maging isang sundalo. Talagang naranasan niya ito! Ilan pong mga sundalo ang naririto, tingnan nga natin, na naging mga sundalo sa hukbo? Tingnan n'yo nga naman dito, kita n'yo, isang grupo kayo ng mga sundalo. Sige, ngayon, alam n'yo kung paano ito. At 'yun ang pinag-aaralan n'yo, hindi ba, Kapatid na Roy, Kapatid na Beeler, at kayong mga beterano at iba pa? Ang, pag-aralan ang kaaway, "Kung ano kaya ang gagawin niya? Ano ang galaw niya?" at pagkatapos ay malalaman n'yo kung paano siya haharapin.

²² At 'yun ang ipinarito natin, pag-aralan ang galaw ng kaaway at—at ang malaman kung paano siya haharapin, 'yung bagay na makakatalo sa kanya.

²³ At tandaan n'yo, hayaan n'yong sabihin ko ito, mga kapatid, ang munting iglesya ay nagsimula rito sa isang hanay ng mga kaloob, kita n'yo, dumarating ang mga kaloob sa iglesya. Pero mayroon mang mga kaloob o wala, kung wala kailanman na isang kaloob, sasabihin ko sa inyo, hindi palaging matatalo ng kaloob ang kaaway, pero tiyak na magagawa ng Salita. Haharapin siya ng Salita saanman.

²⁴ At si Jesus, noong nasa lupa pa Siya, ay pinatunayan 'yun. Ang Kanyang. . . Siya ang Diyos na nahayag sa laman. Pero hindi Niya kailanman ginamit ang mga kahanga-hanga Niyang kaloob para gapiin ang kaaway. Matatagpuan natin sa Mateo sa. . . Sa paniwala ko nasa ika-2 o ika-3 kabanata ng Mateo, sabi Niya. . . Hindi, sa ika-2 kabanata pala ng Mateo, noong nakaharap Niya ang kaaway, hinarap Niya ito sa batayan ng Salita, "Nasusulat."

At ibinalik din ng kaaway, "Nasusulat."

²⁵ At sabi Niya, "Nasusulat din naman," ganoon, hanggang sa tinalo Niya ang kaaway. At 'yun ang ipinarito natin, ang harapin ang kaaway gamit ang materyal na ibinigay ng Diyos sa atin para—para harapin ito.

²⁶ Ngayon ay mayroon akong mga apat na tanong dito na nasa. . . nasa isang—nasa isang piraso ito ng papel, at nilagyan ko ang mga ito ng bilang: isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim. . . walo, sampu, at paganoon po. At sa sandaling matapos ako rito, saka ako tutungo sa mga nandiyan naman. Sabi:

107. Kapatid na Branham, kung ang mga tanong na ito'y wala sa linya kung ganoon ay isantabi mo na lang ang mga ito, at hindi ako magdaramdam tungkol dito dahil malalaman kong hindi ito ang kamay ng Panginoon. Unang tanong: Kapatid na Branham, narinig kita. . . na dapat—dapat bumalik sa. . . Aking—aking—aking narinig na sinabi mong dapat akong bumalik sa pagmimistryo, at

inisip ko ito sa sarili ko mismo, pero naghintay ng ilang tiyak na salita mula sa Kanya tungkol dito. Hanggang ngayon ay hindi ito dumarating. Ngayon, dahil alam kong napakalapit na ng wakas, dapat pa rin ba akong maghintay para sa Panginoong Jesus na—na magsalita sa akin? O, malulugod ba Siya na sabihin sa iyo kung ano ang sasabihin sa akin, dahil alam kong ikaw ang Kanyang tagapagsalita para sa panahong ito?

²⁷ Buweno, ngayon, kapatid, aking . . . naisulat ko rito ang sagot ko. Tinatawag ng Diyos ang kapatid na ito, isang pagkatawag sa buhay, ngayon, heto po ang isang dakilang bagay na maaari nating kunin bilang isang teksto at mangaral nang magdamag ukol dito, kita n'yo, ang isang bagay na ito, “isang pagkatawag.” “Patatagin ninyo ang pagkatawag at pagkapili sa inyo,” kita n'yo. Ayaw natin na nag-aalinlangan tayo kung tayo ba'y tinawag. Dapat ay tinawag ka kundi ay matatalo ka, nakikipaglaban tayo sa isang labanan. Kita n'yo? At kung siguradong-sigurado ka, kapatid, na ang pagkatawag sa iyo ay sa Diyos, at tinawag ka ng Diyos para gumawa ng isang gawain . . .

²⁸ Ngayon, may isang malaking panlalansi roon na maaari kang paglaruan ng kaaway. Maaari niyang ipaisip sa iyo na hindi ka tinawag gayong ikaw ay tinawag, saka siya dagling bubuwelta at ipaiisip sa iyo na hindi ka tinawag; o ipaiisip sa'yo na ikaw ay—ikaw ay tinawag gayong hindi ka naman tinawag; kabaliktaran, alinman doon. At kailangan mo itong bantayan.

²⁹ Ngayon, ganito ang paraan para gawin ito. Alamin mo muna . . . Buweno, ngayon ito ay payo lang, ang tanging maibibigay ko rito ay payo. Kita n'yo? Pero tiyakin mong ang pagkatawag sa iyo ay nagmumula sa Diyos, at pagkatapos ay suriin mo ang iyong mga motibo at mga layunin. Kita n'yo? Ngayon, alam n'yo na ang ibig kong sabihin doon. Ano ba ang motibo mo sa pangangaral? Ito lamang ba . . . Sa tingin mo ba'y mas magaan na trabaho ito kaysa sa bagay na mayroon ka? Kung ganoon ay mas mabuti pang kalimutan mo na ito, hindi 'yan isang pagkatawag.

³⁰ Ang isang pagkatawag ng Diyos ay lubos na nag-aalab sa iyong puso na hindi ka matahimik araw at gabi dahil rito. Sadyang hindi ka makawala rito, ito'y sadyang walang tigil na kumakayod sa iyo.

³¹ At—at kung kailangan mong mangaral . . . Sasabihin mo, buweno, ngayon, isa pang layunin, “Naniniwala ako, sa trabahong mayroon ako, kung magiging matagumpay akong ebanghelista o isang pastor, na magkaroon ako ng maayos na suweldo, magkaroon ng isang tahanan na mauuwian ko at iba pa, at matitirhan, kung ganoon naniniwala ako—naniniwala akong 'yun ay magiging magandang bagay, mas madali kaysa sa ginagawa ko ngayon. At talagang sa tingin ko ito'y magiging . . .”

Ngayon, kita n'yo, mali ang layunin mo sa simula pa lang. Kita n'yo, hindi ito tama. Kita n'yo? Kayo'y—kayo'y mali roon.

³² Tapos sasabihin mo, “Buweno, siguro dahil ako'y isa nang . . . sa tingin ko marahil na mas makikilala ako sa gitna ng mga tao.” Kita n'yo, malalaman mong nakaumang ka na talaga para sa isang malaking pagbagsak. Siyanga, kita n'yo!

³³ Pero, ngayon, kung ang layunin mo ay “Wala akong pakialam kung kinakailangan kong kumain ng soda kraker at uminom ng ordinaryong tubig, ipapangaral ko pa rin ang Ebanghelyo.” Sadyang may bagay na humahapak sa loob n'yo, “Alinman sa ipangangaral ko ang Ebanghelyo o mamamatay ako!” Kita n'yo? Kung ganoon ikaw ay—ikaw ay may mararating, dahil ang Diyos ang nakikipag-ugnayan sa iyo. Ipinapakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa iyo, dahil sa sadyang ayaw kang papagpahingahin ng Diyos. At, karaniwan, ayaw itong gawin ng isang taong may pagkatawag ng Diyos. Naisip n'yo ba 'yun kailanman? Sinumang tao . . .

³⁴ Kailan lang tinanong ito sa akin ng isang kalugud-lugod na kapatid, na ang sabi, “Ngayon na nasa Daan na kami, Kapatid na Branham, ngayon na nasumpungan na namin ang Panginoon at tinanggap na ang Espiritu Santo, hahangarin ba namin ang mga kaloob para sa aming pagmiministryo na dapat naming gawin.”

³⁵ Sabi ko, “Huwag mo kailanman gagawin 'yan.” Kita n'yo? Huwag n'yo kailanman papayuhan ang mga tao na gawin ang bagay na ganoon, dahil karaniwan ang isang lalaki na gustong gawin ito'y isang lalaki na—na di naman kayang gawin ito.

³⁶ Yaong lalaki na pilit tinatakbuhan ito ang siyang ginagamit ng Diyos. Kita n'yo? Kung pilit niyang nilalayuan ito, “Oh, kapatid, sinasabi ko sa iyo, ako . . . may pagkatawag sa akin pero ako . . . Whew! Naku, ayaw kong subukan 'yan.” Buweno, hayan po, nakita n'yo na. Yung—'yung pilit na tumatakbo.

³⁷ Kung siya'y—kung siya'y labis-labis na gusto itong gawin, malalaman mo na lang na masusumpungan niya ang kanyang sarili na isa na siyang “hambog.” Gaya ng sinasabi n'yo, “Diyos, pagkalooban Mo ako ng kapangyarihan para magpalipat ng mga bundok, isinusumamo ko po sa Iyo, gagawa ako para sa Iyo kung pahihintulutan Mo akong makapagpalipat ng mga bundok.” Hindi, hindi niya magagawa, ni hindi nga niya magawang mailagay ang sarili niya sa tamang pag-uugali, kita n'yo, kaya hindi niya kailanman papalipatin ang mga bundok para sa Diyos.

³⁸ Kunin n'yo na lang, bilang halimbawa, gaya ni Pablo. Sa tingin n'yo ba'y nakatakas sana si Pablo sa pagkatawag sa kanya? Oh, kapatid! Hindi niya magagawa. Sadyang hindi siya tinatantanan Nito araw at gabi hanggang sa iwan niya ang kanyang iglesya, iniwan niya ang lahat at—at nagpunta sa . . . sa pagkakaalala ko'y sa Asya, hindi ba? At nanatili nang tatlong

taon doon, na pinag-aaralan ang mga Kasulatan, para alamin kung tama ba Ito o hindi, kita n'yo, para alamin kung tinawag nga ba talaga siya ng Diyos.

³⁹ Kaya kung tinatawag ka ng Diyos, kapatid, at patuloy itong humahalukay sa puso mo, kung ganoon sasabihin kong, “Itabi mo ang bawat pabigat, at ang pagkakasalang madaling bumibitag sa iyo.” Nakita n'yo? Kung... Pero kung hindi ito humahalukay sa iyo, at kung ganoon ay di ko—di ko—di ko gaanong iisipin ang tungkol dito kung ganoon. Hayaan mo na lang itong lumagay sa lugar nito.

Ngayon, ang sabi niya, sinabi ng kapatid na ito rito:

Kapatid na Branham, dapat ba... Sa tingin mo ba'y magsasalita ang Diyos... (sa akin para sabihin daw sa kanya.)

⁴⁰ Naniniwala akong magsasalita ang Diyos nang direkta mismo sa kanya. Dahil, alam n'yo, ang Diyos... Hindi naman tayo napakalaki na anupa't hindi na Siya makikipag-usap sa atin. At Kanyang—Kanyang—Kanyang kakausapin naman tayo, totoo naman. Kita n'yo, Siya'y sadyang... Siya'y makikipag-usap sa atin.

⁴¹ At sinasabi ko sa inyo, kung sinabi Niya sa akin, kung ganoon baka sabihin ng kapatid, “Buweno, ganoon ang sinabi Niya kay Kapatid na Branham, purihin ang Diyos!”

⁴² Pero, nakita n'yo, hindi si Kapatid na Branham ang tumatawag sa inyo, ang Panginoong Jesus ang tumatawag sa inyo. Kita n'yo? At kung ang Panginoong Jesus ang tumatawag sa inyo, Siya ang makikipag-usap mismo. Kita n'yo? Maaari akong magsalita sa inyo sa inyong mga tainga, pero kapag tinawag kayo ni Cristo sa pagmimistryo ito'y sa puso n'yo. Kita n'yo? Doon dapat umangkla ang bagay na ito at hindi n'yo ito matatakas.

Ngayon, naniniwala akong sa ikalawang tanong. . .

⁴³ Ngayon kung may anumang tanong ukol diyan, anumang tanong ukol dito, kita n'yo, na ang pagkatawag sa isang tao ay dapat sa puso niya, na nagmumula sa Diyos. At—at isa pang kapatid. . . Oh, alam ko kung sino ang sumulat nito. Kita n'yo, alam ko kung sinong sumulat nito, isang tinatangi, na minamahal, na magiliw na kapatid na tunay na naniniwala akong may pagkatawag ng Diyos. Pero akin lang. . . Ayaw kong gawin niya ito dahil sa akin ('yun ang dahilan kung bakit ganoon ang sagot ko rito), kita n'yo, sa pagsasabi ko; “Buweno, oo, si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* ay nararapat na pumasok sa pagmimistryo.” Kita n'yo?

⁴⁴ Ngayon sasabihin n'yo, “Sinabi sa akin ni Kapatid na Branham na dapat kong gawin 'yun.” Kita n'yo, at marahil paano kung may mangyari kay Kapatid na Branham, na mapatay ako, o mamatay, o—o lumayo? Kung ganoon, kita n'yo, tapos

na kung ganoon pala ang pagkatawag sa iyo. Pero kapag tinawag ka ni Jesus, kapatid, hangga't may Walang Hanggan ito'y aalingawngaw. Kito n'yo? At pagkatapos ay malalaman n'yo kung saan kayo nakatayo.

Ngayon dito sa pangalawa . . .

⁴⁵ O parang ganito po, “Nalalaman na ito na ang huling araw.” Talagang ikinalulugod ko 'yan para sa kapatid na ito. Tunay na ikinalulugod ko 'yan na napagtatanto ng kapatid na ito na nasa huling araw na tayo, at ang katapatan ng kanyang puso, na naghangad na may magawa para kay Cristo.

Ang susunod po ay:

108. Ngayon, kung pahihintulutan ako ng ating minamahal na Panginoon na gumawa ng isang munting bagay para sa Kanya, dapat ba akong bumalik sa mga komunidad kung saan ako nagministeryo nang bahagya sa...sa pagkakamali (na aking pinagsisisihan)... nilagyan niya 'yun ng panaklong...at sikaping sabihin sa kanila ang Katotohanan? Sila'y labis—sila'y labis na nasa mga puso ko.

⁴⁶ Hindi, kapatid, sa palagay ko hindi naman kinakailangan na bumalik ka sa mismong komunidad na 'yun. At naniniwala ako, mahal na kapatid, kapag tinawag ka ng Panginoon maaaring hindi ka na Niya papuntahin gaya ng dati sa isang komunidad, at marahil ay nagturo ka ng mga bagay o may mga bagay na hindi...na talagang iba na ang pananaw mo ngayon, kita mo, na maaaring iba na ang pananaw mo sa pananaw mo dati. Ngayon, at ang Panginoon, noong tinawag ka Niya, maaaring Kanyang...kung gagawin Niya itong tunay sa iyo, maari ka Niyang ipadala sa kahit saang lugar. Kita mo? Hindi mo kailangan pumunta sa isang partikular na komunidad o kung ano.

⁴⁷ Noong naroon ka ay naging matapat ka. Kilala ko ang kapatid, gaya ng sinasabi ko, na sumulat ng mga tanong na ito. May pinakamalalim na sinseridad, at isang tunay na Cristiano mismo, ginawa mo ang abot ng magagawa mo at sa lahat ng nalalaman mo kung paano gawin, at 'yun lang ang hinihingi ng Diyos. Kita mo? Ngayon, kung tatawagin ka ng Diyos pabalik sa komunidad na 'yun, babalik akong muli agad. Pero kung hindi, naniniwala ako—naniniwala akong pupunta ako mismo kung saan Niya ako ipadala. May tanong po ba?

Bilang tatlo:

109. Paano malalaman ng isang tao ang nararapat nilang posisyon sa Katawan ni Cristo?

⁴⁸ Maganda ang isang 'yan, napakahusay, “Paano...” Ganyang uri ng tanong ang nararapat sa gitna ng marami sa atin dito ngayong gabi, “Paano mo malalaman nang tama?”

Ngayon, ipinapalagay kong gustong malaman ng kapatid na “Anong posisyon, *ano* kay Cristo, ano bang bahagi ni Cristo ang gagampanan ko?”

⁴⁹ Ngayon, halimbawa, sasabihin ko na parang ganito, kapatid, para mabigyan ka ng pinakamagandang sagot na alam ko. Ang posisyon mo . . . kay Cristo ay ipahahayag sa iyo ng Espiritu Santo. At pagkatapos kung ibig mong malaman kung ito ba’y ang Espiritu Santo o hindi, alamin mo kung pinagpapala ba Niya ang ginagawa mo o hindi. At kung pinagpapala Niya ito, kung ganoon ay Siya ’yan. Kung hindi Niya pinagpapala . . .

⁵⁰ Gaya ng may nagsabi sa akin kamakailan lang, sabi, “Tinawag ako ng Panginoon para mangaral.”

Sabi ko, “Buweno, kung ganoon ay mangaral ka.” Kita n’yo? At kaya siya’y—siya’y . . .

⁵¹ Sa tingin ko talagang . . . Si Satanas, kung mapapakilos lang niya ang isang tao nang—nang ganoon at pagkatapos ay lilinlangin sila, sadyang ’yun ang gusto niyang gawin. Haya’t itinuturo ng buong mundo ang kanilang daliri roon mismo. May nag-iisip na may taglay daw silang kaloob ng pagsasalita ng mga wika at pagpapaliwanag; ang iba naman ay may kaloob ng Makalangit na pagpapagaling; ang ilan ay mayroong mga ganitong bagay na gaya ng . . . Kung minsan nagkakamali sila sa mga bagay na ’yun, kita n’yo. At kung minsan iniisip nilang wala sila nito gayong nasa kanila. Kaya napaka nakalililang nito.

⁵² Kaya palagi n’yong gawin ito, mga kapatid, sa tuwing pakiramdam n’yo may dapat kayong gawin na bagay, una’y alamin n’yo kung ito ba’y ayon sa Kasulatan na gawin n’yo ito (kung nasa mga Kasulatan ito). Hindi sa isang lugar lang nasusulat, kundi ang ibig kong sabihin ay ganap na naaayon sa Kasulatan sa buong Biblia na gawin n’yo ito, ang inyong posisyon, halimbawa kung kayo’y magiging isang ebanghelista, pastor, guro, propeta, kung ano man ang pagkatawag ng Diyos sa inyo. Nakikita n’yo? O kung mayroon kayong kaloob ng mga wika, kaloob ng pagpapaliwanag, kaloob ng anumang—anumang uri ng siyam na espirituwal na mga kaloob sa iglesia, at ang apat na espirituwal na katungkulan ng iglesia, anumang posisyon, ang unang-una’y tingnan n’yo kung tumawag ang Diyos.

⁵³ Tapos, karaniwan, ’yung paraan na pinagmamasdan ko ito para sa sarili ko, basta . . . ako lang po ito, pinagmamasdan ko ang kalikasan nung tao at tinitingnan kung anong uri ng kaloob ang inaangkin nila. Kita n’yo, gagawa ang Diyos sa Kanyang nilalang sa paraan na ginawa Niya siya. Kita n’yo? Gagawin Niya ang isang nilalang . . .

⁵⁴ Kung nakikita mo siya na talagang hindi pumipirmi sa lugar nito at pabago-bago, na iyong . . . at sinasabi niya, “Tinawag ako ng Panginoon para sa *ganito-at-ganoon*, para maging isang

pastor.” Ngayon, ang isang pastor ay hindi pabago-bago na tao. Ang isang pastor ay matatag, matibay. Kita n’yo?

⁵⁵ “Tinawag ako ng Diyos para maging isang guro.” At masdan n’yo siya kung paano niya ipinapaliwanag ang Salita. Kita n’yo? Kapag napaglalabo-labo niya Ito at lahat na, haya’t masasabi mo. Kita n’yo?

⁵⁶ Pero, mangyari nga, ang dapat gawin, karaniwang malalaman mo ang posisyon mo kung kaya mo itong gawin o hindi.

⁵⁷ Ngayon, noong tinawag ako ng Diyos para maging ebanghelista, gusto kong maging pastor. At ang akala ko ang pananatili sa sarili kong bayan dito ay magiging ayos lang. At tinawag ako ng Panginoon. At nung paglaon ay nagtipon ang mga tao. . . Wala nang isa sa kanila ang natira rito ngayong gabi, na mga umiyak at nagpunta roon sa 1717 Spring Street. At ang ginang, si Gng. Hawkins dito, ay nakasalubong ko at ang sabi (umiiyak, noong panahon na bagsak ang ekonomiya, noong may isa sa kalapit-bahay ang nagluluto ng maramihang munggo at magpupuntahan kaming lahat at kakain mula roon), at sabi niya, “Magtatabi ako mula sa panustos ko sa pagkain ng mga anak ko kung magtatayo ka lamang ng isang tabernakulo.” Kita n’yo?

⁵⁸ At ang pagkatawag sa akin ay isang ebanghelista. Noong umagang. . . Nakalagay ’yun dito mismo sa batong panulok, kung maaari lang nating bitakin diyan ngayong gabi, makakakita kayo ng isang pinilas na pahina ng Biblia ko kung saan sinabi Niya sa akin na maging isang ebanghelista. Kita n’yo? At hindi ako naging matagumpay na pastor, hindi kailanman, dahil wala akong pasensya at kung ano ang kinakailangan para maging isang pastor. Kita n’yo? Kaya kung susubukan kong magpastor, ako’y magiging di-akma mismo na gaya ng isang pastor na nagpupumilit na maging isang ebanghelista.

⁵⁹ Nakikita n’yo ang ibig kong sabihin? Makikita n’yo ang paraan na tinatawag kayo ng Panginoon, kung ano ang posisyon n’yo sa Katawan. May tanong ba?

110. Ang lahat ba ng mga taong puspos ng Espiritu Santo ay magsasalita ng mga wika sa malao’t madali?

⁶⁰ Yan ang unang tanong, “Ang lahat ba na sa Espiritu Santo. . .” Hayan nga, nasa isang tanong na ang lahat, inilaan ko po ito rito para sa bilang apat na tanong. Pero akin—akin munang sasabihin ito, kita n’yo:

Ang lahat ba ng mga taong puspos ng Espiritu Santo ay magsasalita ng mga wika sa malao’t madali? Nakita ko kung saan sinabi ni Pablo na siya ay “mas maraming beses

siyang nagsasalita ng iba't ibang wika kaysa sa kanilang lahat."

Sige, tanong bilang apat: **Ang lahat ba ay nagsasalita ng mga wika kapag tumatanggap ng . . . O, hindi po pala, sabi nito: Ang lahat ba ay nagsasalita ng mga wika . . . Hindi: Ang lahat ba ng mga taong puspos ng Espiritu Santo ay magsasalita ng mga wika sa malao't madali?**

⁶¹ Ngayon, kapatid, ako . . . Malalim na tanong ito. Ngayon, doon, kayo marahil . . . Marahil may ilang mga sagot ako tungkol dito.

⁶² Ang Espiritu Santo, bahagi ng Espiritu Santo ang pag-aaring ganap. Doon n'yo unang . . . kailangang tawagin kayo ng Diyos o hindi kayo kailanman tatawagin. Kita n'yo, wala kayong magagawa sa inyong ganang sarili. "Walang makalalapit sa Akin maliban na ilapit muna siya ng Aking Ama." Tama ba? Kaya bahagi ng pag-aaring ganap ang Espiritu Santo.

⁶³ Narinig n'yo bang ipinaliwanag ko sa dekanong Lutheran noong panahon na 'yun ang tungkol sa pataniman ng mais? Kita n'yo, "Yaong mais, nagpunta ang isang lalaki at nagtanim ng dalawa . . . tinaniman niya ang kanyang pataniman ng mais. Kinabukasan nagpunta siya at 'wala pang kahit ano.' Pagkaraan ng ilang panahon nakakita siya ng dalawang dahon na umuusli, sabi niya, 'Purihin ang Diyos para sa sambukid ko ng mais!'" At sabi ko, "Mayroon na ba siyang sambukid ng mais?"

At ang sabi ng dekanong Lutheran, "Hindi pa lang ganap."

⁶⁴ Sabi ko, "Tama 'yan, hindi pa lang ganap 'yung mayroon siya." Pero sabi ko, "Pagkaraan . . ." sabi ko, "Kayo 'yun na mga Lutheran."

⁶⁵ "Pagkaraan ng ilang panahon ay tumubo ang mga usbong at dumating na sa uhay. Iyon ang Methodist. Ang ikalawang yugto ng mais, ito'y uhay." (Sa tingin ko'y tama po, kayong mga kapatid na taga-bukid.) "At pagkatapos tumingin ang uhay sa dahon at nagsabi, 'Huh! Isa akong uhay, dahon ka lang! Kita mo, hindi na kita kailangan.' At pagkatapos 'yung uhay . . . nahulog ang polen mula sa tungkos, pabalik muli sa dahon; kailangan mayroong dahon."

⁶⁶ "At pagkatapos mula roon ay lumalabas ang puso ng mais. Iyon ang Pentecostes, ang pagpapanumbalik ng mga kaloob na parang bumalik sa una, pabalik sa orihinal. Tapos paglabas nung puso ng mais, sabi, 'Hindi kita kailangan, uhay. O hindi rin kita kailangan, dahon.'"

⁶⁷ Pero, kung isasaalang-alang ng lahat, ang siya ring buhay na nasa—nasa dahon ng mais ang gumawa nung uhay. At kung ano ang nasa dahon at ng uhay noon ang siyang gumawa ng butil. Kaya ano ang Espiritu Santong pagsasalita ng mga wika? Ito'y isang mas mataas na antas ng pag-aaring ganap. Kita n'yo?

Ano ba ang iglesyang Pentecostal? Ang mas mataas na antas ng Lutheran. Kita n'yo?

⁶⁸ Pero ngayon kapag dumating na ang mas mataas na antas, ang tanong naman ay ganito, “Kung ganoon mananatili na lang ba ako?” Hindi! Hindi, gumulang mismo ang mais. Kita n'yo? Nagsisimula kayo sa butil. Nagsisimula sa—sa Salita, ang butil, magbunga Ito ng pag-aaring ganap. At mananatili kayo sa pag-aaring ganap hanggang sa magbunga Ito ng pagpapaging banal. Mananatili sa pagpapaging banal hanggang sa matanggap mo ang Espiritu Santo.

⁶⁹ Ngayon kapag tinaggap n'yo ang Espiritu Santo, ano ang gagawin Nito? Ano ang... May tanong pa rin kayo, hindi ba? Sige:

111. Ano ang “pagsasalita ng mga wika”?

⁷⁰ Ang pagsasalita ng mga wika ay walang iba kundi isang bautismo ng Espiritu Santo na umaring-ganap sa'yo at nagpabanal sa'yo. Ito'y punong-puno! Ngayon, gusto kong... gusto ko ang tanong na ito. Alam ng Diyos na hindi ko alam kung ano ang itatanong nung tao, sasagutin... o itatanong ito.

⁷¹ Ngayon, masyadong...kung magiging maalinsangan po rito, buksan n'yo ang pintuang 'yan kung antukin kayo o kung anuman. Gusto kong makuha n'yo itong maigi at nang maigting. Dahil haya't—haya't medyo maalinsangan nang kaunti, baka antukin kayo.

⁷² Ngayon pansinin n'yo, pansinin n'yo ito: pag-aaring ganap, pagpapaging banal, ang bautismo ng Espiritu Santo.

⁷³ Ngayon tingnan n'yo rito, heto ito. Hayaan n'yong ilarawan ko ito. Ngayon, narito ako sa ibaba, isa akong makasalanan, naglalakad ako papunta *rito*. Isang beses, bigla na lang, may Isang kumausap sa akin. At walang makapagpapaliko sa akin maliban sa Diyos. Tama ba? Ibinaling ako sa gawing *ito*. Ngayon, noong ibinaling ako, 'yun ang pag-aaring ganap sa akin. Tama ba? Ngayon, itong larawan ay 'yung layunin ko ng pagpunta, kita n'yo, ang larawan ni Cristo.

⁷⁴ Ngayon gusto ko sa isang lugar kung saan magiging magaan ang pakiramdam ko sa paligid Niya. Kita n'yo, inaring-ganap ako. Ngayon dumating ako sa yugtong ito *rito* kung saan maaari akong makipag-usap sa Kanya, dahil... nahihiya pa rin ako sa sarili ko. Naninigarilyo pa rin ako, nagsisinungaling pa rin ako, gumagawa ng maliliit na patagong mga bagay na hindi ko dapat gawin, at sa tuwina ang aking mga *paakyat* at *pababa*, *paakyat* at *pababa*, pero gusto kong linisin Niya ako sa lahat ng mga bagay na 'yun para talagang makalapit ako sa Kanya at makausap ko Siya. Kita n'yo? Sige, heto na ito, ito'y pagpapa... yugto ng pagpapaging banal. Ngayon, anong ginawa nito? Itinuwid ako. Kita n'yo?

⁷⁵ Ngayon papunta na ako sa Espiritu Santo. Kita n'yo? At pagsapit ko *rito* nasa Espiritu Santo na ako sa pamamagitan ng isang bautismo. Tama ba? Anong ginagawa ng Espiritu Santo? Nagbibigay Ito sa akin ng kapangyarihan. Kapangyarihan para maging isang mangangaral, kapangyarihan para maging isang mang-aawit, kapangyarihan na magsalita ng mga wika, kapangyarihan na magpaliwanag ng mga wika. Ito'y puno ng kapangyarihan, dahil ang Espiritu Santo ang kapangyarihan ng Diyos. At ang kapangyarihan ng Diyos ang nagpabaling sa akin. Ang kapangyarihan ng Diyos ang nagpabanal sa akin. Ngayon ang kapangyarihan ng Diyos ang pumuno sa akin.

⁷⁶ Ngayon, may pagkakataon, na nakatayo ako rito at may sinusubukan akong sabihin tapos bumaba sa akin ang Kapangyarihan ng Diyos sa isang napakadakilang paraan hanggang sa hindi na ako makapagsalita pa. Kita n'yo? Nagsimula akong mautal. Parang sasabihin ko sana, "Mga kapatid," parang tumayo nang paganito.

⁷⁷ Heto po, ilalarawan ko ito nang ganito. Ipapangusap ko ito sa inyo mga kapatid nang sa gayon matiyak n'yong makukuha n'yo ito. "Kumusta—kumusta—kumusta ka, kapatid?" Kita mo, may sala pa rin ako. "Uh, ako'y—ako'y tunay na nagagalak na ako'y—ako'y isa pa rin sa inyo. Labis akong—akong—akong nagagalak, kita mo." Buweno. Ngayon, pagkaraan ng ilang panahon, ano na? Alam kong nakatingin mismo kayo sa akin at alam kong gumagawa pa rin ako ng mga bagay-bagay, ginagawa pa rin ang mga bagay na may karumihan ng mundo.

⁷⁸ Pagkaraan ng ilang panahon ako'y nilinis na. Ngayon may bagay na nangyari, ako'y pinaging banal. Kaya ko na kayong tingnan nang mukhaan, talagang isa na ako sa inyo. Kita n'yo? "Sige, kapatid. Purihin ang Diyos! Nagagalak akong mapabilang sa Espiritu Santong grupo na ito. Nagagalak akong mapabilang sa gitna n'yo na mga kapatid na banal." Bakit? Hindi n'yo na maituturo ang daliri n'yo sa akin, nilinis na ako. Pero ngayon ay ilalagay na ako ng Diyos sa paglilingkod. Ngayon, siyanga, po!

⁷⁹ "Kapatid na Branham, inaring-ganap ka na ba?"

⁸⁰ "Oo! Naaalala ko pa noong sadyang halos hindi kita matingnan. Kapatid, natitingnan na kita sa mukha ngayon."

⁸¹ Kita n'yo, narito na tayo. Ngayon, ano itong isa pa? Ngayon aking. . . *Ito* ay nilinis na't inilaan na *para sa* paglilingkod, at *ito* naman ay *papasok* na sa paglilingkod. Ngayon ay alam nating lahat na ang salitang *pagpapaging banal* ay isang salitang Griyego, isang tambalang-salitang Griyego na ang ibig sabihin ay "nilinis, at inilaan para sa paglilingkod." Nilinis na ang mga sisidlan at nasa tabi ng altar, at pinaging banal sa tabi ng altar at inilaan na *para sa* paglilingkod. Ngunit ang *mapasa* paglilingkod ay ang mapuspos at mailagay sa paglilingkod.

⁸² Ngayon, pupunta ako rito at ngayon tutungo na ako *papasok sa paglilingkod*. Ngayon, ang Diyos ang nagpabaling sa akin, na sinasabi, “Pakinggan mo Ako. Pakinggan mo Ako! Pakinggan mo Ako!” At sabi Niya . . .

⁸³ Nakukuha n’yo ba ang ibig kong sabihin? Kita n’yo? At dito, [Inilawaran ni Kapatid na Branham ang isang tao na nagsasalita ng mga wika—Pat.] . . . ? . . . Tingnan n’yo, rito, sadyang punong-puno talaga kayo na anupa’t inyong . . . Ganoon nga. Hayan nga, ’yan ay pagsasalita ng mga wika.

⁸⁴ At pinaniniwalaan ko ito ngayon: hindi ako naniniwalang ang pagsasalita ng mga wika ay anumang katibayan ng Espiritu Santo. Hindi po! Dahil nakakita na ako ng mga mangkukulam, mga salamangkero, mga humahawak ng mga ahas, mga diyablo, lahat na ng iba na nagsasalita ng mga wika, at hindi ito isang tiyak na gawa ukol sa Diyos (kapag nakakapagsalita ka ng mga wika) na nasa iyo na ang Espiritu Santo. Pero, tandaan n’yo, nagsasalita nga ang Espiritu Santo ng mga wika’t may kakayahan ang diyablo na gayahin ito.

⁸⁵ Ang—ang katibayan na nasa iyo ang Espiritu Santo ay ang buhay na ipinamumuhay mo, kita n’yo, “Makikilala n’yo sila sa kanilang mga bunga.” At ang bunga ng Espiritu ay hindi (wala pong matatagpuan saanman sa Kasulatan) pagsasalita ng mga wika. Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, pananampalataya, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis. Kita n’yo, ngayon, ’yun ang bunga. Iyon ang makikita mo sa puno para masabi mo kung anong klase ng puno ito. Kita n’yo?

⁸⁶ Iyon ang hinahanap ng mga tao sa inyo na mga mangangaral, at sa inyo na mga diyakono, at sa inyo na mga katiwala, at sa inyo na mga ebanghelista. Maaari kayong magsalita ng mga wika dito sa kalyeng ito nang buong araw, pero di nila kayo kailanman paniniwalaan. Pero ipamuhay n’yo ang sinasabi n’yo, magpakita kayo ng katamisan, at wala sa inyo ang lahat ng mga ugat ng kapaitan, kung ganoon mapagtatanto ng tao na mayroon ngang kakaibang bagay.

⁸⁷ “Pagsasalita ng mga wika.” Ngayon, naniniwala po ako rito, na kung minsan, ang isang taong puspos ng Espiritu na nagpapatirapa sa ilalim ng altar ng Diyos ay magsasalita ng mga wika. Pero nakakita na ako ng maraming nagsasalita ng mga wika na walang nalalaman na kahit na ano tungkol sa Diyos. Kita n’yo? Wala silang anumang alam tungkol sa Kanya, at nagsasalita pa rin sila ng mga wika. Ang alinman sa mga kaloob na ’yun ay maaaring magaya. Kita n’yo?

⁸⁸ Pero ang bunga ng Espiritu ay nagpapatunay kung anong Espiritu ang nasa loob, ipinapatotoo n’yo ang Buhay ni Jesus Cristo. Dahil kung mayroong dagta ng punong melokoton sa puno ng mansanas, mamumunga ito ng melokoton nang sintiyak

na mayroong mundo. Siyanga. Kita n'yo, dahil ito 'yung buhay na nasa loob nito.

⁸⁹ Ngayon, ganoon din 'yun dito. Pero ngayon, para maiparating ko ito sa inyong lahat, para malaman nating lahat ang iisang bagay. Naniniwala akong ang isang taong puspos ng Espiritu na . . . Ngayon lumapit siya kay Cristo sa pamamagitan ng isang bautismo, at sadyang . . . hindi ito . . . Ang pagsasalita ng mga wika ay hindi patunay ng isang bautismo. Kita n'yo?

⁹⁰ Ang isang bautismo, maaari kang mabautismuhan sa kapangyarihan ng diyablo, at makakapagsalita ng mga wika sa pamamagitan ng bautismo ng mapanlinlang na espiritu ng diyablo. Ilang beses na natin itong nakita na ginawa? Ilang beses ko na itong nakitang ginawa?

⁹¹ Alam ko pa nga na umiinom sila ng dugo mula sa bungo ng tao at nagsasalita ng mga wika.

⁹² Nakita ko 'yung mga mananayaw-ng-ahas sa disyerto kapag inililingkis nila itong malaking ahas sa kanila at nagsasalita mismo. Lumalabas 'yung salamangkero nang paganoon, at magsasalita sila ng mga wika at ipinapaliwanag ito.

⁹³ Nakapunta na ako sa mga kampo nila ng mga mangkukulam at ilalapag nila ang isang lapis nang paganoon, at inilalapag ang isang aklat nang paganito, at 'yung lapis ay magpapataas-baba sa tsimineya, at tumutugtog 'yung, "*Shave and a haircut, two bits,*" at magsusulat sa isang di-kilalang wika, at ipinaliwanag 'yun ng salamangkero at sasabihin nang eksakto ang nangyari. Alam ko—alam ko 'yun mismo. Kita n'yo? Kaya ako . . . Kita n'yo, hindi n'yo maaaring . . .

⁹⁴ Sabi ni Pablo, "Kung saan may mga wika, ay titigil. Kung saan may mga propesiya, ito'y mabibigo. Kung saan ang lahat ng mga kaloob na ito, di na magtatagal ang mga ito'y magwawakas." (Dadako tayo dun sa mismong tanong mayamaya.) "Subalit kapag ang sakdal ay dumating, ang bahagi lamang ay magwawakas." Kita n'yo? Kaya asam natin 'yung bagay na sakdal, mga kapatid. Kita n'yo? Napakarami na nating nakita na peke at maling interpretasyon ang ibinibigay rito.

⁹⁵ At huwag n'yong kailanman haharapin ang isang tao at— at maniniwala kayong nasa kanila ang Espiritu Santo dahil sa pagsasalita nila ng mga wika. Kita n'yo? Kundi paniwalaan n'yong nasa kanila ang Espiritu Santo dahil sa mga bunga na ibinubunga nila, sapagkat sinabi ni Jesus, "Makikilala ninyo sila sa kanilang mga bunga." Kita n'yo? Ganoon nga, "Sa kanilang bunga."

⁹⁶ Ngayon, pero ngayon, hayaan n'yo akong lumayo na riyan ngayon, dahil ayaw kong siraan ang isang dakilang kaloob na ibinigay ng Diyos. Kita n'yo? Naniniwala akong ang isang lalaki o babaing puspos ng Espiritu, o isang bata, na namumuhay

sa ilalim ng altar ng Diyos, ay hindi mamumuhay roon nang matagal hanggang sa sila'y magsalita na ng mga wika. Kita n'yo? Naniniwala akong gagawin ito ng lalaki, o ng babae.

⁹⁷ Ngayon, maaari mong matanggap ang Espiritu Santo at marahil hindi ka nagsalita ng mga wika noong natanggap mo Ito. Kita n'yo? Pero kung patuloy kayong nahihimlay roon sa harap ng Diyos sa tuwina, na tumatama sa inyo ang sunod-sunod na bautismo, talagang may mangyayari. Kita n'yo? Mapupuno ka nang husto isang araw hanggang sa di ka na makapagsalita pa; kita n'yo, kayo'y—kayo'y—kayo'y susubok na magsalita ng isang bagay, tapos talagang di mo na ito kayang sabihin pa, at talagang hindi mo na ito masabi pa. At madalas kapag napagtatanto ng mga tao na 'yun ang Espiritu Santo magtutuluy-tuloy lang sila at bubuksan mismo ang kanilang puso at hahayaang magsalita ang Diyos sa kanila.

⁹⁸ Sabi ng Biblia, “Sa pamamagitan ng mga utal na labi at ng ibang wika ay magsasalita Ako sa bayang ito.” Isaias 28, kita n'yo, 28:18. Ngayon, “Sa pamamagitan ng mga utal na labi at ng ibang wika ay magsasalita Ako.”

⁹⁹ Ano ba ang “utal”? Isang tao na hindi makapagsalita nang malinaw, gumaganito, “Huh, uh, uh, huh, uh, huh, uh, huh.” Ikaw nga'y . . . nauutal ka, talagang gumaganoon-ganoon, “Huh, uh, huh.” Kita n'yo, sadyang puspos ng Espiritu! Sinusubukan niyang sabihin . . . Gaya ng sasabihin ko sana, “Kapatid na Ja-Jack- . . . Ja- . . . Kap'tid na Jack- . . . Kapatid na Ja-Ja-Jack-Jack-Jackson.” Kita n'yo, parang ganoon, may sinusubukan kang sabihin, hindi mo 'yun masabi. Kita n'yo, sadyang, labis na puspos ng Espiritu! Ito . . .

¹⁰⁰ Gusto kong tanungin kayo mga kapatid, naramdaman n'yo na ba na niyugyog kayo ng Espiritu Santo nang husto hanggang sa sadyang halos di na kayo makapagsalita ng anuman, mauupo na lang kayo kung minsan nang tahimik, mapapaupo na lang dun at iiyak? Nagawa n'yo na ba 'yun? Buweno, 'yun ang Espiritu Santo. Kung inyong . . . Ang dahilan kung bakit hindi nagsasalita ang mga tao ng mga wika madalas, ay hindi nila alam kung paano ipasakop ang sarili nila sa Espiritu at hinahanap nila ang isang bagay na nasa malayo gayong naroon na mismo Ito sa kanila. Kita n'yo? Yun ang dahilan kung bakit di nila . . .

¹⁰¹ At tapos ang ilang tao ay basta na lang nagpapatianod sa emosyon at nagsasalita ng ilang mga salita na wala namang kahulugan, at hindi pa rin natamo ang Espiritu Santo, at ipinipilit na sinasabi nilang natanggap daw nila dahil nakapagsasalita sila ng mga wika. “Makikilala ninyo sila sa kanilang bunga,” kita n'yo.

¹⁰² Ngayon, may tanong ba? [Sinasabi ni Kapatid na Junior Jackson, “Kapatid na Branham?”—Pat.] Sige, kapatid. [“Natutuwa akong naitanong ang tanong na 'yan, dahil di

maikakaila na baka napapaisip ang ilan kung ano marahil ang paniniwala ko at itinuro ko nang matagal na panahon. Pero pinaniniwalaan ko ito nang gaya ng pagkakaturong mo rito.”] Salamat, Kapatid na Jackson. [“Kahit na ilang beses man akong magsalita ng mga wika, o kahit ano, kung hindi naman nagpapatunay ang buhay ko sa kung ano ang sinasabi ng Biblia haya’t hindi ako hihigit kaysa sa isang malaswang aso na naglalakad sa kalye.”] Tama ’yan. [“At hindi ako kailanman nakapagsalita sa di-kilalang wika hanggang anim na buwan pagkatapos kong matanggap ang bautismo sa akin.”] Parang ganyan din, ako, Kapatid na Jackson.

¹⁰³ Natanggap ko ang bautismo ng Espiritu Santo doon sa kubo ko, kita mo. At pagkaraan ng mga isang taon, o parang ganoon, ako ay—ako ay . . . nagsalita ng mga wika.

¹⁰⁴ At mga isang taon o dalawa pagkatapos nun, nangangaral akong muli sa isang simbahan, at ako’y—ako’y nakatayo sa entablado na gaya nito, at ako . . . Noong bata-bata pa ako at hindi pa matigas ang galaw at matanda na katulad ko na ngayon, mas medyo nakakaikot-ikot pa ako at napaka madamdamin ko sa pangangaral. Nakatayo ako roon na nangangaral at basta na lang akong tumalon sa isang mesa. Sa isang simbhang Baptist ’yun noon, sa simbahan ng Milltown Baptist, at tumungo mismo sa pasilyo, nangangaral sa abot na kaya kong mangaral nang paganoon. At basta na lang akong huminto sa pangangaral, may isang Bagay na basta na lamang nagbunsod para mawala ako sa sarili at nagsabi ako ng ilang salita, apat o lima, o anim na salita, sa isang di-kilalang wika. At bago ko pa malaman ang ginagawa ko, narinig ko ang sarili ko na tumatawag “Ang Bato sa isang pagal na lupain, ang Kanlungan sa panahon ng bagyo.” Kita n’yo?

¹⁰⁵ At pagkatapos isang araw tinatalunton ko ang isang riles ng tren, naglalakad ako sa riles ng tren, sa bahaging ito ng Scottsburg, tinatalunton ko ang ang riles ng tren, nagpapatrolya. Umiihip nang malakas ang hangin, oh, grabe, at nagyeyelo sa buong riles, at tumawid ako para inspeksyunin ’yung tatlumpu’t tatlong libong boltaheng linya ko roon; ’yung animnapu’t anim ay naroon sa kabilang daan, medyo kahilera nung riles. At naglalakad ako sa riles, at bigla na lang . . . naglalakad ako sa tabi nun, umaawit ako. Palagi po akong umaawit. Mayroon akong iba’t ibang dako kung saan ako pumupunta para manalangin. At naglalakad ako roon, na umaawit, at bigla-biglang namalayan ko na lang na nagsasalita na ako ng mga wika, kita n’yo, hindi ko namalayan ang ginagawa ko.

¹⁰⁶ Ang pagsasalita ng mga wika ay dumarating lang nang bigla-bigla na hindi na halos alam nung tao ang ginagawa nila, o hindi nila alam ang sinasabi nila. Ganoon din ang pagpapaliwanag. Hindi nila alam kung anong sasabihin nila.

Wala silang ideya na sasabihin nila ito, dahil sobrenatural ito. Kita n'yo, hangga't pinapapasok mo ang natural dito haya't hindi mo. . . 'yung inyong—iyong—inyong kamit ay sa natural lang, kita n'yo. Pero kung may bagay na sadyang humawak sa inyo at kumontrol sa inyo, at ginagawa n'yo ito. Kita n'yo?

¹⁰⁷ [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Kapatid na Branham, maaari ba akong magsabi ng isang bagay rito mismo?”—Pat.] Oo naman, maaari, Kapatid na Neville. [“Ngayon, sinasabi mo ito sa ganyang paraan, na di mo intensyon na sabihin, siyanga, na—na kinakailangan ba na ang mga wika'y nasa pagkakaayos sa loob ng gawain kung di ito makontrol nung tao? Dahil siya ay. . . Ang isang tao na may kaloob ay dapat may kontrol dito.”] Kaya niyang kontrolin ang sarili niya. Oo. Parang. . . [“Dapat na may sapat kang kamalayan para malaman mo na magsasalita na siya ng mga wika”] oo, tama 'yan [“o wala siya sa kaayusan sa una pa lang.”] Tama 'yun, nararamdaman niya 'yun. Kita n'yo? Ngayon, gaya mismo ng sinabi ng Biblia, “Kung—kung may isang nagsasalita ng mga wika at walang tagapagpaliwanag, kung ganoon ay tumahimik siya.” Ngayon, tunay nga.

¹⁰⁸ Sabihin natin, halimbawa, nakatayo ako rito, kahit sino, kapag akma na kayong sisigaw, ay ganoon din. Nadama n'yo na ba ang kapangyarihan ng Diyos na bumaba sa inyo kapag akma na kayong sumigaw? Ilan na ang nakaranas nun? Buweno, tayong lahat. Kita n'yo? Nakaupo ka lang diyan, at nadarama mong paparating na ito. Ngayon, may mga pagkakataon kung kailan maaari mong pigilan 'yun, kita n'yo. Maaari n'yo itong pigilan, kita n'yo, hindi kasi tama.

¹⁰⁹ Paano na lang halimbawa nakatayo kayo, kausap ang—ang Presidente ng Estados Unidos, o nakatayo ka rito na kausap ang alkalde ng lungsod, at nag-uusap kayo tungkol sa kung anong bagay, naroon siya sa lansangan dito, kausap ang isang grupo ng mga tao, at bigla na lang ang pakiramdam mo'y parang gusto mong magtatalon nang taas-baba, at sumigaw at humiyaw ng “Maluwalhati! Hallelujah!” at sikaran ang lahat ng bagay at tumakbo nang paroo't parito sa lansangan nang paganoon. Sasabihin nilang baliw ka. Kita n'yo? Sasabihin nila, “Baliw ang taong 'yan.” Kita n'yo?

¹¹⁰ Buweno, kita n'yo, alam mo mismo kung ano ang mas mabuting gawin sa pagkakataon na 'yan. Magpipigil ka, gayong talagang hinahalukay ka nito at talagang halos hindi mo na ito mapigilan. Sasabihin mo, “Opo, ginoo. Opo, ginoo. Uh-huh. Uh-huh. Siyanga. Opo, ginoo. Uh-huh.” Naku, talagang hinahalukay ka nito nang pira-piraso pero alam mong pigilan ang sarili mo roon. Kita n'yo?

¹¹¹ Gaya sa isang korte rito kamakailan lang, pinatawag nila ang ilang Pentecostal dahil—dahil doon sa may ginawa silang kung ano, haya't sumisigaw nang masyadong malakas o kung

ano, gayong sila'y—sila'y totoo naman, kita n'yo, totoo mismo. Pero sa tuwing sisimulan ng hukom na magsalita o magsabi ng isang bagay sa kanila, magsasalita sila ng mga wika. Kita n'yo? Sabi nung hukom, “Alisin n'yo silang mga baliw na tao mula rito.” Kita n'yo?

¹¹² Ngayon, kung mayroon sanang pagpapaliwanag sa mga wikang 'yun at sinabi sa hukom na “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” *ganito-ganoong* bagay na totoo sana, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Hukom, anong itinatayo mo rito na hinahatulan ako gayong kagabi ay kinasama mo ang isang babaing bayaran? Ang pangalan niya ay Sally Jones, nakatira siya sa 44 *Ganito-ganoon-ganyang* lugar, parang ganun. Bakit mo ako hinahatulan? Siyanga't GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Ngayon itanggi mo 'yun at ikaw ay babagsak na lang na patay na.” Ngayon, oh, kapatid! Talagang ibang bagay 'yun.

¹¹³ Pero kung tatayo ka lang at magsasalita, haya't ang sabi niya, “Isa kang barbaro sa kanila.” Nakita n'yo na? Ngayon, batid n'yo kung kailan kayo tatahimik at kung kailan n'yo di gagawin ito. Kita n'yo? Ngayon, 'yun ay. . . Kita n'yo. Ako'y. . . Unawain n'yo ako nang direkta ngayon, alam n'yo po ang ibig kong sabihin. Kita n'yo? Ganoon 'yun. Tunay. . .

¹¹⁴ Mayroon tayong ganyang tanong dito. Ang dahilan kung bakit paganito ang hawak ko rito, magkapareho lang kasi ito, “Dapat ba silang manahimik?” Nakita n'yo po? Yan ang dahilan kung bakit di ko na ito sinagot nang higit sa sinabi mo. Pero ito 'yung oras, na sasagutin na ito ngayon, kita n'yo, ngayon na. At madadaan din natin 'yan sa isa pang tanong dito, at tutukuyin ko na lang ito. Nauunawaan ba ng lahat nang maayos 'yung tanong?

[Nagtatanong si Kapatid na Fred, “**Kapatid na Branham?**”—Pat.] Sige, Kapatid na Fred. [**Ang—ang isang tao ba na nagsasalita sa—sa Espiritu, na magbibigay ng salitain (sabihin natin na isa siyang Ingles at kaya niyang magsalita ng Ingles) haya't magkakaloob ba ang Espiritu ng salitain?**”]

¹¹⁵ Walang alinlangan. Opo, ginoo. Kita n'yo, dahil nagsasalita ang Espiritu Santo sa bawat wika. Kita n'yo? Sa Araw ng Pentecostes nagsama-sama ang bawat wika sa ilalim ng Langit, kita n'yo. Ang pagsasalita sa Ingles. . . Ngayon, alam ko na noon pa man ito, si Kapatid na Freddie, ako mismo, na ako. . . kapag nangangaral ako ng isang sermon na may anumang pahid dito, ang Espiritu ang siyang nagbibigay ng salitain, kita n'yo. Siyanga't ang. . . Kita n'yo? Kaya 'yun ay magiging di-kilalang wika sa isang tao na di nakakaintindi ng Ingles. Pero mangyari pa. . .

116 At kung paanong ang di-kilalang wika ay hindi mismo isang “di-kilalang” wika, ito’y . . . may isang tao roon . . . Gaya noong Araw ng Pentecostes, ang sabi nila, lahat nung mga makasalanan na ’yun dun, ang sabi nila, “Papaanong naririnig natin ang bawat tao sa sarili nating wika? Papaanong *naririnig* natin ang mga taga-Galileang ito na nagsasalita sa sarili nating wika?” Wala man lang “di-kilala” ukol dun. Walang ganoong bagay na “di-kilala” na wika noong Pentecostes. Ngayon, kita n’yo, hindi ’yun batay sa Kasulatan. Kita n’yo? Walang di-kilala . . . hindi ’yun di-kilalang wika, isa ’yung lingguwahe mismo. “Papaanong naririnig natin ang bawat tao sa sarili nating lingguwahe na kinagisnan natin?” Talagang walang di-kilala ukol dun kung tutuusin. Kita n’yo? Yun . . . may tanong ba tungkol doon ngayon, sige’t ngayon bago mismo natin ito iwan? “Papaanong naririnig natin ang bawat tao sa sarili nating lingguwahe?” Kita n’yo?

117 [Sinasabi ng isang kapatid, “Diyang—diyang nga’y nagkakaroon ng maliit na pagkakamali dahil sa kahinaan ng tao, at mangyari mismo na ang mga tao ay—ay mabibigong tanggapin ang anuman, sasabihin lang, ‘hindi ko ’yan paniniwalaan, ’yun lang batay sa Mga Gawa 2:4.’”—Pat.] Buweno, kung pinagbabatayan talaga nila ’yung sa Mga Gawa 2:4 tunay na hindi sila magsasalita sa isang di-kilalang wika. [“Hindi, kundi sa isang lingguwahe.”] Uh-huh. Kinakailangan nilang magsalita sa—sa lingguwahe na narinig ka ng mga tao, kita n’yo, dahil “narinig ng bawat tao sa sarili niyang wika.”

118 Ngayon, kung tinanggap ko ang Espiritu Santo ngayon din, batay sa . . . sasabihin ko . . . Naniniwala akong may isang kapatid dito na inaasam ang Espiritu Santo, si—si—si Kapatid na Wood. Tama ba, Kapatid na Wood? Hindi ko ibig na tawagin ang pangalan mo, pero ang lahat . . . magkakapatid lamang tayo rito at gusto lang nating sabihin ito. At inaasam niya ang bautismo ng Espiritu Santo. Ngayon, kung natanggap ni Kapatid na Banks ang Espiritu Santo riyang, sa tamang paraan, kapag natanggap niya Ito batay sa Biblia, tatayo siya riyang, sasabihin ito, sasalitaan niya ito sa Ingles, at sasabihin, “Si Jesus Cristo na Anak ng Diyos ay nagbangon,” sasabihin niya ito nang may nag-aalab na pagpropesiyang na ganito ang sinasabi. “Alam kong Siya nga, dahil kapapasok lang Niya sa puso ko. Siya ang Anak ng Diyos! Nawala na ang aking mga kasalanan, may bagay na nangyari sa akin.” Kita n’yo? Hayan nga. Yun ay pagsasalita sa . . .

“Papaanong naririnig natin ang bawat tao sa sarili nating wika?”

119 Halimbawa, ano kaya kung tayong mga taga-Indiana ay nagsasalita ng ibang wika kaysa sa mga taga-Kentucky, at isang taga-Kentucky si Kapatid na Banks? At nagsasalita sila ng ibang

wika noon, at heto't alam nating di siya nakakapagsalita ng wika ng Indiana. At pagkatapos tatayo siya riyang na nagsasalita sa—sa wikang Indiana, at batid natin na di naman niya alam ito. Kita n'yo? At naririnig natin siya sa wika ng Indiana, na sa isip niya'y nagsasalita pa rin siya sa wika ng Kentucky. Haya't sadyang nagpapatotoo mismo, "Purihin ang Diyos! Nagbangon si Jesus mula sa mga patay. Hallelujah!" pero naririnig natin siya sa wika ng Indiana.

¹²⁰ Ganoon 'yun noong Araw ng Pentecostes. Kita n'yo? "Papaanong naririnig natin ang bawat tao," kita n'yo, "narito, hindi ba't ang lahat ng mga ito na nagsasalita ay mga taga-Galilea," kita n'yo, mga taga-Kentucky? "At papaanong tayong mga taga-Indiana, Ohio, at Illinois, at Maine, at Massachusetts, at mga taga-California, ay naririnig siya sa wikang kinagisnan natin?" Nakuha n'yo ang ideya? Kita n'yo, ito'y kási. Kita n'yo, ito'y kási na nagbunsod sa kanila na makarinig, kási ito sa kanila.

¹²¹ Kita n'yo, ang mensahe. . . kung tungkol saan ito, ito'y isang patotoo ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Kita n'yo, ganoon nga. Ngayon, kung hindi isinasabuhay ng Diyos ang Buhay na 'yun sa inyo, kahit gaano n'yo pang ipatotoo Ito, hindi pa rin n'yo Ito natanggap. Kita n'yo? Siyanga. Gaano mang kagaling n'yo. . .

¹²² May iba pa bang tanong ngayon? [Sinababi ni Kapatid na Roy Roberson, "Buweno, Kapatid na Branham, sa tingin ko'y nakita na nating nangyari 'yun sa pila para sa pananalangin, 'yung babaing Espanyol."—Pat.] Oo. Tama, Kapatid na Roy. Dun 'yun sa—sa mismong pupuntahan ko ngayon, sa Beaumont—Beaumont. Sa Beaumont nga ba 'yun? Siyanga, po.

¹²³ Noong panahong 'yun, itinigil na ang pila para sa pananalangin. May isang munting babaing Espanyol na umakyat sa entablado. Buweno, kung tutuusin, sa palagay ko nawawalan na ako ng malay noon, hindi ba? Ilalabas na sana ako ni Howard, at—at itong. . . Ako'y—ako'y—ako'y may narinig na umiiyak, 'yun ay isang munting babaing Espanyol doon, oh, mga labinlima, labing-anim na taong gulang, tama. . . bata pa lang. At—at tumingin ako, at siya na sana ang kasunod na prayer card kung nagtuloy lang ako. May ilan pa ako roon, siya na 'yung kasunod na prayer card. Sabi ko, "Dalhin n'yo siya." Kaya dinala nila siya sa itaas. Papunta na sana ako noon sa isa pang pagtitipon, at sabi ko, "Sige dalhin n'yo siya rito."

¹²⁴ Tapos, nalaman ko, parang ganito ang sinabi ko sa kanya, "Ngayon, sasampalataya ka ba? Kung tutulungan ako ni Jesus na sabihin sa iyo kung anong suliranin sa iyo, sasampalataya ka ba na—na pagagalangin ka Niya?" At nanatili lang siya sa pagkakayuko. Inakala kong baka bingi siya o pipi. Kita n'yo?

125 Kaya nung pagtingin ko uli, sabi ko, “Hindi, hindi lang siya nakakapagsalita ng Ingles.” Kaya pinapunta nila roon ang isang interpreter, at sabi ko, “Sasampalataya ka ba?” At sumenyas siya sa . . . Pagkatapos nauunawaan na niya sa pamamagitan nung interpreter, hayan nga. Kita n’yo?

126 Buweno, tapos sabi ko . . . At tumingin ako at nakita ko ang isang pangitain. Sabi ko, “Nakikita kitang nakaupo sa tabi ng isang makalumang tsimineya at umuugoy ang isang malaking kaldero, na puno ng dilaw na mais. Iyong na- . . .” Naaalala mo ba ’yun, Kapatid na Roy? Sabi ko, “Nasobrahan mo ang pagkain ng mais na ’yun. At sa pagkain mo nun, nagkasakit ka nang malubha at inilagay ka ng iyong nanay sa higaan at nagsimula kang sumpungin ng epilepsy.” At sabi ko, “Nagkaroon ka ng ganoon mula noon.”

127 At pagkatapos lumingon siya sa interpreter at sinabi sa kanya sa pamamagitan ng sarili niyang wika, “Akala ko’y hindi siya nakakapagsalita ng Ingles . . . o nakakapagsalita ng Espanyol!”

128 At bumaling ’yung interpreter sa akin at sabi, “Hindi ka naman nagsasalita ng Espanyol, di ba?”

129 Sabi ko, “Hindi.” Kaya tiningnan namin ’yung rekorder, inihinto ’yung mga rekorder, siyanga’t ganap naman na Ingles.

130 Pero pagkatapos sabi nung interpreter, “Sabihin mo sa akin kung anong sinabi niya kung ganoon.” Kita n’yo, kailangan niyang makuha ang interpretasyon. Sabi, “Sabihin mo sa akin ang sinabi niya.” At sinabi nung babae ang mismong parehong mga salita sa interpreter, at isinaysay niya itong muli.

131 Ngayon, narinig niya ako sa sarili niyang wikang kinagisanan, at samantalang nagsasalita ako sa Ingles. Narinig niya ito sa Espanyol. “Papaanong naririnig natin ang bawat tao sa sarili nating wika na ating kinagisanan?” At gumaling ’yung bata. Kita n’yo, ganoon mismo, ito’y mga kamangha-manghang gawa ng Diyos.

[Nagtatanong ang isang kapatid, “**Kung ganoon ang sisidlan na naglalaman ng Espiritu Santo ay hindi . . . ay magiging isang sisidlan lang, at Yaong pumupuno rito ay maaari itong punuin ng kung ano ang Kanyang . . . ?**”—Pat.]

132 Anumang ibigin Niya, siyanga. Tama po mismo. At pagkatapos ay masdan n’yo kung anong ipinuno rito, saka mo malalaman kung tinanggap mo ang Espiritu Santo o hindi, pagkatapos. Kita n’yo? Masdan mo lang kung anong ipinuno rito. Kung ang—kung ang sisidlan ba ay pinuno ng mga dumi, kung ganoon ay hindi ito sisidlan ng Diyos. Pero kung puno ito ng kadalisan, kung ganoon ito’y sisidlan ng Diyos. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? [Sinabing kapatid, “At ang sisidlan, may mga pagkakataon na gagamitin ang sisidlan at hindi ito

malalaman, hindi malalaman sa oras, na ginamit ito?”—Pat.] Oh, siyanga. [Nagpapatotoo ang kapatid.] Uh-huh. Uh-huh. Ganoon nga 'yun mismo, tama. Oh, ating lahat, na nakikita natin 'yan. Nakita ko na 'yun nang maraming beses. Siyanga, po. Siyanga, po. Tayong lahat. . . Alam nating pamilyar na tayo sa mga ganoong bagay.

Sa palagay ko bilang apat na 'yun: **Ang lahat ba—ang lahat ba ng mga taong puspos ng Espiritu Santo ay nagsasalita ng mga wika sa malao't madali? Nakita ko kung saan sinabi ni Pablo, “Nagsasalita ako ng mga maraming wika kaysa—kaysa sa kanilang lahat.”**

Ngayon, sa palagay ko ngayon, para tapusin ang tanong ng kapatid:

Si Pablo, ay nagsasalita ng mas maraming wika kaysa sa lahat.

¹³³ Si Pablo ay matalinong tao, alam niya ang maraming wika, mismo. Kita n'yo, kaya niyang magsalita ng. . . siya. . . Naaalala n'yo kapag nililitis siya, kaya niyang magsalita sa ganitong klase ng wika o ganoong klase ng wika, o kung ano man ito. At 'yun ay mga di-kilalang wika sa mga tao, pero hindi 'yun bunsod ng kasi. Pangungusap 'yun na mga wika, kita n'yo. Pero. . . at. . .

¹³⁴ Pero naniniwala nga ako na ang isang taong puspos ng Espiritu na namumuhay sa ilalim ng altar ng Diyos, walang alinlangan, sa malao't madali, ay magkakaroon ng karanasan ng pagsasalita ng mga wika, dahil 'yun ay isa sa mga pinakamababa't pinakamaliit na bagay na mayroon ayon sa paglalarawan ni Pablo. Kung ilalagay mo ang mga 'yun sa pagkakasunod-sunod, ito ang huling bagay sa hanay ng mga kaloob, kita n'yo, ang pagsasalita ng mga wika.

¹³⁵ Pero ngayon, una, nabautismuhan kayo. . . Dito, ang bawat isa sa inyong lahat ay mga kaloob. Nasa labas ako. Ngayon, “Sa pamamagitan ng isang Pintuan, isang Espiritu,” isang pintuan ay papasok sa silid na *ito*. Tama ba? Ngayon, hindi ako makapasok sa daang *'yun*, hindi makapasok sa daan na *ito* at doon sa daang *'yun*. Kita n'yo? Paano ako makakapasok *dito*? Sa pamamagitan ba ni Kapatid na Roberson? Hindi, po. Sa pamamagitan, buweno, sabihin natin, ni Kapatid na Leo? Na magiging kaloob siya ng pagsasalita ng mga wika, kita n'yo, makakapasok ba ako sa pamamagitan ni Leo? Hindi, po. Huh-uh. Buweno, paano ako makakapasok? “Sa pamamagitan ng isang Pintuan, sa pamamagitan ng isang Espiritu.” Ang Espiritu ay hindi lang puro wika. Hindi. Kita n'yo? Kita n'yo, “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ako ay binautismuhan tungo sa Katawan na ito.”

¹³⁶ Ngayon, ang Espiritung *ito*, *kayong* lahat ay mga kaloob. Sinasabi n'yo, “Buweno, purihin ang Diyos!” Pupunta ako at, sabihin natin, hayun—hayun si Kapatid na Wood, siya'y mga

himala. Kita n'yo? “Oh, nagpamalas ako ng himala. Alam kong nasa akin ang Espiritu Santo dahil nagpamalas ako ng isang himala.” Hindi sa pamamagitan ng isang “himala” tayo ay binautismuhan tungo sa Katawan.

¹³⁷ Pupunta kay Kapatid na Junie pagkatapos, siya’y kaalaman, “Buweno, buweno, mayroon akong kaalaman sa Biblia! Naku, sinasabi ko sa iyo, alam kong nasa akin ang Espiritu Santo dahil doon.” Hindi, hindi pa rin ’yun ang daan para makapasok.

¹³⁸ Buweno. Hindi sa pamamagitan ni Kapatid na Leo, hindi sa pamamagitan ni Kapatid na Wood, hindi—hindi sa pamamagitan ni Kapatid na Junie. Kita n'yo? Hindi. Kundi sa pamamagitan ng isang ano? [Sinababi ng kongregasyon, “Espiritu!”—Pat.] Buweno. Binautismuhan na ako papasok sa Katawang ito, ngayon ay nasa loob na ako, ngayon saan ba ako gagamitin ng Ama? Kita n'yo? Mangyaring si Leo ang nakaupo malapit sa pinto; walang alinlangang ito ang isa sa mga unang bagay na mangyayari. Pero maaaring hindi. Maaaring mas sagana ako sa Espiritu, hanggang sa magagawa kong makapunta nang diretso dito kay Kapatid na Wood, lalampasan ang iba pa nito. Hindi n'yo maaaring sabihin sa akin ngayon na wala sa akin ang Espiritu Santo, dahil nasa loob na ako ng Katawang ito sa pamamagitan ng bautismo. Pero hindi ako kailanman dinala rito ng Diyos para sabihin, “Buweno, purihin ang Diyos, sa palagay ko’y mauupo na ako ngayon, magpapahapay, pupunta naman ako sa Langit.” Huh! Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

¹³⁹ Pero maaari akong bumalik mula rito, dire-diretso papunta roon. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Maaari akong pumunta mula sa isang pinakadulo patungo sa kabila, o maaari akong pumunta sa gitna, o kahit saan. Pero may mangyayari, tiyak na may magaganap. At ano ito? Sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu ay ipinapakita sa akin na ako’y nasa loob na ng Katawan, “Sa pamamagitan ng isang Espiritu.” Naunawaan mo na ba, kapatid, dito? Sige! Natumbok ba? Buweno.

112. Sa anong pagkakaayos ba gagamitin ang mga wika at mga propesiya habang may gawain (Hindi ito dapat gamitin sa anumang paraan habang kasalukuyang dinadaos ang gawain! Kita n'yo?) **upang lumuwalhati sa Diyos** (Hindi sa anumang paraan!), **at patibayin ang iglesya? Alam kong sinasabi ng mga tao na ang espiritu ng propeta—alam kong ang—alam kong—alam kong ang . . .** (p- . . . sa palagay ko . . . Hindi, ipagpaumanhin n'yo po, ang nakasulat pala’y “ang Biblia,” B-i-b-l-i-a. Ang una kong basa ay p-i-p-l-i-a, o parang ganoon. Hindi.) **ang—ang sinasabi ng Biblia, “Ang espiritu ng mga propeta ay sumasailalim sa propeta.”** (Mismo.)

140 Ang espirituwal na pagsasalita ng mga wika at pagpropesiya ay para patibayin ang iglesya, pero may sarili itong gawain. Kita n'yo? Hindi ito dapat mang-abala habang ang propeta ng iglesya ay . . . kasalukuyan ang pagtitipon. Kita n'yo? Hindi ito kailanman dapat mang-abala ng pagtitipon.

141 Ngayon, kita n'yo, “ang mga espiritu ng mga propeta.” Tayo'y—tayo'y may isa pang tanong ngayon, isantabi muna natin 'yun nang ilang sandali. Kita n'yo, ang tunay na tamang paraan sa mga ito . . . paganahin ang mga kaloob na ito . . . Ito'y sumasagot sa maraming mga kaloob, nakita n'yo. Kapag nakadako na tayo sa mga 'yan sasabihin natin na nasagot na natin 'yun dito sa unang ito, sa taong ito rito sa isang ito. Kita n'yo? Yan po'y bilang lima:

Dapat bang gamitin ang mga wika at mga propesiya habang kasalukuyan ang mga gawain upang luwalhatiin ang Diyos?

142 Kita n'yo, ngayon, ang ministro . . . kung may pahid ng Diyos 'yung ministro, at nakalagay na sa kaayusan ang iglesya, ngayon, ang tamang paraan . . . Marami sa inyo ang nakakaalam kung paano ko—paano ko ipinangusap ang tungkol sa “paglalagay nito sa kaayusan.” Ang mga kaloob na ito ay dapat . . . Ngayon, ganito ang gagawin natin sa tabernakulo, loobin ng Panginoon. Ngayon, nagmamasid ako, may nakikita akong bagay, habang iniwan si Kapatid na Neville at ang iba pang mga kapatid dito na nasa kaayusan. Ngayon kayo'y . . . At kung saan marami sa mga kapatid na kalalakihan na ito'y mga bata pa.

143 Ngayon, ako'y—ako'y matandang beterano na sa—sa inyong lahat sa Daan na ito. Ako'y tatlumpu't isang taon na Rito. Mga tatlumpung taon na ang nakalipas noong inilagak ko ang batong 'yun doon. Kinailangan kong harapin ang lahat ng bagay na kailangang harapin, at mas mabuting alam mo ang sinasabi mo, rin, kapag dumating ka rito. Hindi lang dapat na alam mo, haya't siguraduhin mong naroon ang Diyos para tumaguyod dito kapag iyong—kapag nakaharap mo ito.

144 Ngayon, ang pinakamatagumpay na paraan ng—ng pagsasagawa nito ngayon, haya't maaari kayong magkaroon ng espesyal na pagtitipon. Naniniwala akong ganoon ang ginawa nila sa Unang Mga Taga-Corinto 14 roon, “May ipinahayag sa isang nakaupo sa tabi, tumahimik 'yung isa kapagka ganoon.” Naniniwala akong 'yun ay “isang espesyal na pagtitipon para sa mga kaloob,” na ayos 'yung ganoon. Kung gusto nilang magkaroon ng espesyal na pagtitipon kung saan ang lahat ng mga tao na may kaloob ay nagkikita-kita nang minsan sa isang linggo, sila na may mga kaloob, at pupunta sila sa simbahan, ayos 'yung ganoon. Hayaan silang magkaroon ng pagtitipon na 'yun, walang . . . hindi magkakaroon ng pangangaral, para lang 'yun sa mga kaloob ng Espiritu.

145 Hindi 'yun para sa mga taga-labas at sa mga di-mananampalataya. Papasok sila, mauupo, sasabihin. . . Tatayo ang isa at gaganito, "ah-ah," magsasalita ng mga wika; sasabihin naman nung isa, "wha-ah." "Ano ba 'yan!" Papasok 'yung mga baguhan at sasabihin, "Nasaan na 'yung awitan? Nasaan na 'yung iba pa nito?" Kita n'yo?

146 Pero, ngayon, itong mga nagsasalita ng mga wika, marami sa kanila (at nagpapaliwanag, at iba pa) ay mga sanggol pa sa Ebanghelyo. Kita n'yo? Huwag—huwag n'yong ibunsod na matisod sila, hayaan n'yo silang—hayaan n'yo silang lumago hanggang ang kaloob na 'yun. . . Ang ilan dito, nakikita n'yo kung paanong sinisikap ni Satanas na humalubilo sa ilan. Siyempre, ang mga beterano, ating—ating—ating nakikita 'yun. Kita n'yo, mahahagip natin 'yung ganoon, at babantayan n'yo ito.

147 Dito di pa katagalan may isang ministro, na nakaupo rito ngayon mismo, ang lumapit sa akin at sinabi sa akin at dinala ako sa kanyang tahanan, isang kalugud-lugod na kapatid.

148 Hindi ko sinasabi ito dahil nakaupo siya rito, pero kayong lahat ay *kalugud-lugod* na mga kapatid. Kung hindi ganoon ang iniisip ko, sasabihin ko sa inyo, "Hayaan nating maituwid natin ang bagay na ito sa pagitan natin, muna." Kita n'yo? Siyanga. Kita n'yo? Minamahal ko kayong lahat, at narito lang ako sa diwa ng pagpaparaya sa Biblia, kita n'yo, para—para tumulong. Kita n'yo?

149 Dinala ako ng kapatid na ito sa kanyang bahay. . . isang babae, at mali ang babaing 'yun. At ito. . . Hindi ko pa nakita kailanman 'yung babae pero narinig ko na ito sa teyp, nagbigay siya ng pagpapaliwanag ng mga wika, at may sinasabi. Mapag-uunawa mo na ito sa sandali ring 'yun.

150 Isang araw, sa isa pang ministro, at ako, tungkol sa parehong tao, naupo kami sa isang pinagputulan ng puno, nangangaso kami ng squirrel, at napag-usapan ang tungkol dito. At ang dalawang ministro, narito sila ngayon, alam nila kung paano ang nangyari dun. Kita n'yo, basta, magmasid kayo.

151 Kapag kayo na mga ministro'y itinutuwid n'yo ang isang tao ukol sa isang kaloob, kapag itinutuwid n'yo sila, itinutuwid sila ayon sa Kasulatan, at nasasaktan ang loob nila, tandaan n'yo, hindi 'yun ang Espiritu ng Diyos, dahil hindi maaaring masaktan ang Espiritu ng Diyos ng Kanyang Salita. Dumarating Siya sa Kanyang Salita. Kita n'yo, nakahanda ang tao na 'yun sa tuwina. Gusto ng isang tunay na banal ng Diyos na tumalima siya sa alituntunin. Siyanga, po.

152 Gusto kong maituwid. Gusto kong itama ako ng Espiritu Santo sa mga bagay na ginagawa kong mali. Ayaw ko ng anumang pamalit. Gusto ko—gusto ko 'yung tunay na bagay o huwag na lang, hayaan na lamang ako, huwag—huwag na akong

magkaroon pa ng ibang kahit anong bagay. Kita n'yo? Dahil mas gugustuhin kong gawin ang ganoon kaysa sa magdulot ng kadustaan kay Cristo.

¹⁵³ Hindi ako magtuturo ng anuman at hindi ako magsasalita ng kahit na ano maliban na ang Kasulatan. . .

¹⁵⁴ At kung ang isang kapatid, isang Cristianong kapatid ay makikita akong nagtuturo ng isang bagay na mali, ikalulugod ko kung tatawagin n'yo ako sa isang tabi pagkatapos ng gawain, at sasabihin, “Kapatid na Branham, gusto kong pumunta sa silid mo at makausap ka, nagkamali ka sa isang bagay.” Kita n'yo? Aking—aking ikalulugod talaga 'yan, kapatid, dahil gusto kong maitama. Gusto ko.

¹⁵⁵ Ngayon, gusto nating lahat na maitama, kaya gusto nating—gusto nating sabihin ang mga bagay na ito. At kailangan na ang mga ito'y dumaan sa Kasulatan, kita n'yo, para umugnay-ugnay ang Kasulatan.

¹⁵⁶ Ngayon, ang pagsasalita ng mga wika ay dapat... Ngayon, maya-maya. . . Ngayon, isasantabi ko muna ito ngayon, pansumandali. Kita n'yo, pinapayuhan ko kayong hayaan n'yo lang ito at itulot n'yo. Sa inyo na mga ministro ngayon, kayong mga pastor, hayaan lang n'yo ito hanggang sa tumanda pa nang kaunti ang mga sanggol na ito. Ngayon, marahil, sa malao't madali, kung ang kaaway ang nagtatangkang dumaya sa taong 'yun, lalabas din ito. Hindi tayo gaanong nakakasiguro.

¹⁵⁷ Ngayon, pagkatapos nito, bago n'yo simulan ito, magkaroon kayo ng isang espiritu ng karunungan doon, isang espirituwal na pagkilala sa mga espiritu, kita n'yo, para malaman. Malalaman mo na lang, alam n'yo, magsisimula mong mapansin na may nakakakita't parang may kaunting bagay raw na di tama, 'yun ay pagkilala. Pagkatapos, at alagaan n'yo lang 'yun nang kaunting panahon. Kita n'yo? Tapos kapag nakikita n'yo na lumilihis na sa tama 'yung pagkilala, mangyari mismo na itama n'yo 'yun. At kung ang bagay na 'yun. . . kung sa Diyos ito, magpapatuwid siya sa Salita. Kita n'yo?

¹⁵⁸ Sabihin natin, halimbawa, sasabihin kong nagsalita kami ng mga wika, may isa, tayo'y. . . haya't isang—isang grupo ng mga taong may kaloob. At tumayo si Leo at nagsalita ng mga wika; tapos, at ang isang kapatid dito, si Willard, ay nagbigay ng paliwanag. Buweno. Ngayon, gusto kong sabihin na sina Kapatid na Neville at Kapatid na Junie at Kapatid na Willard Collins ay ang mga tagapagkilala, kita n'yo. Ngayon, dahil nagsalita si Leo. . . Ngayon, narito lang tayo sa parang isang pagtitipon ng mga mumunting banal, isang pagtitipon ng mga kaloob, at nagsalita si Leo at nagbigay naman ng paliwanag si Willard dito, at sinabi niya, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON! ‘Miyerkules ng gabi ay may pupunta ritong isang babae at siya'y—siya'y magiging marahas. Sabihin n'yo kay Kapatid na

Branham na huwag sawayin ang babae, dahil siya'y baliw. Kundi sabihin n'yo sa kanyang dalhin ang babae roon sa isang sulok, dahil dun sa isang sulok 'yung dako kung saan siya gumawa ng isang masamang bagay isang beses at may kung anong bagay na nangyari.'" Kita n'yo? Parang napakaganda nun, di po ba? Kita n'yo? Buweno.

¹⁵⁹ Ngayon, pero ang unang bagay, alam n'yo, sa Lumang Kasulatan, kahit ano pa ang sinabi ng propeta o kung ano ang sinabi ng sinumang iba pa, sinusubok 'yun sa Urim Thummim, muna. Kita n'yo, pinapasuri 'yun sa Salita. At kung hindi kumislap ang mga ilaw na 'yun, babalewalain lang nila 'yun. Kita n'yo?

¹⁶⁰ At ang unang bagay, ngayon, dalhin natin ito sa Kasulatan. Ngayon, ang lalaking *ito* ay nagsalita ng mga wika, na mukhang maayos ang dating. Nagbigay ng paliwanag ang isang *ito*, mukhang maayos ang dating. Pero ang sabi ng Salita, "Unawain ito ng dalawa o tatlong tagapaghatol, muna." Dalhin ito sa Urim Thummim.

¹⁶¹ Ngayon, unang-una, sasabihin ni Willard Collins, "Iyon ay sa Panginoon." Sasabihin ni Junie, "Ito'y sa Panginoon—Panginoon." Dalawa na 'yun sa tatlo. Sige, isusulat 'yun sa kapisasong papel, sasabihin ito rito mismo sa simbahang ito. Pagkatapos kapag ang mga taong nakakita na binasa ito bago ito mangyari, at pagkatapos makikita itong nangyari mismo, sasabihin nila, "Kapatid, ang Diyos nga 'yun! Kita n'yo, ang Diyos 'yun!"

¹⁶² Pero paano naman kung hindi ito nangyari, kung ganoon ano nang mangyayari? Kita n'yo? (Ngayon dadako tayo sa isa pang bagay na maaari kong madaanan dito, "Ang lahat ba ng propesiya ay ganap. . . lahat ng pagpapaliwanag at mga mensahe ay propesiya ba?") Ngayon, pansumandali lang. Ngayon, paano na kung hindi 'yun mangyari? Kung ganoon si *Leo* ay nagsalita sa isang huwad na espiritu; nagbigay naman *siya* ng maling pagpapaliwanag; at nagbigay *kayo* ng maling paghatol. Kung ganoon ay alisin n'yo ang bagay na 'yan sa inyo. Ayaw n'yo ng ganoon. Mali kasi 'yun. Iwasan n'yo ito. Ang diyablo 'yun. Kita n'yo? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] "Hindi *ako* isang mangangaral, kundi ako'y isang—ako'y isa tagapagpaliwanag. Kita n'yo, isa akong tagapagpaliwanag, Panginoon, ako—ako'y hindi isang mangangaral. Ako. . ." Sasabihin naman ni Kapatid na *Leo*, "Panginoon, hindi ako isang mangangaral, pero ako'y—ako'y may kaloob ng mga wika at ginulo ako ng diyablo roon. Diyos, alisin Mo po ang bagay na 'yun sa akin." Sasabihin *mo*, "Panginoon, pinagkalooban Mo ako ng espiritu ng pagkilala, at nakita ko mismong ginawa Mo ito ng napakaraming beses na, paano nangyari ito? Ama, linisin Mo ako! Ano bang nangyari?" Nakita n'yo, hayan nga, kung magkagayon naitama mo ito.

163 Kita n'yo, ganoon ang isang regular na pagtitipon ng mga banal. Sa tingin ko ay ganoon ito sa Biblia, dahil sinabi ni Pablo, “Kapag nagpropesiya ang isa at may iprinopropesiya, ang isang bagay ay . . . ang isang bagay ay ipahayag sa isang nakaupo; ay tumahimik siya hanggang sa magsalita muna ang isang ito, pagkatapos maaari na siyang magsalita. At kayong *lahat* ay maaari nang magpropesiya nang isa-isa.” Ngayon, hindi 'yun maaari sa isang regular na pagtitipon, alam n'yo 'yun, hindi maaaring magbigay ang bawat isa.

164 Ngayon, para makasiguro na ito'y sa Diyos, kita n'yo, dahil kung walang kabuluhan lang ito haya't hindi ito sa Diyos. Kung hindi ito nangyari, hindi ito sa Diyos. Kita n'yo? Kailangang matupad ito. At—at sa gayon sa mga iglesya natin, kita n'yo, kapatid, mayroon tayong matatag na iglesya kung ganoon, kita n'yo, kung saan walang makapagsasabi na may anumang bagay na sinasabi o ginagawa . . .

165 Tingnan n'yo kung saan ako nito inilalagay, kapag naroon ako sa harap ng publiko. Tingnan n'yo! Paano kung may isang pagkakamali roon? Kita n'yo? Dahil nagtitiwala ako sa Kanya. Kita n'yo? Nagtitiwala ako sa Kanya. May isang magsasabi, “Natatakot ka ba sa isang pagkakamali, Kapatid na Branham?” Hindi, hindi, uh-huh, hindi ako natatakot sa pagkakamali. Sumasampalataya ako sa Kanya. Siya ang aking Proteksyon. Itinalaga ako para gawin ito kaya mananatili ako mismo roon.

166 Kung itinalaga ka ng Diyos para gawin ang isang bagay, kung ganoon Siya ang iyong Proteksyon. Kita n'yo, proprotektahan Niya kayo. Kung isinugo ka Niya, itataguyod Niya ang iyong salita. Kayo ay kinatawan kung ganoon. *Ika'y* kinatawan na may kaloob ng mga wika; *ika'y* kinatawan na may kaloob ng pagpapaliwanag; *ika'y* kinatawan na may kaloob ng pagkilala; kayong tatlo. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Kung ganoon anong mayroon kayo? Mayroon kayong matatag na iglesya. Hindi kayo matatakot. Nakatindig mismo, oo, hindi kahapon lang . . .

167 Heto, nasa isang pagtitipon ako noon sa dako rito. Isang munting bata pang lalaking Ingles na mula sa Inglatera ang pumunta rito, nagtatangka siyang magpakamatay. Dumating doon si Kapatid na Banks at ang sabi, “Naroon siya nang apat o limang araw na.” Marami akong mga bagay na gagawin sana, pero ang sabi niya, “Magpapakamatay na 'yung binata.” Ikinukuwento sa akin nung Waterview Hotel doon 'yung tungkol sa kalagayan ng binatang 'yun.

168 At pumasok ako sa silid para ipanalangin siya. Bumalik ako sa labas at ang sabi ko, “Ngayon, Kapatid na Banks, hindi ko pa nakita kailanman 'yung lalaki o nalalaman ang anuman tungkol sa kanya, pero sasabihin ko sa'yo kung anong problema niya bago ako magpunta roon.” Tama ba, Kapatid na Banks?

At noong makarating kami roon, bumaba mismo ang Espiritu Santo at sinabi sa kanya kung anong nagdulot nito at 'yung lahat ng tungkol sa kanya, at kung saan siya nanggaling at lahat ng tungkol sa buhay niya. Haya't basta na lang siyang tumumba, kamuntik na.

¹⁶⁹ “Natatakot ka ba sa isang pagkakamali, Kapatid na Branham, na sasabihin mo sa isang tao ang bagay na ganoon?” Paano naman sa entablado, na sasabihin sa isang lalaki na namumuhay siya nang hindi tapat sa kanyang maybahay, nagkaanak sa ibang babae? Ipatatapon ka niya sa isang piitan. Kaya siguraduhin mong tama ka! Kita n'yo? Kita n'yo? Huwag kang matakot, kung sa Diyos ito. Pero kung hindi ka natatakot. . . Kung—kung hindi mo alam na sa Diyos ito, kung ganoon tumahimik ka hanggang sa malaman mong ang Diyos ito. Tama ba? Tiyakin mong tama ka at kung ganoon ay sige.

¹⁷⁰ Ngayon, matinding turo ito, kapatid, pero kayo'y mga kapatid ko. Kayo'y—kayo'y—kayo'y mga bata pa na papunta na sa pagiging ministro, at ako'y isang matanda na, lilisan na isa sa mga araw na ito. Kita n'yo? At kaya naman tiyakin n'yong ito'y—ito'y tama.

¹⁷¹ Paglabas ko dun sa silid ng. . . Siguro'y itutuloy ko ito maya-maya rito. Isang kabataan pang lalaki. . . Buweno, ikukuwento ko na ang bahagi nito ngayon. Kahapon, ako at si Kapatid na Banks, talagang abala noon, naging (oh, grabe) abalang-abala talaga, at aking—aking sasabihin sa inyo kung anong gagawin ko sa pagtitipon na ito. Sina Leo at Gene at isang grupo kami ay pupunta roon, at mga kapatid, at sasabihing mangangaso kami ng baboy, mangangaso ng baboy-ramo. Mayroon silang limang araw ng pangangaso ng baboy na javelina, doon sa Arizona, pagkatapos ng pagtitipon, matapos ang ating pagtitipon. Pupunta kami ng Phoenix nang isang araw, at kailangang maghintay ng limang araw bago kami magkaroon ng panibagong, apat na araw bago sila magkaroon ng panibagong pagtitipon kahit saan. Kailangang nasa Arizona na kami mismo. Buweno, mangyaring noong panahon ding 'yun ay panahon ng malayang pangangaso ng baboy na javelina.

¹⁷² Kaya gusto kong ipamaril 'yung munti kong mahabang baril, para tingnan kung maayos ito. Sasamahan ako ni Banks. Papalabas na sana kami sa tarangkahan, papalabas na nung tarangkahan. Narito ang isang lalaking basta pumasok, sa may itaas nung karatulang 'yun (kita n'yo, sabi, “Mangyaring huwag na kayong makiusap para hanapin si Kapatid na Branham”).

¹⁷³ Kita n'yo, ang dahilan kung bakit nila ginagawa ang ganoon. . . hindi ito para sa mga tao na may sakit. Grabe, at sa bahay, tanungin n'yo si Banks, kapitbahay ko siya. Dumarating ang mga tao, araw at gabi at lahat na mismo, na may mga kasa-

kasamang batang may sakit, lahat na. Hindi kami kailanman tumanggi sa isa mang tao. Pero . . .

¹⁷⁴ At tinawagan nila ako, si Leo at iba pa, mula roon sa labas sa may trailer, at sina Jim at iba pa, “May tao roon na may anak na may sakit. At narito naman ang isang lalaking may kanser.” Isinasantabi namin ang lahat at lumarga na para sa lalaking ’yun.

¹⁷⁵ Kagabi ay pinatawag ako sa isang silid sa ospital kung saan may nagpatawag sa akin, at ayaw man lang akong papasukin nung tao pagkarating ko roon. Kita n’yo, may iba lang na masigasig. Pero ayos lang ’yun, pumupunta pa rin ako ano’t anuman. Kita n’yo? Dahil tungkulin kong pumunta, kita n’yo, at nagsisikap na makatulong sa sinuman.

¹⁷⁶ Buweno, hindi para dun ang tanda na ’yun. Pero ang lalaking ito, habang pasakay na kami sa kotse, at alam ni Kapatid na Banks na kailangan kong . . . Mangyari nga na naghintay ako sa bahay. May isang dumating kina Kapatid na Banks na nagpaantala sa kanya. At hindi nagtagal pagkarating ko roon, naantala rin ako. Tapos pagkakuha namin ng mahaba naming baril at pasakay na sana sa kotse, narito’t dumating ang isang lalaki na bigla na lang pumasok. Lumapit siya roon.

¹⁷⁷ At naghahanda pa lang ako para sabihin sa kanya na lumabas at tawagan lang ang numerong ’yun doon (sa BUtler 2-1519) sa may karatula. [Ang numero ng telepono ay nabago na.—Pat.] Sabi ko, “Nagmamadali kasi kami.”

Sabi, “Sa palagay ko’y nagmamadali nga po kayo, ginoo.”

Sabi ko, “Ang pangalan ko . . .”

¹⁷⁸ Unang-una lumapit ako, sabi niya, “Kumusta po kayo?” At nakita kong hindi niya alam kung sino ako.

Sabi ko, “Ang pangalan ko ay Branham.”

Sabi niya, “Ikaw ba si Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Ako nga.”

¹⁷⁹ At sabi niya, “Ako—Ako’y . . . Nais kitang makita, Kapatid na Branham.” Sabi, “Nakikita kong nakahanda ka nang umalis.”

Sabi ko, “Opo, ginoo, ako nga.”

Sabi niya, “Alam kong nagmamadali ka.”

Sabi ko, “Nagmamadali nga po ako, ginoo.”

¹⁸⁰ At sabi niya, “Buweno, gusto lang kitang kausapin nang ilang minuto.”

¹⁸¹ At sasabihin ko pa lang sana sa kanya; at ang sabi ng Espiritu Santo, “Dalhin mo siya sa isang silid, matutulungan mo siya.” Ngayon, hayun, nabago nun ang lahat. Inilagay ko na lang sa isang tabi ang baril, at ang lahat nang paganoon, siyanga’t una mismo dapat ang gawain ng Diyos. Kita n’yo? At sabi niya . . .

182 Sabi ko, “Halika, sumama ka sa akin.” Sabi ko, “Babalik ako maya-maya, Kapatid na Banks.”

Sabi nung lalaki, “Tungkol ito sa kaluluwa ko, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Sige, pumasok ka.”

Pumasok sa bahay, sabi ni Meda, “Hindi ka pa ba nakaalis?”

183 Sabi ko, “Hindi, hindi, hindi, may tao na rito.” Sabi ko, “Panatilihin mo ang mga bata sa kabilang silid.” Dinala ko siya sa maliit na pribadong silid, naupo. Pagkaupo pa lang. . .

184 Nasa simbahan ang lalaking 'yun kagabi. O dumating ba siya, Banks? Iyo bang. . .Oo, buweno, nakatakda siyang dumating kagabi. Siya nga'y. . .

185 Unang bagay mismo, sinimulang sabihin ng Espiritu Santo sa kanya kung sino siya, kung anong ginawa niya, kung anong nangyari sa pagdaan ng kanyang buhay, lahat ng tungkol dito, kita n'yo, basta nagpatuloy, na sinasabi sa kanya ang lahat. Nasaksihan ni Banks. Hindi niya binuksan ang bibig niya at nagsabi lang ng mga dalawang salita sa akin; at hayun na Itong nagsasabi sa kanya, sabi, “Ikaw ay naging isang palaboy, pero nakatira ka talaga sa Madison. Kagagaling mo lang sa Evansville, Indiana. Nanggaling ka roon sa eskuwelahan ng Biblia na ito, na isang sekta, naging magulo. Kararating mo lang sa Louisville ilang minuto pa lang ang nakalipas. May isang lalaki, at sinabi sa iyo ng isang lalaki (na naupo ka't kumain kasalo niya), sinabi sa iyo na pumunta rito at makipagkita sa akin at 'itatama ka niya palabas sa gulong 'yun.” sabi ko, “Siyanga't GANITO ANG SABI NG PANGINOON!”

186 Nakaupo lang 'yung tao, kumukurap ang mata, nakatingin sa akin, na ang sabi, “Opo, ginoo!”

Sabi ko, “Nagulat ka, hindi ba?”

Sabi niya, “Nagulat nga po.”

Sabi ko, “Naniniwala ka ba sa Espiritu Santo?”

Sabi niya, “Nais ko po, ginoo.”

187 At ang sabi ko, “Gusto mo bang sabihin ko sa'yo kung ano ang iniisip mo?”

188 Sabi niya, “Opo, ginoo.” At sinabi ko sa kanya. Sabi niya, “At, kapatid, katotohanan nga 'yan.”

At sabi ko, “Baguhin mo ang iniisip mo.”

Sabi niya, “Sige, binago ko na.”

Sabi ko, “*Ganito* ang iniisip mo.”

Sabi niya, “Tama nga! Tama nga!”

189 Sabi ko, “Ngayon, hindi mo na kailangan ng isang pangitain, kailangan lang na maituwid ka.” At sinabi ko sa kanya ang isang

bagay roon na ayaw n'yong sabihin ko. Kung ito'y tungkol sa inyo, ayaw n'yo. Isa itong masamang bagay na kakila-kilabot, kaya ayaw n'yong sabihin ko ito kung tungkol ito sa inyo. At hindi ko sinasabi kung anong ipinapakita ng Panginoon sa akin tungkol sa mga tao. Kaya ang sabi ko na lang, "Sige, gagawin mo ito?"

Sabi niya, "Gagawin ko."

Sabi ko, "Humayo ka na sa iyong daan."

¹⁹⁰ Naroon kami ng mga hindi lalampas sa sampung minuto, hindi ba, Kapatid na Banks? Mga, sa pagitan ng pito at sampung minuto. Naglakad na kami pabalik, bumalik sa kalsada, at bumiyahe na sa daan, siya at ako at si Banks at ang maliit kong anak, si Joe, sa paniwala ko, magkakasama kaming nagbibiyahen na nun, tumutugaygay dun sa maluwang na daan. Lumingon siya sa akin, sabi niya, "Ginoo, may gusto akong itanong sa iyo."

Sabi ko, "Sige."

¹⁹¹ Sabi niya, "Medyo naguluhan ako." Sabi niya, "Paano mo nalaman ang lahat ng bagay na 'yun tungkol sa akin?" Kita n'yo? Nakaupo roon si Banks.

¹⁹² At sabi ko, "Ginoo, narinig mo na ba ang mga pangitain ko at ang pagmiministeryo ko?"

¹⁹³ Sabi niya, "Hindi ko alam ang pangalan mo hanggang itong mga isang oras lang na nakalipas. May nakapagsabi sa akin, sinabi sa akin doon sa Louisville, sinabi sa akin na magpunta rito, at tinawid ko 'yung tulay." Tama ba, Banks? Sabi niya, "Ni hindi ko man lang alam ang pangalan mo, di ko alam kung sino ka."

¹⁹⁴ Sabi ko, "Sa pagmiministeryo ko, isa itong kaloob ng Diyos na ipinadala Niya sa akin."

¹⁹⁵ Sabi niya, "Kung ganoon kung 'yun—kung 'yun ay sa ganoong paraan," sabi, "ngayon ako'y. . ." Sabi, "Ako lamang ay ganap. . . Ayos na ako ngayon," sabi niya, "nawala nang lahat." Kita n'yo? Sabi niya, "Kung ano man 'yun, 'yun ang Diyos na nagsasalita sa akin sa pamamagitan mo."

Sabi ko, "Tama."

¹⁹⁶ Sabi niya, "Ngayon nauunawaan ko na sa Biblia na. . . Nabasa ko minsan sa Biblia at, sabi, nagsalita si Jesus sa Kanyang mga alagad," haya't ang ibig niyang sabihin ay "mga tao," kita n'yo. Sabi, "Nagsalita sa Kanyang mga alagad at sinabi Niya sa kanila ang mga bagay na iniisip nila." Kita n'yo, "batid ang kanilang iniisip" 'yun ang kanyang ipinupunto. Sabi niya, "At sinabi Niya na ang Kanyang Ama ang nagsasalita sa pamamagitan Niya."

Sabi ko, "Tama 'yun."

197 Sabi niya, “Ngayon, ngayon, ginamit ka ng Ama kung ganoon para magsalita sa akin sa pamamagitan mo, para sabihin sa akin ang mga bagay na ito, para mapaniwala mo ako na ang sinabi mo sa akin ay ang katotohanan.”

Sabi ko, “Yun nga ba’y katotohanan?”

Sabi niya, “Oo.” Sabi, “Kung ganoon tiyak na ang Diyos nga ito.”

198 Tapos sabi ko, “Kapatid, mas marami ka nang nalalaman tungkol dito ngayon” (yun ’yung nabanggit ko at ni Banks) “kaysa sa ilan na nakadalo na sa pagtitipon sa loob ng sampung taon at hindi pa rin alam.” Heto—heto ngang lalaking ito! Ngayon, ganoon nga ito. Kita n’yo?

At ang Espiritu ba (sa kaayusan) sa mga wika ay propesiya na gagamitin sa oras ng gawain?

199 Hindi. Dapat na gamitin *ito* sa ganitong paraan, at saka *sasabihin* sa gawain. Pero sa ngayon, para sa kasalukuyang panahon, hinahayaan silang magsalita. Ngayon, kung hindi na ito makontrol, kung ganoon wala na sa kaayusan, kailangan n’yong bantayan ’yun. Ngayon, kung minsan maaaring ang Diyos ito. At ang mga musmos na ’yun, katulad na lamang ng isang maliit na batang sumusubok na maglakad, ngayon, kung bumagsak siya nang apat o limang beses. . . Ngayon, nasaksihan ko na ito simula noong narito ako sa simbahan, at—at, buweno, hinahayaan ko—hinahayaan ko na lamang ito nang ganoon. Kita n’yo? At, pero, kita n’yo, pero paano naman ’yun, sasabihin n’yo ba kung ganoon, “Kapatid na Branham, bakit hindi mo ito itinuwid?” Hindi, hindi.

200 Noong si Billy Paul na nariyan sa likod ay unang nagsimulang maglakad, siya nga’y tatayo at tutumba, at mas madalas siya na natutumba kaysa sa nakatayo. Siyanga’t hindi niya alam kung paano lumakad. Pero naniniwala akong may kaloob siya ng paglalakad. Kita n’yo? Hinahayaan ko siyang lumakad nang kaunti pa. At pagkatapos kapag natatapilok ang malalaki niyang paa, sinasabi ko sa kanya ang tungkol dito ngayon. Nakikita n’yo ang ibig kong sabihin? Kita n’yo? Naglalakad siya na nakatingin sa iba pang bagay at tumatama sa kung anu-ano, sinasabi ko, “Mag-ingat ka sa paglalakad mo, anak. Nasaan ka na?” Kita n’yo? Ngayon, ’yun ang—’yung ang pagkakaiba, kita n’yo.

201 Ngayon, hayaan n’yo silang—hayaan n’yo silang madapa at hayaan silang makaharang sa kaunting panahon. Ngayon, kapag kailangan n’yo na silang ituwid, kung ipagdaramdam nila ito ay malalaman n’yo na mismo na hindi ang Diyos ’yun. Dahil ang Espiritu ng Diyos ay nagpapasakop. Katulad sa dadakuan natin dito maya-maya, “Ang espiritu ng propesiya ay nasasakupan ng propeta.” Kita n’yo? Ganoon nga.

[Sinasabi ni Kapatid na Stricker, “**Kapatid na Branham, gusto ko ng ilang pagtutuwid.**”—Pat.] Tama ’yan, kapatid. [**“Maraming beses na nakaupo ako sa mga gawain at nakakarinig ng mga pagsasalita ng mga wika at pagpapaliwanag, at madalas na hindi maganda ang nagiging damdamin ko tungkol dito. At uuwi ako at para bang magsisisi ako nang husto. Dahil po ba sa pakiramdam ko’y hindi ito sa Diyos, o dahil ba sa wala ito sa kaayusan?”**]

²⁰² Maaari, kapatid, maaaring alinman diyan. Kita n’yo? Sasabihin ko. . . Ngayon, ito—ito ay si William Branham, kita n’yo; hanggang sa makarating ako sa Kasulatan, mangyari nga, ako pa rin ito, kita n’yo. Ngayon, ito ang sasabihin ko, Kapatid na Stricker, na maaaring alinman dito. Maaaring ito’y dahil wala ito sa ayos; maaaring may mali sa iyo; maaaring may mali roon sa tao; may mali sa mensahe; o anumang bagay na magpapasama ng *damdamin* mo.

²⁰³ Ngayon, ngayon, hayaan mong tulungan lang kita nang kaunti, Kapatid na Stricker, dito. Kita mo? Sa tuwina. . . Huwag mong kailanman hahatulan ang anumang bagay sa pamamagitan ng mga pakiramdam nito, kita mo. Hatulan mo ito sa pamamagitan ng mga katangian nito, kita mo; anuman ang ilabas na bunga nito, kita mo. Dahil kung minsan. . .

²⁰⁴ Tunay nga, alam natin na may mga bagay na pakiramdam mo, ’yung kakaibang pakiramdam na ’yun. Nagkakaroon ako nito mismo, at, naku, nagsisimula akong lumayo kaagad—kaagad nang madalian, alam n’yo. Pero wala akong sinasabing anuman. Hinahayaan ko lang ito dahil hindi ko alam kung ano kaya ito, kita n’yo, hanggang sa *malaman* ko kung ano ito.

²⁰⁵ Ngayon, gaya ng sinasabi ng maraming tao, “Whew! Kapatid, alam kong natanggap ko ang Espiritu Santo! Hallelujah! Purihin ang Diyos!” At hindi pa rin nila natanggap ang Espiritu Santo. Nakakapagsalita sila ng mga wika, at lahat ng iba pa, at sumisigaw at nagsasayaw sa Espiritu, at wala pa ring Espiritu Santo. Dahil bumubuhos ang ulan sa matuwid at sa di-matuwid. Hindi ito sa pamamagitan ng mga pakiramdam, sa pamamagitan ito ng kanilang *bunga*.

²⁰⁶ Katulad na lang na may isang. . . Naaalala n’yo ba ’yung pangitain ko tungkol doon? Kung papaanong ang. . . Mga Hebreo 6, kita n’yo, “Ang ulan na madalas na pumapatak sa lupa ay para diligan ito, na binubungkal, pero ang mga tinik at mga dawag na malapit sa pagtatakwil ay haya’t ang kahihinatnan ay pagsunog.”

²⁰⁷ Ipagpaumanhin n’yo, papapasukin ko lang ang kaunting hangin, alam kong inaantok na kayong lahat at napapagod na. Kaya ngayon, pansumandali lang po, kailangan ko na itong madaliin nang mas mabilis nang kaunti’t kung hindi’y hindi ko na ito matatalakay. Ito’y may. . . Malapit na tayo sa batayan

ng—ng lahat ng ito, sa mismong ilan dito. Pero kanilang. . . Kita n’yo, ang. . .

²⁰⁸ Narito ang isang—isang bukid na puno ng trigo. At nahasikan ang bukid na ’yun ng damong jimson, at matitinik na damong ligaw, at kung anu-ano pa, mga damo. Buweno, kapag may tagtuyot. Ngayon, hindi ba nauuhaw din naman ang damong jimson at ang matitinik na damong ligaw katulad din ng trigo? At anong klaseng ulan ang. . . bumubuhos ba ang isang espesyal na ulan sa trigo at pagkatapos ay bubuhos din ang isang espesyal na ulan sa matitinik na damong ligaw? Tama ba? Hindi, iisang ulan lang ang bumubuhos. Tama ba? Ang iisang Espiritu na bumubuhos sa mapagkunwari ay bumubuhos sa Cristiano, iisang bagay. Anupa’t sa kanilang “bunga”! Tumitimo na po ba ito, mga kapatid?

²⁰⁹ Ang katibayan ng Espiritu Santo ay ang bunga Nito, ang bunga ng Espiritu. Buweno, ito. . . Buweno, ngayon, sasabihin n’yo, “Ako’y isang tangkay, isa akong damong ligaw. Isa akong tangkay katulad ng trigong ’yun na isang tangkay.” Pero anong klaseng buhay ang nariyan sa inyo? Ang buhay na nasa kanya ay namumunga ng mga tinik, palaging nakikipagtalo at namimintas, at “nag-iingay,” masama ang hangad at malupit, at lahat na. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Mapagmataas, kita n’yo, hindi ganoon ang bunga ng Espiritu. Ang bunga ng Espiritu ay kaamuan, pagtitiis, kagandahang-loob, kita n’yo, lahat nun. Kita n’yo?

²¹⁰ Maaari niyang sabihin, “Buweno, makakasigaw din ako nang sinlakas na makakaya mo. Purihin ang Diyos, bumababa sa akin ang Espiritu Santo!” Maaari ngang bawat katiting n’yan ay totoo, pero ang buhay na ipinamumuhay niya ay hindi umaakma sa sinasabi niya. Kita n’yo? Isa siyang damo, isa na siyang damo sa simula pa lang.

²¹¹ Ngayon, dumating na tayo ngayon sa isang malaking tanong, kita n’yo, tungkol sa *paghirang*, kita n’yo. Mangyari mismo na ito’y. . . Kinakailangang maging ganoon kayo. Nauunawaan n’yo ’yun.

²¹² Matitinik na damong ligaw na *sila* sa umpisa pa lang; trigo naman *siya* sa umpisa pa lang. Kaya patuloy noon ang tagtuyot; tapos pumatak ang ulan sa matuwid at di-matuwid. Sige, nakuha n’yo po ba?

[Nagtatanong ang isang kapatid, “**Papaano naman po ang bunga ng isang mangangaral, ’yun ba’y. . . ’yun ba’y ang pangangaral ng Salita?**”—Pat.]

²¹³ Haya’t, ang mangangaral, mangyari pa rin, na kung tumayo man siya roon at ipinangaral ang Salita na gaya ng isang Arkanghel, kita n’yo, nauunawaan ang mga hiwaga ng Biblia, at isang napakahusay na pastor, nagpupunta at dumadalaw sa mga tao at mga bagay na gaya nun, maaaring mapahamak pa

rin siya. Kita n'yo? Ang kanyang bunga ang nagsasabi nito sa tuwina, kapatid. Kita n'yo? Siya, kahit na gaano pa siyang kabait o kung ano pa siya, dapat na taglay niya ang Espiritu Santo sa buhay niya. Kita n'yo?

214 Ngayon, hindi ba't ang sabi ni Jesus, "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na 'yun at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba't nagpropesiya ako (nangaral) sa Iyong Pangalan, at gumawa ako ng mga himala sa Iyong Pangalan?'" Nagsalita siya ng iba't ibang wika, gumawa siya ng mga himala, nagbigay ng pagpapaliwanag, ng mga bagay na hiwaga ng Diyos, at lahat ng mga bagay na 'yun doon; ang sabi Niya, "Lumayo kayo sa Akin, kayong mga gumagawa ng katampalasan, hindi Ko kayo nakikilala kailanman." Nakita n'yo na ba ang ibig kong sabihin?

[Tinatanong ni Kapatid na Taylor, "**Paano naman ang taong nagdadala ng—ng maling mensahe? Ibig kong sabihin, ang kanyang—kanyang akala'y tama siya pero mali ang ipinangaral niya.**"—Pat.]

215 Buweno, naniniwala akong sinsero ang taong 'yun, gaya nung kapatid na nakaupo rito na gustong balikan ang kanyang. . . taluntunin pabalik 'yung mga bagay na ito nang paganoon. Kung hinirang ng Diyos ang lalaking 'yun, at iniharap siya sa Katotohanan, kanyang—kanyang makikilala Ito. Kita n'yo, "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." Inyo bang nauu- . . . Nakikita mo ba ang ibig kong sabihin, Kapatid na Taylor? Tungkol dun ba ang sinasabi mo? Kita mo?

216 Ngayon, halimbawa, sabihin natin kunwari si Kapatid na Crase—Crase—Crase, sabihin natin na isa siyang mangangaral ng Baptist at wala siyang alam tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo, ni hindi rin niya alam ang alinman sa mga bagay na ito, ang mga kaloob ng Espiritu, at siya'y isang mabuti't, tapat na mangangaral na Baptist. Kita n'yo? Pero bigla na lang, Ito'y dumating sa harap niya. At naniniwala akong ang bawat anak ng Diyos ay magiging. . . bawat kapanahunan ay hahagisan ito ng lambat hanggang sa makuha Niya siya. Hindi maaring dumating ang Kaharian hanggang sa matupad ang Kalooban ng Diyos. Siyanga. At wala ni isa ang mapapahamak, kita n'yo. Ngayon, kita n'yo, ganoon ang paraan.

217 At ang Kaharian ng Langit ay gaya ng isang tao na naghagis ng lambat sa dagat at hinango ito. At noong hanguin niya, nakakuha siya ng lahat ng klase. Itinabi niya 'yung isda, at 'yung mga pagong at terapin ay ibinalik niya sa tubig. Inihagis niya itong muli, nakakuha ng ilan pa, marahil nakakuha ng isang isda. Pero ipinapatuloy niya ang paglalambat hanggang sa malambat na ang lahat. Nakikita n'yo na ba ang ibig kong sabihin ngayon?

218 Pero ang isdang 'yun ay isa nang isda sa pasimula pa lang. Inilagay lamang ito para magamit ng Panginoon, ganoon nga

mismo, inilagay siya sa ibang tubigan kung saan mas maayos, mas malinaw. Pero naglalambat pa rin Siya sa tubigan na 'yun hanggang sa mailabas niyang lahat ang mga isdang apahap dito. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Unawain mo ang ibig kong sabihin, Kapatid na Taylor. Dapat na alam mo sa pamamagitan nung sa iyo roon.

Buweno, ngayon:

113. Siya ba na...Siya ba'y may kontrol sa lahat ng oras sa Espiritu kung kailan at kung paano kikilos?

²¹⁹ Opo, ginoo. Opo, ginoo, ang Espiritu Santo ang kumokontrol. Siyanga, po. Mayroon itong kontrol sa iyo at mayroon kang kontrol Dito, at hindi Nito ipagagawa sa iyo ang anumang salungat sa Kasulatan. Ibubunsod Nito... "Ang Espiritu ay hindi nag-uugaling mali ang kilos Nito." Siyanga. Buweno.

²²⁰ "Mula sa isang nagmamahal sa inyo. . ." Oo, 'yan—'yan nga'y kasama na rito. Buweno, ngayon ay tatalon tayo sa isa pa rito at titingnan kung nasaan na tayo.

²²¹ Ngayon, sa tingin ko ay may basehan 'yun. Ngayon—ngayon, kapag tinatawag ko ang mga ito ngayon, kung may tanong. . . May tanong pa ba tungkol dito? Nauunawaan na ba nating lahat ito? Nauunawaan na ba natin kung paano ang paniniwala natin Dito ngayon?

²²² [Sinasabi ng isang kapatid, "May isa pa po akong tanong."—Pat.] Sige po. Tungkol pa rin ba rito? Sige. ["Opo, tungkol pa rin sa isang 'yan diyan. Medyo nag-aatubili ako, pero..."] Huwag kang mag-atubili, ito'y—ito'y... ["Nababanggit mo ang tungkol doon sa lalaking nangangaral, at kung hindi niya ipinapangal ang Mensahe na ipinahayag ni Cristo, at kahit anumang ang mangyari sa kanyang pagmiministeryo. Kapag nakaugnay niya ang Katotohanan at tinanggihan niya Ito, ano po ang mangyayari pagkatapos?"] Mapapahamak siya. Paumanhin lang po pansumandali... ["Tinutukoy ko 'yung paunang pagtatalaga o 'yung pagtatalaga bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan."] Tama. Tama. Kita n'yo? ["Kung ganoon, parang, hindi ba't dapat hindi siya naging ganoon?"] Siyanga't hindi dapat na nagkaganoon sa simula, kita n'yo. "Sila'y lumabas sa atin dahil sila'y hindi sa atin."

²²³ Halimbawa, gaya nito, pareho rin ito sa Mga Hebreo 6. Kita n'yo? Maling-mali ang pagkakaunawa roon ng mga tao, haya't sa tingin nila ito'y "impossible." Sabi niya, "Hindi mangyayari na ang mga dating naliwanagan na at mga nakabahagi sa Espiritu Santo, kung sila'y tumalikod." Kita n'yo, sadyang hindi nila Ito maunawaan. Sabi niya, "Hindi mangyayari na ang dating mga naliwanagan na at mga nakabahagi sa Espiritu Santo, na nalalamang sila'y tumalikod ay muling panumbalikin sa pagsisisi, yamang sa kanilang sarili ay muli nilang ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos at itinataas Siya sa kahihyan; na

lumapastangan sa Dugo ng tipan kung saan Siya ay napako sa krus kasama ang isang 'hindi banal na bagay,' umalipusta sa mga gawa ng biyaya."

²²⁴ Buweno, sa akin, ito'y isang kapahayagan. Tunay. Ito'y katulad mismo nung Mga Gawa 2:38, at Mga Gawa . . . at Mateo 28:19. Sadyang kailangan mo Itong mapag-unawa, kita n'yo.

²²⁵ Ngayon tingnan n'yo, heto po, parehong bagay. Buweno, ngayon, ang mga Hebreo ang kinakausap niya. Kita n'yo? Ngayon ituloy n'yo pa ang pagbasa sa kabanata, hanggang sa magpatuloy riyon at ang sinasabi, "Isang kakila-kilabot na bagay ang mahulog sa—sa mga kamay ng Diyos na buhay." Ngayon, heto ang isang tao na gaya nung mananampalatayang alanganin. Heto, heto ang isang . . . Heto, ganoon din ang narito, ganap na halimbawa ang nakikita ko sa isipan ko.

²²⁶ Tinawag ng Diyos ang Israel palabas ng Egipto. Nagsilabas ang lahat ng mga taong ito, naligtas ang bawat isa sa kanila, tumawid sa Dagat na Pula papunta sa ilang. Tama ba? Ang Dagat na Pula . . . Noong handa na sila, nakinig sa mensahe ni Moises, nagsimulang magmartsa, (pag-aaring ganap) bumaling sila, nagsimula roon.

²²⁷ Dumating sila sa Dagat na Pula, (ang Dugo), at dumaan sa Dagat na Pula, at sa likuran nila'y ang lahat ng mga tagapangasiwa na nakahandusay, patay na. Tatlong araw na lang at makakarating na sila sa lupang pangako. Kita n'yo? Ganoon na lang, wala nang apatnapung milya, kita n'yo. Haya't naroon na sila, dalawang araw na lang ay mararating na sana nila 'yun.

²²⁸ Yan ang nilalayon kong ipangaral sa Phoenix ilang araw mula ngayon, sa pagpupulong ng Business Men, *Pananatili sa Bundok na ito*. Anupa't pinanatili Niya sila roon mismo sa loob ng apatnapung taon dahil kanilang . . . Uh-huh! Kita n'yo?

²²⁹ Mangyari mismo na nakarating sila rito at lumingon sila, (pagpapaging banal), "Oh, hallelujah! Purihin ang Diyos! Luwalhatiin ang Diyos. Hallelujah! Nakahimlay na roon ang dating bagay na dating nanliligalig sa akin, na patay na. Ang dating sigarilyong minsan kong hinitit ay wala na. Ang dating alak na iniinom ko noon ay naroon nang lahat sa dagat na pula ng Dugo ni Jesus Cristo. Oh luwalhati sa Diyos! Hallelujah!"

²³⁰ Ang bawat isa sa kanila ay nakarating na roon, nasa harapan na nila ngayon ang Canaan, tumawid na sa Jordan. Buweno, kumuha siya ng kinatawan mula sa bawat angkan. Tama ba? At ipinadala sila roon. Buweno, sabi ng ilan sa kanila, "Ah, ah, ah, hindi natin magagawa 'yun. Hindi, ito—ito . . . Aba'y, mukha lang tayong mga tipaklong sa tabi nila!" Kita n'yo?

²³¹ "Ngayon, anong klase ng iglesya ang pangangaralan ko kung ituturo ko 'yung Espiritu Santo at lahat nung mga

bagay na 'yun na kagaya nun? Aba, mababakante ang mga upuan ko. Magsisilabasan ang mga miyembro ko na Methodist, ang mga miyembro ko na Baptist, ang mga Presbyterian ko.” Hayaan mo silang magsilabas. Mga kambing na sila sa simula pa lang! Ang naisin mo’y mga tupa, kita mo. Kita n’yo? Hindi kayo nagpapastol ng mga kambing. Magpastol kayo ng mga tupa! Para saan pa ang pagpapastol ng mga kambing samantalang...?...at mayroon namang mga tupa para pastoran? Kita n’yo? At heto—heto kayo rito, kita n’yo. Palagi kong sinasabi na mangangaral ako sa apat na haligi at ipapangaral ang Katotohanan, sa Iglesya. Siyanga, po, kayo’y dumalo rito.

²³² Pero nakita n’yo ngayon, anong ginawa niya? Bumalik sila, at sina Josue at Caleb, dalawang porsiyento, o tama ba’yung porsiyento na’yun...dalawa mula sa...dalawang kalabindalawa nila, dalawang kalabindalawa. Buweno, labindalawa sila, ’yun nga’y dalawa sa labindalawa, dalawang kalabindalawa sa kanila ang naniwala Rito. Pumasok sila mismo roon sa lupang pangako, sabi, “Grabe, napakagandang lugar ito na matitirhan.” Si Josue at Caleb, siyanga’t, nagtitiwala sila sa Salita; ibinigay ito ng Diyos sa kanila, sabi “sa inyo ’yan.” Pumunta sila, pumigtas sila ng isang malaking bungkos ng mga ubas, at heto na sila na hila-hila ito pabalik nang *paganito*. “Halina, mga kasama! Napakagandang lugar nito! Kumagat kayo,” kita n’yo, mga ubas na mga *ganoong* kalalaki.

²³³ At, oh, grabe, nakita nga nila ang mga ’yun, pero sabi, “Ah, hindi natin makakayang gawin ’yun.” Pagbalik nila, ang sabi nila, “Hindi, kapatid, dinala lang tayo ng Moises na ito rito sa ilang,” ang Espiritu Santong ito, kita n’yo, na kanyang kinakatawan, “ay dinala tayo rito sa ilang. At heto tayo, sira na ang pagmiministryo natin, at mangyaring hindi natin kayang gawin ang *ganoong* bagay.”

²³⁴ “Umatras na,” kita n’yo, “sila na minsang naliwanagan, inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, pinaging banal.” Kita n’yo, tumawid na sila sa ikalawang dambana at natunghayan na ang lupang pangako. “Tayo na minsang naliwanagan at naging...nakalasp ng mga kaloob ng Kalangitan.” Kita n’yo, “nakalasp” na Nito. Dinala ito pabalik. “Nakikita natin na tama Ito. Nakikita nga talaga natin Ito.” “Nakalasp ng mga kaloob ng Kalangitan, mga naging kabahagi ng Bagay na ito, kita n’yo, ng Espiritu Santong ito, nakibahagi na Rito.”

²³⁵ “Mabuti ’yan, tunay naman, tingnan n’yo’yung—yung lalaki na’yun. Aba, alam kong bulag siya, ngayon ay nakakakita na siya. Tingnan n’yo’yung matanda...Siyanga’t, anong nangyari sa tao na’yun? Sinong mag-aakalang ang batang’yun na walang

pinag-aralan. . . nakatayo siya roon na Pinapaalab ang mundo.”
Kita n’yo? Kita n’yo? Kita n’yo?

²³⁶ At pagkatapos ay tumalikod, kita n’yo, at naging. . . muling panunumbalikin ang kanilang sarili, babalik muli sa pagsisisi, babalik para ipangaral ang pagsisisi sa halip na yaong sinabi Niya sa una, inilalagay ang. . . ating. . . Alam n’yo, ’yung tungkol sa paglalatatag muli sa saligan ng mga patay na gawa sa pagsisisi, at iba pa. Gagawin natin ito, kung loloobin ng Diyos, kita n’yo. Kita n’yo, gagawin natin ito. Babalik tayo at ilalatatag ang saligang ito noon, pero bumabalik sa pagsisisi mismo, para pagsisihan ito sa pagpunta roon. “Patawad dahil nagpunta ako roon,” at umari sa Dugo ng tipan na nagpabanal sa kanya na para bang Ito’y isang “di-banal na bagay,” at umalipusta sa mga gawa ng biyaya. Napahamak nga siya, kapatid! Ganoon mismo. Tapos na siya. Kita n’yo?

²³⁷ Buweno, ngayon, kita n’yo, hindi maaari para sa isang hinirang na anak na magawa ’yun. Hindi niya ’yun gagawin. “Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig.” Kung tumawag sa Canaan o saan man ito, pupunta sila. Kita n’yo? “Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig.”

[Nagtatanong ang isang kapatid, “**At kailangan nilang paniwalaan ang Mga Gawa 2:38, din naman, hindi po ba?**”—Pat.]

²³⁸ Kailangan ’yun, bawat katiting na bahagi ng Kasulatan, dapat Itong tanggapin lahat. Ganoon mismo, kapatid.

114. Mayroon bang dalawa, mayroon—mayroon bang dalawang magkaibang uri ng mga wika sa Biblia? May pagkakaiba ba ang mga wika na binibigkas sa pribadong panalangin, at sa iglesya kung saan kinakailangan ang pagpapaliwanag? Noong Araw ng Pentecostes ang mga wika ay nauunawaan ng mga tao ng iba’t ibang bansa; pero sa Unang Mga Taga-Corinto 14:2, may di-kilalang wika na sinasalita sa Diyos, hindi sa tao. Ipinahihiwatig ng Unang Mga Taga-Corinto 13:1 ang ganoong tao. . . (C-o-r, sa palagay ko’y Corinto 13 ’yun, kung anong. . .) . . . sa ganoong tao at ang iba’y sa mga anghel.

²³⁹ Oh, oo. Kita n’yo? Buweno, ito. . . Ngayon, kapatid, kung sino ka man, sinagot mo—mo na ang sarili mo rito. Kita mo? Kita n’yo:

Mayroon bang dalawang magkaibang uri ng mga wika?
(Marami pong iba’t ibang wika. Kita n’yo?) **Mayroon bang dalawang makaibang uri ng mga wika sa Biblia, dalawang magkaibang wika?**

²⁴⁰ Noong Araw ng Pentecostes naroon ang bawat bansang nasa ilalim ng Langit na may mga wika. Kita n’yo? Sige.

At may pagkakaiba ba ang mga wikang binibigkas sa pribadong panalangin at sa mga iglesya kung saan kinakailangan ang pagpapaliwanag? Oo.

²⁴¹ Nagsalita rin si Pablo rito sa mga taga-Corinto kung saan mo tinatanong dito, at ang sabi niya, “May mga wika ng mga anghel at mayroong wika ng tao.” Ngayon, ang mga wika ng mga anghel ay kapag ang isang tao ay nanalangin na siya—na siya at ang Diyos, lamang. Pero kapag nagsasalita siya ng isang—isang wika, dapat itong mabigyang-paliwanag sa iglesya, para sa ikatitibay ng iglesya. “Ang nagsasalita sa isang di-kilalang wika ay pinatitibay ang sarili; ngunit ang nagsasalita . . . ang nagpropesiya ay pinatitibay ang iglesya.” Kaya nga sabi niya, “Mas nanaisin ko pang magsalita ng limang salita ng may pang-unawa kaysa sampung libong di-kilalang wika, maliban na lang, kung may pagpapaliwanag.” Kung gayon ito’y—ito’y sinalita sa pamamagitan ng propesiya na nakapagpapatibay. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

²⁴² Ngayon, ang . . . Ngayon, may dalawang magkaibang wika, mga tao at mga anghel. Kita n’yo? At sabi ni Pablo, “Kung ako’y magsalita ng wika ng mga tao at mga anghel,” kita n’yo, kapwa mga tao at mga anghel, kapwa mga wikang ’yun, ’yung hindi . . .

²⁴³ Ngayon, diyan nga sinasabi ng mga Pentecostal, na grupo na nagsasabing katibayan daw ang mga wika, na ang sabi sa akin, sabi niya, “Ngayon, Kapatid na Branham, napaglalabo-labo mo ito.”

²⁴⁴ Sabi, sabi ko, “Buweno, kung kukunin mo ito ayon sa Mga Gawa 2:4, kung ganoon ay narinig ka ng lahat na nagsalita sa lingguwahe ng kapanganakan nila.”

“Oh!” sabi niya. At “Hindi! Hindi!” sabi nila.

Sabi ko, “Ganoon ’yun. Siyanga, ginoo.”

²⁴⁵ Sabi, “Ngayon, Kapatid na Branham, napaglalabo-labo mo.” Sabi, “Ang sinasabi mo ay tungkol sa . . .” Sabi, “May mga wika ng ‘mga anghel.’ Yun ’yung Espiritu Santong bumababa at nagsasalita sa pamamagitan mo.”

²⁴⁶ Ngayon, parang maganda sa pandinig, kita n’yo, para bang hitik sa katotohanan, pero hindi ito ang buong Katotohanan. Noong sinabi ni Satanas kay Eba, “tunay na hindi ka mamamatay,” ’yun ay isang . . . sinabi niya rito ang maraming katotohanan, pero hindi ’yun ang Katotohanan. Kita n’yo?

²⁴⁷ Ngayon, sabi, “‘Mga tao at mga anghel,’ at ang anghel na sinasabi niya ay . . .”

²⁴⁸ Ngayon, tingnan natin kung paanong hindi ito swak sa Kasulatan. Kita n’yo? Ngayon, hindi ito “aayon,” ang ibig kong sabihin. Ipagpaumanhin n’yo, hindi ko sinasadya na sabihing “swak” sa mga Kasulatan. Ang ibig kong sabihin “umaayon” sa

mga Kasulatan, o “tumalunton, tumutugma” sa mga Kasulatan haya’t yan ang pinakamainam na salita.

249 “Ngayon, ang taong nagsasalita ng wika ng mga anghel,” sabi niya, “wika ’yun ng Espiritu Santo na” sabi niya, “ngayon, kapag inyong, ating, kanilang natanggap na ang Espiritu Santo.”

Sabi ko, “Siyanga’t . . . Kailan, saan mo Ito natanggap?”

250 Buweno, sinabi niya sakín ang mismong lugar, ang minuto at ang oras. Hindi ko pinag-aalinlanganan kung anong ginawa niya. Kita n’yo? Wala akong. . . Hindi ako ang magpapasya sa kanya. Kita n’yo? Sabi niya, “Doon ko ’yun sinalita.” Alam niya eksakto ’yung lugar. Sabi, “May nangyari nga sa akin.”

251 Sabi ko, “Pinaniniwalaan ko ’yan. Kita mo? Pero ganoon pa man hindi ’yun ang katibayan ng Espiritu Santo sa’yo, iho.”

“Oh, oo!” Sabi, “Yun ’yun, ’yun nga ito!”

At, “Hindi.”

Sabi niya, “Ngayon, tingnan mo, may gusto akong sabihin sa’yo, kapatid.”

252 Sabi ko, “Ang mga tao ba sa mga tagapakinig mo, ’yung simbahan doon sa Indianapolis kung saan sinabi mong natanggap mo Ito, narinig ka ba nung mga taong ’yun na nagsalita ka sa Ingles na sinasabi sa kanila ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli at ang kapangyarihan ng Diyos at ang lahat-lahat?”

Sabi niya, “Aba, hindi! Nagsalita ako sa—sa di-kilalang mga wika.”

253 Sabi ko, “Hindi mo ito nakamtan ayon sa Mga Gawa 2:4, dahil bawat . . . wala ni isang salita na hindi kilala. ‘Naririnig namin ang bawat tao sa sarili naming lingguwahe.’”

254 “Oh,” sabi niya, “Kapatid na Branham, nakikita ko kung saan ka nalilito.” Sabi niya, “Kita mo,” sabi niya, “mayroong mga wika na mga wika ng mga anghel, noong natanggap mo ang Espiritu Santo,” sabi, “kaya nagsasalita ka ng mga wika at wala nang kailangang magpaliwanag nun, ’yung—’yung Espiritu Santo mismo ang nagsasalita. Kita mo? Pero heto naman ’yung may kaloob ka ng mga wika, at ’yun ang may pagpapaliwanag.”

255 Sabi ko, “Kung ganoon inilalagay mo ang kariton sa unahan ng kabayo. Sa araw pala ng Pentecostes ay inilagay nila ang kariton sa unahan ng kabayo. Bago nila natanggap ang Espiritu Santo, ’yung di-kilalang mga wika, ay nagsalita sila ng mga wika na nauunawaan.” Kita n’yo? Kaya ito talaga’y . . .

256 May dalawang magkaibang mga wika. Wika ng mga anghel, ’yun ang tao na nasa pribadong pananalangin sa isang dako na nakikipag-usap sa Diyos, nakikipag-usap sa Diyos sa mga wika ng mga anghel. Puwede akong magbigay ng isang halimbawa

ngayon din, pero wala na akong oras. Naaalala n'yo noong dumating 'yung babae sa awditoryum doon, sa kung taga-saan si Doktor Alexander Dowie, sa Zion. Naaalala n'yo ba ako roon? At sinundan ako ni Billy doon para papuntahin ako sa pagtitipon, at sabi ko, "Billy, bumalik ka na." At ako . . .

Sabi niya, "Ano ang iniinyak mo? May pumunta ba rito?"

²⁵⁷ Sabi ko, "Wala, iho. Bumalik ka na, sabihin mo kay Kapatid na Baxter na mangaral mamayang gabi."

²⁵⁸ At lumuhod ako sa sahig at ang sabi ko, "Panginoon, anong nangyayari sa akin?"

²⁵⁹ At bigla-bigla na lang may Isa akong narinig sa may pinto, na nagsasalita sa ibang mga wika. Sa isip-isip ko . . . Aleman 'yun. Sa isip-isip ko, "Buweno, dumating siguro ang taong 'yun para makakuha siya ng isang . . ." Huminto ako, alam n'yo, sa pananalangin, pinakinggan ko siya habang nakatayo roon nang paganito. At sa isip-isip ko, "Buweno, paano kaya mauunawaan 'yun nung lalaking 'yun?" Dahil kakilala ko 'yung tao na nagpapalakad ng motel na 'yun, mga limang milya sa labas ng siyudad, alam n'yo. Kailangan kong lumabas doon (napakaraming tao nga sa paligid), isang maliit na bayan. Sabi ko, "Buweno, nakapagtataka naman 'yun. Uh." At sabi ko, "Hayan . . . Buweno, naku, nakarinig ka na ba ng isang . . . ano . . . Yung lalaki'y di siya humihinga, halos." Kita n'yo, ganoon ang iniisip ko, dahil sa bilis ng pagsasalita niya! Buweno, sabi ko, "Buweno, siyanga't, aba, ako pala 'yun!" Kaya nanatili ako roon na taimtim lang, kita n'yo, hindi ako umimik . . . basta't nanatili lang nang talagang taimtim. Maya-maya natapos na Siyang magsalita, at noong matapos na Ito, para bang kaya kong sumugod sa isang hukbo o lumundag sa isang pader.

²⁶⁰ At lumabas ako at papalabas na si Billy sa tarangkahan at sumigaw ako sa kanya, "Sandali lang!"

²⁶¹ Bumalik siya, umiinom siya ng soda pop. At sabi niya, "Daddy, anong nangyari?"

²⁶² Sabi ko, "Maghintay ka lang sandali, sandali lang, sasama ako sa'yo."

²⁶³ Sinimulan ko nang maghugas ng mukha nang mabilis. Sabi niya, "Anong nangyari?" Alam nga niyang mainam na kausapin ako, sa pagpunta sa pagtitipon. Sabi niya, "Anong nangyari?"

²⁶⁴ Sabi ko, "Wala, wala, wala, wala lang. Basta pumunta na tayo sa pagtitipon."

²⁶⁵ Nagpunta kami sa pagtitipon, nakaupo na roon si Kapatid na Baxter na tumutugtog, "*Walang kahit ano sa pagitan ng kaluluwa ko at ng Tagapagligtas.*" Pumasok siya, sabi niya, "Whew! Akala ko di ka na darating!"

Sabi ko, "Sh." Umakyat na ako't nagsimula nang mangaral.

266 Noong natapos ako, noong papatapos na akong mangaral, buweno, naku, may para bang ingay sa likod ng gusali, doon sa likod ng malaking awditoryum na 'yun. Nagpaabot ng mikroponong may mahabang kable doon sa likod, at may isang babae roon na naglalakad nang pabalik-balik sa pasilyo, sumisigaw sa abot ng kaya niyang pagsigaw.

267 Napag-alaman, na mayroon daw siyang TB, at lumuwas ng Twin Cities, Saint Paul, ayaw na siyang dalhin ng ambulansya dahil natatakot silang baka puputok na ang baga niya. Sabi ng doktor, "Ang itsura na, nung baga niya'y para nang bahay ng bubuyog," sabi, "kung sakaling pumutok ang mga ito ay mamamatay siya. Ganoon lang." At kinuha ng ilang mga banal ang isang kotseng '38 Chevrolet, at inalis ang upuan sa likod at inayos ito, inilagay siya roon at habang nasa daan na. At natamaan nila ang isang umbok o parang ganoon, at bigla siyang dinugo, at basta nagsimula na mismong bumulwak ang dugo, at siya...lumalabas 'yun sa ilong niya't lahat nang paganoon. Nanghina nang nanghina siya, at haya't...Ayaw niyang mamatay sa kotse, sinabihan niya sila na huminto at ilagay siya sa isang damuhan.

268 Binuhat nila siya palabas. At nakatayo silang lahat sa palibot niya, nananalangin, at bigla na lang na sinabi nung babae na may humagip sa kanya't tumayo siya. At hayun na siya, sumisigaw roon sa daan, nang sinlakas ng makakaya niya. Hayun siya roon sa simbahan, sadyang naglalakad nang pabalik-balik sa pasilyo.

269 Sabi ko, "Kapatid na babae, anong oras 'yun?" Eksakto mismo sa oras na nagsasalita ang Espiritu Santo sa pamamagitan ko. Ano 'yun? Mga kaloob.

270 Para sa ano ba na—na nakahimlay roon 'yung matandang opossum sa may tarangkahan para maipanalangin? Isang mangmang na hayop, ni wala man lang kaluluwa, hindi nakakaalam ng tama sa mali; kita n'yo, walang kaluluwa, (may espiritu), pero wala itong kaluluwa.

271 Ano ito? Namamagitan ang Espiritu Santo. Nagpadala ang Diyos ng isang kaloob sa lupa, at sadyang hindi na makapaghintay pa ang Espiritu Santo kaya bumaba na lang Siya at sumanib sa akin at nagsimulang magsalita Siya Mismo nang ganoon, sa Kanyang Sarili, namamagitan Siya Mismo. At noong tingnan namin ang oras, sa mismong parehong minuto na siya'y...inilapag nila siya roon sa isang kapisrasong lupa nang paganoon, tinitingnan-tingnan nila...Dahil alam nilang mamamatay na siya, kailangan nilang sabihin kung anong oras siya mamamatay. Noon mismong minutong 'yun na bumaba ang Espiritu Santo sa akin doon at nagsimulang mamagitan, na nagsasambit, ng mga salita, hindi ko maunawaan ang mga 'yun,

kita n'yo, hayun nga 'yun, sumasambit. Yun ang Espiritu Santo na nagsasalita.

272 Hindi ko na kailangang malaman 'yun. Kita n'yo, hindi na. Iyon ang kanyang. . . marahil ang anghel niya. Dadako tayo riyon sa ilang minuto, kita n'yo, na pumunta roon at ibinigay ang mensaheng 'yun, kita n'yo.

273 Ngayon—ngayon, 'yun—'yun nga'y tama. May dalawang magkaibang wika, ang isa dun ay dapat. . .

274 May tanong ba? Sige, sinisikap na alamin kung anong sinasabi ng Diyos, kita n'yo. Ngayon, ang—ang masasabi ko, Kapatid na Stricker, doon, patungkol doon, ay sikapin mong huwag isipin ang tungkol doon, kita mo. Basta hayaan mo lang ang Espiritu ang siyang magsalita Mismo. Huwag mong piling unawain ito, kita mo, basta't isuko mo lang ang sarili mo nang mas malalim pa sa Espiritu. Kita mo? Dahil sa ganyan sinusubukan n'yo na—na—na sabihin, “Uy, anong ginagawa mo?” Kita n'yo? “Uy, kinakausap mo ba ako? Huh?” Nakita n'yo, siya'y. . . kita n'yo, sinusubukan niya.

115. Ngayon. Tama lang ba para sa isang tao na magsalita ng mga wika kapag ipinapanalangin ang ibang nasa paligid ng altar [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] **nang walang pagpapaliwanag?** [Blangkong bahagi sa teyp.]

275 Sige't titingnan ko lang kung anong isinulat ko tungkol doon, titingnan ko lang po. Kung walang tagapagpaliwanag, ay tumahimik sila. Sa Unang Mga Taga-Corinto, sa unang kabanata. . . sa ika-14 na kabanata at sa ika-28 talata. Sino pong may Biblia? [Binabasa ng isang kapatid ang Unang Mga Taga-Corinto 14:28—Pat.]

[. . .kung walang tagapagpaliwanag ay tumahimik siya sa iglesya; . . .]

276 Sige. Ngayon, kung walang tagapagpaliwanag, anumang oras sa iglesya, saanman sa iglesya, tumahimik kung walang tagapagpaliwanag.

277 Sa altar, ang tanging bagay na ang isang tao. . . Madalas naririnig n'yo na ang mga tao'y nagpupunta sa altar. Nabalitaan ko ang isang minamahal na kapatid kamakailan lang sa altar, pumunta siya roon mismo't niyugyog ang isang tao sa likod, at saka nagsalita sila mismo ng mga wika, sinasalita ito na parang sinisikap nilang ipakita sa kanila kung anong gagawin. Kita n'yo, 'yun ay parang artipisyal na dinadala ang Espiritu Santo (sinusubukan) sa mga tao. Huwag n'yong gawin 'yun. Kita n'yo? Ang bagay na dapat gawin ay pabayaang n'yo lang ang taong 'yun. Hayaan n'yo silang itaas ang kanilang mga kamay hanggang sa dumating ang Espiritu Santo, kita n'yo. Kita n'yo? Kaya ito—ito'y—ito'y mali. Hindi, siyanga't dapat silang tumahimik sa iglesya, kita n'yo.

278 [Nagtatanong ang isang kapatid, “Kapatid na Branham?”—Pat.] Sige, kapatid. [“Halimbawa ang isang tao’y nasa isang gawain at—at sa pagtatapos ng gawain, kadalasan kapag papasok ang isang mensahe, ’yung tao na mayroong kaloob, masasabi nila, o masasabi ba nila ang pagkakaiba sa pagitan ng—ng anghel. . . ng wika ng anghel o ng mensahe na dumarating dito?”]

279 Ngayon, tingnan natin. Ngayon. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . hangga’t papasok sila at isusulat ang bagay na ’yun, ilalagay ito sa aking mesa. Kita n’yo? At babasahin ko ito mismo nang ganito. Pero pagpasok ko sa silid na ’yun doon, kapatid, ay ’yun nang lahat ito. Kita n’yo?

280 At bago sila pumasok dito, tatayo sila sa banda rito at ang lahat ay tumahimik sa abot ng makakaya nila. At paroroon ang kapatid na babae, si Kapatid na Irene, doon sa—sa may altar, na tumutugtog na roon, tumutugtog ng *Down at the Cross*. Hindi natin. . . Yung mga usher ay lalakad lang nang pabalik-balik sa harap at likod. Kapag makakakita sila ng sinumang nag-uusap, sasabihin nila, “Sh, sh, sh.” Kita n’yo? At kapag ang mga bata’y. . . Mauupo sila nang talagang magiliw at sasabihin nila, “Bahay ito ng Panginoon, iho. Hindi dapat. Dapat kang magpakabait sa bahay ng Panginoon.”

281 At ang lalaki’t ang maybahay niya, at lahat sila, kanilang pinapasabit ang mga amerikana nila’t mga bagay na gaya nun. May isang nasa may pintuan para asikasuhin sila sa sandali na bumukas ang pintuan. Ang. . . at ang lahat ay handa na para magsimula, alam n’yo, inilalagay na sa kaayusan ang iglesya. Pinauupo ang bawat isa at sinisigurado kung nakaupo na sila.

282 At nasa silid ako, nananalangin, naroon na mula marahil alas dos o alas tres pa ng hapon. Walang gumambala sa akin. Nagpunta ako roon dala ko ang mensahe.

283 At kapag oras na para mag-umpisa, sinimulan na ng tagapanguna ng awitan ang isang awitin, “Bumuklat tayo sa himno bilang *ganito-at-ganoon*,” gaya ng, *Doon sa may Krus na Tagapagligtas ko’y namatay*, parang ganoon, alam n’yo, at magtutuluy-tuloy nang paganoon. Pagkatapos nagpapaawit kayo ng mga dalawang espesyal. . . Hindi tayo naglalagay ng masyadong maraming oras sa pag-aawitan; ang Salita ang mas pinaglalaanan. Kung may pag-aawitan sila ng mga himno, para diyan ’yung mga regular na pag-aawitan ng mga himno. Tayo’y—tayo’y. . . Ang Salita ang siyang pinaka pangunahing bagay na ipinaparito ng mga tao, ito ang bahay ng pagtutuwid.

284 At pagkatapos marahil ang kamanggagawa, katulad nina Kapatid na George, Kapatid na George DeArk, ay tatayo at maghahandog ng panalangin. At pagkatapos magkakaroon tayo isang espesyal, gaya ng solo o bagay na parang ganoon. At pagkatapos ay oras na, may magpapabatid sa akin na oras na

para lumabas. Kung oras na, siyanga't, lalabas na ako nang sariwa sa ilalim ng pahid. Kita n'yo?

²⁸⁵ Buweno, marahil sa sanlinggong 'yun ay nagkaroon sila ng isang pagtitipon kung saanman dito sa bahay-sambahan, nagkaroon sila ng sarili nilang pagtitipon. Marahil bago magbukas ang gawain para sa gabing 'yun, nagkaroon na sila ng pagtitipon. At dito ito'y... Narito na ito sa akin, at sasabihin, "Nakasulat dito sa papel na ito na may bagyo na darating sa lalawigang ito sa susunod na linggo," o kung ano, na, alam n'yo, bagay na parang ganoon na mangyayari. "Naisulat ito, sinalita sa mga wika, at ipinaliwanag ng dalawang banal sa iglesya rito, sina Kapatid na *Ganito-at-ganoon* at Kapatid na *Ganito-at-ganoon*. Dalawang saksi nito ang nagbigay ng patotoo rito, nakalagda ang kanilang mga pangalan dito, na ito'y naitala na 'ito ay sa Diyos,' ito'y *ganito-at-ganoon* at *ganito-at-ganoon*." Yun 'yung unang bahagi ko.

²⁸⁶ Tapos sasabihin ko, "Sige, maghahanda na tayo para rito, ang lahat ay manalangin. Kita n'yo? Ngayon may espesyal na kahilingan ba, sinuman?" Alam n'yo. "Manalangin tayo." Tatayo at mananalangin. Diretso na sa Salita, sa Salita na mismo.

²⁸⁷ Pagkatapos na pagkatapos ng gawain, tatawag ng pagdulog sa altar. Kita n'yo? Maglalagay ng importansya sa pagtatawag sa pagdulog sa altar, ang pagtatawag sa pagdulog sa altar, dadalhin ang mga tao sa altar. At kapag natapos na ang pagtatawag sa altar, siguro mananalagin na ako para sa mga maysakit, kita n'yo, o bagay na gaya nun.

²⁸⁸ At naisagawa ang gawain dahil ang espiritu ng mga propeta ay nakapasailalim sa propeta.

²⁸⁹ Iyon ang iniisip ko... Naaalala n'yo pa ba 'yung gabi noong nakita ko 'yung pangitain noong lumapit sa akin ang anghel? Nakaupo ako roon sa silid, nagbubulay. Bandang, oh, sa kalaliman na 'yun ng gabi, sinasabi, "'Ang espiritu ng mga propeta ay... ' Papaano kaya 'yun?" Tiningnan ko 'yung Liwanag na kumikislap, at heto na Siyang naglalakad papunta roon sa kinaroroonan ko. Kita n'yo? Noong sandali na 'yun ay inatasan Niya ako roon mismo, kita n'yo, sa mga pagtitipon na ito.

²⁹⁰ Ngayon, hindi, ang—ang tao nga mismo na nagbibigay ng mensahe. Yun, 'yung tanong mo, sa paniwala ko, "Ang tao na nagbibigay ng mensahe, siya ba... ang—ang tao ba na nagbibigay ng mensahe, malalaman ba niya kung ang anghel 'yun ng Panginoon o hindi?"

²⁹¹ [Sinasabi ng isang kapatid, "Ngayon, ang tanong po, sinasabi mo roon na ang mga wika ng mga anghel..." Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sa palagay ko hindi. Ngayon, ito ang paraan ng pagsasagawa natin dito ngayon. Haya't, kita

n'yo, kapag gagawin natin sa paraan na nararapat, kung saan regular silang nagtitipon para dun, hahayaang . . .

²⁹² Kita n'yo, ang bawat isa sa mga 'yun ay isang pagmiministeryo. Halimbawa, *ikaw* ay nagsasalita ng mga wika, *siya* ay nagpapaliwanag, at nagsasalita *siya* ng mga wika, nagpropopesiya naman *siya*; kayo ay karaniwang miyembro lamang, sa iglesya, pero sa kabila nun ay may ministeryo kayo at may kung anong bagay sa inyo. Sinisikap n'yong tumulong sa Kaharian ng Diyos, gumagawa ng bagay para rito, kita n'yo, at kaya kayong mga kapatid ay nagtitipon. Yun ang dahilan kung bakit ang mga pastor, gaya nito, nagtitipon din kami, ay mayroon kaming pagkakatulad. Nagtitipon kayo na mga kapatid, pinag-aaralan ang mga Kasulatan, at nagsasalita ng mga wika at nagpapaliwanag, at ibinibigay ang naturang mga mensahe, kita n'yo.

²⁹³ Pero, ngayon, kung ang taong ito, pagkatapos, kung mapagtanto niya . . . Nakapunta na siya sa mga pagtitipon, mayroon siyang kaloob ng mga wika. Buweno, pumupunta siya sa pagtitipon, nagsasalita siya ng mga wika pero walang ibinibigay na pagpapaliwanag, hindi ito nauunawaan ng tagapagpaliwanag.

[Nagtatanong ang isang kapatid, **“Masasabi mo ba kung ganoon na ang mga taong 'yun ay nakapagpapatibay sa Katawan, pero ang mga katungkulan gaya ng mga pastor, mga tagapagturo, at ganoon, ay nakapagpapasakdal sa Katawan?”**—Pat.]

²⁹⁴ Oo, para dun 'yun, sa pagpapasakdal. Kita n'yo? Ibinigay ang mga ito para sa ikasasakdal, kita n'yo. Naniniwala ako, ang—ang—ang mga Espiritu ay ibinigay upang isakdal, para sa kasakdalan ng iglesya.

²⁹⁵ Ngayon, sila, ang mga taong ito na nagsasalita, puspos sila ng Espiritu, hindi maikakaila 'yun. Ngayon, narito ang isang lalaki, marahil nagsasalita siya rito sa pagtitipon, at nagbibigay ng . . . Ngayon, nasa harapan siya ng mga tagapagpaliwanag, kita n'yo, at sa kabila nun ay walang makakuha sa paliwanag, siyanga't talagang may mali. Hindi 'yun matutulungan ng tagapagpaliwanag, kita n'yo. Siya—siya'y kailangan magbigay ng paliwanag sa pamamagitan ng kási na gaya nung nagsasalita nun. At maaaring mayroon siyang tunay na kaloob ng pagsasalita ng mga wika, pero wala siya nung kaloob ng mga wika, isang lingguwahe. Kita n'yo, siya . . .

²⁹⁶ At kung ganun ang dapat niyang gawin, kapag ginamit niya ang wikang ito, pagkatapos makita niya . . . Ngayon, ang bagay na kanyang—kanyang di pinagpipilitan . . . Kung sususubukan niya muling itaas ang sarili niya, isa siyang hambog. Hindi siya . . . Siya—siya'y mali sa simula pa lang, kita n'yo, wala siyang mararating. Kita n'yo, 'yung inaakala n'yo, “Buweno,

luwalhatiin ang Diyos, ayaw lang ipaliwanag nung lalaking 'yun ang mga wika ko. Ganoon lang ito." Ngayon, kita n'yo, mali na siya sa simula pa lang. Doon mismo'y mayroon na siyang—mayroon na siyang maling motibo, mali ang layunin. Kita n'yo?

²⁹⁷ Pero kung siya'y magiliw at mapagpakumbaba, na sinasabi, "Buweno, marahil ay hindi gusto ng Panginoon na gamitin ako sa gawain Niya. Pero sa kabila nito ako. . . Sadyang pinagpapala niya ang kaluluwa ko. Nais Niyang patibayin ako, na malaman na ako'y malapit sa Kanya kapag nagsasalita ako ng mga wika. Kaya pupunta ako roon sa taniman ng mga mansanas, 'Oh Diyos!' At ang kapangyarihan ay magsisimulang bumuhos sa akin at magsisimula akong magsalita ng mga wika. Ako'y papasok nang sariwa, kita n'yo." "Oh, kita Mo, nakikipag-usap Ka sa akin, Panginoon, pinapanatili Mo lamang ako na nakalinya sa pamamagitan ng pagsasalita ng mga wika." Kita n'yo? "At, Panginoon, dapat sana'y kinausap ko ang lalaking 'yun. Patawarin Mo po ako dahil dito, Panginoon. Aking—aking—aking pinalampas ang isang bagay na hindi ko dapat pinalampas. Ama, sana'y patawarin Mo ako." At, direktso mismo, magsisimula na itong magsalita ng mga wika. "Ah, whew, mas mabuti na ngayon ang pakiramdam ko tungkol dito!"

²⁹⁸ Nakita n'yo, ayos lang 'yun. Kita n'yo, ang inyong—ang inyong kaloob ay hindi dapat na gamitin sa iglesya, kundi ito'y para patibayin kayo. "Ang nagsasalita ng di-kilala (hindi kilala) na wika ay pinapatibay ang sarili." Kita n'yo? Ngayon, kung walang tagapagpaliwanag, kung ganoon. . . Nakita n'yo na ang ibig kong sabihin? Kita n'yo, 'yun lang 'yun. Kaya hindi niya malalaman sa sarili niya. Kanya lamang. . . Pero malalaman niya kapag siya'y kasama.

Ngayon, ngayon kailangan n'yo lang itong hayaan na makasama, kita n'yo, 'yun ang tanging magagawa n'yo hanggang sa maihiwalay n'yo ito. Yan ang dahilan kung bakit sa tingin ko na ito'y. . .

116. Ipaliwanag ang Unang Mga Taga-Corinto 14:5.

²⁹⁹ Sino nang nakabuklat nito agad? May isa ba sa inyo na nakabuklat na nito? [Blangkong bahagi sa teyp. Binabasa ng isang kapatid ang Unang Mga Taga-Corinto 14:5—Pat.]

[. . .*lahat ay mangagsalita ng mga wika, datapuwa't lalo na ang kayo'y magsipanghula: at lalong dakila ang nanghuhula kay sa nagsasalita ng mga wika, maliban na kung siya'y magpapaliwanag, upang ang iglesya ay magpatibay.*]

³⁰⁰ Sige. "Mas gugustuhin ko. . . Nais ko sanang kayong lahat ay magsalita ng mga wika." Ang sinisikap sabihin dito ni Pablo. . . Gaya ng iglesya, kayo—kayo po'y ang iglesya ko. Ang ilan sa mga iglesya ni Pablo noon ay hindi naman kasing dami ng mga miyembro na mayroon ako mismo rito. Siyanga, kung minsan

sampu o labindalawa lang. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, ngayon sabi niya, "Nais ko sanang kayong lahat ay magsalita ng mga wika." Nagulat ba kayo roon?

³⁰¹ Kita n'yo, noong ang—ang—ang iglesya na 'yung. . . sa Mga Gawa 19, sa paniwala ko ay may nasa sandosenang miyembro rito. Kita n'yo? Napakakaunti lang, mga pagmimisyon, kita n'yo. Kaya noon pa ma'y nasa minorya na ito, kita n'yo. At sa tingin ko ang sabi nito'y mayroong mga kasindami, na sandosenang kalalakihan at kababaihan, kita n'yo, dito.

³⁰² Ngayon, kung inyong—iyong makikita rito, sabi niya, "Nais ko sanang lahat kayo ay magsalita ng mga wika. Nais ko—nais ko sanang lahat kayo ay magsalita, ang lahat ay magsasalita ng mga wika, na talagang mapuspos nang husto ng Espiritu Santo na basta na lang magsasalita kayo ng mga wika. Pero" sabi, "Mas gugustuhin kong magpropesiya kayo; maliban na ito'y para magpaliwanag, ay magkaroon ng pagpapaliwanag."

³⁰³ Paano ang basa dun? Sino. . . Nabuklat n'yo ba diyan, sige. . . ? . . . Basahin natin itong muli. Ngayon pakinggan:

³⁰⁴ [Binabasa ng isang kapatid ang Unang Mga Taga-Corinto 14:5—Pat.]

[Ibig ko sanang kayong lahat ay mangagsalita ng mga wika, . . .]

Ngayon sandali lang, "Ibig ko sana na kayong lahat ay magsalita ng mga wika."

[. . . datapuwa't lalo na ang kayo'y magsipanghula: . . .]

"Mas gugustuhin kong lahat kayo'y magsipanghula."

[. . . at lalong dakila ang nanghuhula kay sa nagsasalita ng mga wika, . . .]

Ngayon pansumandali po.

³⁰⁵ Ngayon, ano ang, "Lalong dakila ang nagpropropesiya"? Diyan n'yo ba ako gustong huminto muna? [Sinababi ng isang kapatid, "Kasasabi ko lang, 'Yun ay ibang. . . ? . . .'"—Pat.] Oo. Kita n'yo? Oo. Kita n'yo? Ngayon, heto 'yung dako. . .

³⁰⁶ Ngayon, sabihin n'yo halimbawa, ngayon, may dalawang tao na walang nalalaman sa gitna natin ngayong gabi. Wala silang nalalaman tungkol dito, at darating ako at kayong lahat. . . sisimulan natin ang pagtitipon na ito rito, at—at basta na lamang kayo magsisimulang magsalita ng mga wika, ang bawat isa sa inyo'y magsasalita lang ng mga wika, magsasalita ng mga wika, at magsasalita ng mga wika, at magsasalita ng mga wika. At, buweno, ano 'yun? Kita n'yo, sasabihin nung taong hindi nakakaalam, "Uh! Baliw silang lahat!" Kita n'yo? Pero kapag ang isa'y nagpropropesiya, kita n'yo, kung ganoon nagsasalita ito ng isang bagay na naiintindihan niya.

307 Ngayon, ipagpatuloy mo't basahin ang iba pa nito. [Ipinagpatuloy ng kapatid—Pat.]

[. . . *maliban na kung siya'y magpapaliwanag, . . .*]

Hayan nga. Ngayon, “maliban,” kita n’yo. Akin—Aking. . . Yung mga—yung mga nagpropesiya ay lalong dakila kaysa sa nagsasalita ng mga wika *maliban* na magbigay ito ng interpretasyon. Ngayon, tuloy lang, kita n’yo.

[. . . *upang ang iglesia ay mapagtibay.*]

Hayan po, kita n’yo, ang igleysa ay mapagtibay.

308 Ngayon, sa ibang salita, siyanga’t, ang igleysa, ang lalaking ito. Narito—narito ang *ganitong* karami rito na hindi nakakaalam, nakaupo mismo kayo sa piling namin ngayong gabi; na idinadaos namin ang pagtitipon na ito. Narito tayong lahat na hinahanap ang ating. . . nagnanais na malaman ang tungkol sa Panginoon, lahat kayo ay basta na lang magsisimulang magsalita ng mga wika. Walang nagsabi ng kahit ano, basta na lang nagsimulang magsalita ng mga wika. “Ibig kong kayo. . . Aking. . . Mainam naman ’yun,” Sabi ni Pablo. “Lahat kayo ay nagsasalita ng mga wika, mainam naman ’yun.” Pero ano kaya kung ang ilan sa inyo’y magpropesiya, tatayo at magsasabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘May isang lalaking nakaupo rito at isa siyang estranghero sa gitna natin. Ang pangalan niya ay *John Doe*. Taga-roon siya sa *ganitoganoong* lugar. Iniwan niya ang kanyang maybahay at apat na anak doon. Narito siya ngayong gabi dahil humihingi siya ng tulong. Nagpakonsulta siya sa isang doktor ngayong araw doon sa Memphis, Tennessee. At ang sabi niya. . . Sinabi ng doktor sa kanya na mayroon daw siyang kanser sa baga. Mamamatay na siya’”?

309 Ang sabi niya, “Kung lahat kayo ay nagsasalita ng mga wika at dumating ang hindi nakakaalam sa gitna n’yo, sasabihin niya. . . mangyaring sasabihin niya, ‘Hindi ba kayo nababaliw lahat o hibang?’ Pero kung ang isa sa inyo ay nagpropesiya at ipinapahayag ang lihim ng puso, kung magkagayon ay magpapatirapa sila, magsasabi, ‘Tunay na kasama n’yo ang Diyos!’” Nakikita n’yo?

310 Buweno, ngayon, narito. Ngayon ay nagsasalita kayo ng mga wika, pero ang isa’y nagbibigay ng paliwanag, na sinasabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” sa ilalim ng pagpapaliwanag, “‘May lalaki na nakaupo sa gitna natin, na iniwan niya ang kanyang maybahay, na nasa Nashville ngayong araw,’” o Memphis, o kung ano man ito, “‘at mayroon siyang kanser sa baga. Pumunta siya rito, at ang pangalan niya ay *John Doe*,’” *Ganito-at-ganoon* parang ganoon. Kita n’yo?

311 “Kapag ito’y mabigyan ng interpretasyon,” o, kita n’yo, kung magkagayon ay nagpapatibay ito. Kita n’yo? Pagkatapos

ay sasabihin nila . . . Pagkatapos ay lababas ang lalaking 'yun, sasabihin, "Sasabihin ko sa iyo, huwag n'yong sabihin sa akin na hindi kasama ng mga taong 'yun ang Diyos sa dako roon. Tunay ngang kasama nila! Talagang hindi naman ako kilala ng mga taong 'yun." Kita n'yo?

³¹² Kaya naman gusto natin ng mga kaloob ng propesiya *saka* ang mga kaloob ng pagsasalita ng mga wika. Pero, sa pagsasalita ng mga wika, kita n'yo, kailangang may interpretasyon. At pagkatapos, kapag ito'y nabigyan ng interpretasyon, ito na'y propesiya. Kita n'yo? Ito na'y propesiya. Ngayon, dadako ako sa tanong na 'yan maya-maya, kaya aking—aking dadakuan na 'yan agad-agad hangga't maaari. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

117. Mateo 18:10.

[Binabasa ng isang kapatid ang Mateo 18:10—Pat.]

[. . . *na huwag ninyong pawalang halaga ang isa sa maliliit na ito; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na ang kanilang mga anghel—mga anghel sa langit ay nangakakakitang palagi ng mukha ng aking Ama na nasa langit.*]

³¹³ Buweno. Ngayon, ang kapatid, kung sino ka man, haya't walang mga pangalan, maliliit lang na papel, kita n'yo, ang nagsabi nito. Sigurado aking . . .

³¹⁴ Ngayon, maaari mo itong kunin sa dalawang paraan, kita mo. Pero sa tingin ko ang paliwanag, kung ako ang tatanungin mo, "Ipaliwanag mo ito," siyanga't ang paraan ng pagpapaliwanag ko rito ay ganito.

³¹⁵ Ngayon, bumuklat kayo sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, kahit sino, 5:1, sinasabi nito ang ganito, "Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa . . ." Alam n'yo na kung ano ito, kita n'yo. "Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay mayroon tayo," alam n'yo, "na naghihintay." Sige.

³¹⁶ Ngayon, ngayon Kanyang . . . Kung mapapansin n'yo, sa Mateo 18:10, nagsasalita Siya tungkol sa pagdadala ng maliliit na "bata." Sila'y maliliit na bata, mga musmos, tatlo o apat na taong gulang, kinakarga sila. "Dinala nila sa Kanya ang mga bata, bata." Ang *mga bata* ay nagmula sa pangalan na "bata." Ang isang bata ay isang maliit—maliit lamang na paslit, hindi isang sanggol kundi sa pagitan lang ng sanggol at ng isang binatilyo't dalagita. Kita n'yo? Hindi pa ito responsable para sa sarili nito.

³¹⁷ Ngayon, sabi Niya, "Pag-ingatan ninyong huwag *hamakin*." Kung talagang kukunin n'yo ang interpretasyon ng salitang 'yun, ay "pagmalupitan." Kita n'yo, "Ang pagmalupitan ang isa sa mga ito." Pagmalupitan ang isang bata, hindi n'yo dapat gawin 'yun. Mga bata lang sila, wala silang nalalaman. Kita n'yo?

318 At ngayon pansinin, sabi, “Sapagkat sila . . . ang kanilang mga anghel ay nakakakita palagi sa mukha ng Aking Ama na nasa Langit,” kita n’yo. Sa ibang salita, “Yung kanilang mga anghel, yung kanilang—kanilang mga mensahero, yung kanilang mga katawan, mala-anghel na katawan na pupuntahan nila kung sila ay mamatay, ay palaging nasa harapan ng mukha ng Aking Ama sa Langit.” Kita n’yo?

319 Ngayon, “Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, mayroon na tayong isa na naghihintay.” Tama ba? Isa’yung katawan.

320 Tingnan n’yo rito. Kung mayroon lang sana akong oras para talakayin ang mga ito! Haya’t, alam ko na di ako—di ako magkakaroon ng mahabang oras. Pero, dito, hayaan n’yong ipahayag ko lamang ito sa inyo para mailagay ito sa teyp, at makukuha n’yo ito kahit papaano.

321 Tingnan n’yo, isang gabi noon ay nasa bilangguan si Pedro. Nagkaroon sila ng isang pagtitipon para sa pananalangin doon sa bahay ni Juan Marcos, kita n’yo. At mangyari mismo na pumasok ang Anghel ng Panginoon, yung Haliging Apoy, bumaba ang isang Liwanag, at inakala ni Pedro na nananaginip siya noong makita niya ang Liwanag na ito na lumapit sa kanya. Sabi ng Biblia, “Isa itong Liwanag.” Kita n’yo? At naniniwala akong Ito Yaong kasama rin natin, kita n’yo, bumaba Siya. At mapasok man tayo sa parehong problema, marahil ganoon ding bagay ang mangyayari. Kita n’yo? At pumasok doon, at mangyaring sinabi Niya, “Halika, sumama ka sa Akin.”

322 Kaya sa isip-isip ni Pedro, “Nananaginip ako ngayon, kaya titingnan ko na lamang kung anong ibig sabihin ng panaginip na ito.” Mangyari mismo na dumaan siya sa tabi ng mga tagapagbantay, at sa isip-isip niya, “Uh-huh. Ngayon magtuluy-tuloy lang tayo, basta na lamang bumukas na kusa ang pinto.” Lumabas sa kasunod na pinto, kusang bumukas. Dumaan sa mga pintuang-bayan, at bumukas din ito nang kusa. At iniisip pa rin niyang nananaginip lang siya. Kaya noong tumayo siya roon sa labas, at sabi, “Buweno, malaya na ako, kaya pupunta ako mismo sa bahay ni Juan Marcos at makikipagtitipon.”

323 Naroon sila, “Oh Panginoon, magpadala Ka ng Iyong Anghel at iligtas si Pedro.”

324 At noon ding oras na ’yun may pumunta [Kumakatok si Kapatid na Branham—Pat.]. Pumunta’yung munting dalaga sa may pinto at nagsabi, “Sinong nariyan?” Itinaas ang maliit na bintanang-silipan, sabi, “Aba, si Pedro’yun!” Kaya bumalik siya, sabi, “Uy, puwede na kayo—puwede na kayong huminto sa pananalangin ngayon, nandiyan na si Pedro.”

Sabi niya, “Oh, naku! Sige na,” sabi “kayo’y—kayo’y—kayo’y. . .” Kita n’yo?

325 [Kumakatok uli si Kapatid na Branham—Pat.] Sabi, “Buksan n’yo! Papasok ako.” Kita n’yo? At kaya ang sabi niya . . .

Kaya bumalik siya, sabi, “Hindi, si—si Pedro ito na nasa pintuan.”

326 “Oh,” sabi nila, “pinugutan na nila siya ng ulo, anghel na niya ’yan sa may pintuan. Kita n’yo, ang kanyang Makalangit na tabernakulo, natanggap na niya ito, at nasira na ang isang makalupa na ito, dahil naghihintay na ito sa Langit para puntahan niya.”

327 Ang nakita ko noong isang araw sa pangitaing ’yun, alam n’yo, sa pagtawid. “Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, mayroon na tayo.”

328 At ang mumunting mga batang ito na hindi pa nakakagawa ng kasalanan, kita n’yo . . . Kita n’yo?

329 Kapag ang isang sanggol ay—ang isang sanggol ay nabubuo sa sinapupunan ng isang ina, sa sandaling mailagay ito roon . . . Kita n’yo? Kita n’yo? Pero sa una ito’y isang espiritu. At habang ang espiritung ’yun ay nagsisimulang magkalaman, ’yung isang munting binhi ng buhay ay nagsisimulang magsalaman, at sa sandaling mailuwal ito mula sa kanyang . . . Ngayon, sa sinapupunan, ito’y isang maliit, nangangatog, nanginginig na mga kalamnan. Alam natin ’yan. Mga selyula ’yun. Parang kumuha ka ng buhok ng isang kabayo at inilagay ito sa tubig, ito’y tatalikwas at gagalaw ito, at kung hipuin mo ito haya’t ito’y tatalon. Ganoon ang isang sanggol.

330 Pero sa sandaling maipanganak ito sa mundong ito at huminga ng kanyang unang hininga, magiging buhay ito na kaluluwa. Kita n’yo? Dahil sa sandaling maipanganak ang makalupang katawan sa mundo, may makalangit na katawan, o isang espirituwal na katawan, na hahawak dito. At sa sandaling masira ang natural na katawang ito, mayroon nang Makalangit na tabernakulong naghihintay rito. “Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, may isang Makalangit na tabernakulong naghihintay para rito.” Sa sandali mismo na—na mailuwal ang bata sa lupa sa laman, may isang katawang espirituwal nang naghihintay para tumanggap dito. At sa sandaling ang espirituwal na katawan . . . ang natural na katawan ay masira haya’t may isang espirituwal na katawan na naghihintay na roon. Kita n’yo? Isang “theophany” ang tawag natin dito, kita n’yo, isang theophany.

[Tinatanong ng isang kapatid, **“Buweno, ngayon, ang katawang ito ay isang . . . pansamantala lang ba ’yun, samantalang naghihintay sa pagkabuhay na mag-uli ng katawang ito?”**—Pat.] Oo. Kita n’yo? Oo. Oh, oo. [**“Yun ba ang kalagayan na ating titirhan hanggang sa—sa pagkabuhay na mag-uli?”**] Tama. Kita n’yo? Kita n’yo?

331 Hindi pa ito naipahayag sa mga anak ng tao. Naniniwala ako...Alam kong—alam kong nakita ko na ito. Kita n'yo? Pero hindi ko alam kung anong klase ng katawan ito, pero nararamdaman ko sila na katulad din ng nararamdaman ko ang inyong mga kamay o anumang bagay. Mangyari po, na itiniteyp ito at maaaring iparirinig n'yo ito nang mga taon pagkatapos na yumao na ako. Kita n'yo? Pero...At 'yun, kung ano man 'yun, kita n'yo, aking—aking nahahawakan ang mga taong 'yun at nahihipo sila, at ganoong katotoo mismo sa—sa kung papaanong kayo'y totoo, at gayunman hindi...Hindi sila kumakain o umiinom man. Wala roong kahapon o bukas. Kita n'yo, Walang Hanggan doon.

332 At ngayon kapag ang tabenakulong 'yun...umalis sila roon sa katawang 'yun, bumalik sila sa lupa, at sa uri ng katawang 'yun ay naging walang kamatayan na sila. Ang—ang alabok ng lupa ay natipon sa theophany na 'yun sa kung anong paraan at naging tao silang muli, na kinailangan nang kumain gaya noong naroon sila sa halamanan ng Eden. Kita n'yo? “Pero kung masira ang katawang ito na ukol sa lupa, mayroon na tayong isang naghihintay.”

333 Kaya ang mga batang ito na walang kasalanan, kita n'yo, wala pang kasalanan, ang kanilang *mga anghel*, ang kanilang “mga katawan” (yung binalikan ni Pedro...) kita n'yo, ay naghihintay. “Nakikita ang mukha ng Ama, sa Langit,” nasa harapan Niya ito sa tuwina; “alam nila ito.” Hayan ito.

334 [Sinasabi ng isang kapatid, “Pero medyo mahirap lalo't sa bahagi kung saan sinabi ni Jesus, sa unang bahagi ng Kanyang muling pagkabuhay, sabi Niya, ‘Huwag mo Akong hawakan,’ noong hindi pa Siya nakakaakyat. At pagkatapos noong pumasok Siya sa silid kung saan naroon si Tomas, ang sabi Niya, ‘Halika rito at ipasok mo ang iyong kamay sa Aking tagiliran; ilagay mo ang iyong daliri.’”—Pat.] Tama 'yun, hindi pa Siya nakakaakyat noon. [“At ang—ang pagkakaiba nung dalawa, doon sa isa'y Kanyang—Kanyang sinabi sa kanila na huwag Siyang hawakan, at doon naman ay sinabi Niya kay Tomas na lumapit at hawakan Siya.”] Hindi pa Siya nakakaakyat din noon, kita n'yo. Siya...[“Sapagkat hindi pa Ako nakakaakyat sa Aking Ama.”]

335 Siyanga, kita n'yo, hindi Siya dapat hawakan hanggang sa Siya...pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Lumabas Siya mula sa lupa, kita n'yo. Bumangon Siya mula sa lupa at lumalakad na sa gitna ng mga tao, pero hindi pa Siya nakakaakyat. Sabi Niya...ang sabi Niya kay Maria, sabi Niya, “Huwag mo Akong hawakan.”

Sabi niya, “Rabboni.”

336 Sabi Niya, “Hawakan...Huwag mo Akong hawakan, sapagkat hindi pa Ako nakakaakyat sa Ama. Subalit Ako'y

aakyat sa Aking Diyos na inyong Diyos, sa Aking Ama at inyong Ama.”

³³⁷ At pagkatapos noong gabing 'yun, pagkatapos Niyang umakyat sa harapan ng Diyos, at nagbangon mula sa mga patay, umakyat na sa itaas sa harap ng Diyos. Sa pagbalik, inanyayahan na Niya si Tomas na lumapit at hawakan ang Kanyang tagiliran. Kita n'yo, nakaakyat na Siya sa harapan ng Diyos. Siyanga. Sige.

118. Ngayon. Sa Unang Mga Taga-Corinto 14, “Pakamithiin—pakamithiin ninyo ang pag-ibig, at pagsikapan ninyong mithiin ang mga kaloob na espirituwal, lalong-lalo na ang kayo'y makapagpropesiya.” Ang Webster, ay nagsasabi, “propesiya: ang sabihin ang tungkol sa hinaharap na mga pangyayari bago pa man, lalo na sa pamamagitan ng banal na kasi.” Ang isang mensahe ba... Ngayon kanilang... 'yan—'yan ang sabi ng Webster at 'yung bagay na—na itinanong ng kapatid na lalaki. Ang isang mensahe ba ay matatawag na “pagpropesiya” na hindi paunang nagsasabi ng mga pangyayari sa hinaharap?

Hindi, po. Ang *pagpropesiya* ay “paunang pagsasaysay bago mangyari.” Kita n'yo? Sige.

119. Ngayon. Unang Mga Taga-Corinto 14:27, naniniwala akong ang lahat ng mga mensahe ay dapat na maipaliwanag at hindi hihigit sa tatlong mensahe na mga wika ang dapat na ibigay sa alinmang isang gawain.

³³⁸ Yun ang Kasulatan. Naisulat ko ito rito. Mangyaring, hindi tayo... Pamilyar na tayo riyan at alam na natin 'yan, kita n'yo. Yun ay... Siyanga, po, ito'y... dapat na tatlong sunud-sunod lang. Nasa Unang Mga Taga-Corinto rin 'yun, siyanga. Kita n'yo? Siyanga, “tatlong sunud-sunod.” Ngayon ay matyagan n'yo 'yun sa inyong mga pagtitipon, mga kapatid. Ngayon, inyong—inyong makikita ang tulad n'yan na lilitaw, makikita n'yo na lang maraming tao ang naaantig. At huwag n'yong sasabihin na wala sa kanila ang Espiritu Santo, siyanga. Anupa't, kita n'yo, nagpunta si Pablo para ayusin ang iglesya ng Corinto. Alam nating lahat 'yan, hindi ba? At kinailangan niyang ilagay sa ayos. At sabi niya, “Gawin ang lahat ng mga bagay nang nararapat at may kaayusan.”

³³⁹ Ngayon, kung napansin n'yo, si Pablo, sa paghayo, palagi siyang may problema sa iglesya ng Corinto. Hindi n'yo siya matagpuan na ganoon sa... Wala siyang sinabi tungkol dito sa iglesya ng Efeso, maaari niya silang turuan tungkol sa Walang Hanggang kasiguraduhan. Walang anumang tungkol sa Walang Hanggang kasiguraduhan doon sa—sa iglesya ng Corinto. Sanggol sila sa tuwina, pinipilit, “Ang isa'y nagsasalita ng mga wika, ang isa'y may salmo.” Hindi ba't ganoon? Kita

n'yo? At kung pababayaang mo ang kongregasyon na magsimula sa ganoon . . .

³⁴⁰ Katulad ni Martin Luther, labis na napuspos siya ng Espiritu hanggang sa nakapagsalita siya ng mga wika. Sabi niya, sa kanyang talaarawan, sabi niya, “Nagsalita ako ng mga wika,” sabi niya, “pero kung ituturo ko sa mga tao ko ang ganoon” sabi, “hahanapin nila ang kaloob sa halip na ang Nagkaloob.” Tama nga naman, kita n'yo, hahanapin nila ang kaloob sa halip na ang Nagkaloob.

³⁴¹ At 'yun ang nakukuha ng mga tao, at naguguluhan sila at nagiging hambog kapag pinababayaang nila silang magsalita ng mga wika o bagay na ganoon. At kung hindi ito sa Diyos, kung ganoon ay hindi ito . . . magiging walang-kabuluhan lang ito. Pero tayo . . .

³⁴² Ngayon, binabalewala ng mga modernong simbahan ang buong bagay na ito, pero tayo'y hindi. Naniniwala tayong ito'y kaloob ng Diyos at maaaring inilagay roon ng Espiritu ng Diyos. Nakita mo, Kapatid na Roy? Ganoon nga. Siyanga, po. Inilagay sa iglesya! Para ito sa iglesya. Ang kaloob ng pagsasalita ng mga wika ay para dun, kita n'yo, sa Iglesya ng Diyos.

³⁴³ Ngayon, tingnan natin ngayon kung ano ang eksaktong tanong niya rito. Sinabi, na:

Naniniwala akong ang lahat ng mga mensahe . . . (siyanga) . . . ay dapat mabigyan ng interpretasyon, at tatlong sunod-sunod.

³⁴⁴ Ganoon nga, kita n'yo, dahil kapag hinayaan n'yo ang . . . Ngayon sabihin natin, halimbawa, gaya kapag nagtitipon kayo at nakaupo tayo rito at—at . . . Ngayon, anong mabuting maidudulot na *siya'y* pahintulutan magsalita ng mga wika, *siya* rin ay magsalita ng mga wika, *siya* rin ay magsalita ng mga wika, *siya* rin? Aba'y, malilito na tayong lahat na di na natin alam kung anong ginagawa natin. Kita n'yo? Tatlong sunod-sunod, hayaang . . . halimbawa, si Hollin, nagsasalita siya ng mga wika, kapag nagsalita siya ng mga wika . . .

³⁴⁵ At dapat na may magbibigay rin ng interpretasyon. Ngayon, maaaring magkaroon ng isang tagabigay ng interpretasyon maliban kung ikaw mismo ang magbibigay ng interpretasyon sa sarili mong sinalitang mga wika. Ngayon, kayo . . . “Siyang nagsasalita ng mga wika ay dapat manalangin din na siya'y makapagbigay ng interpretasyon.” Maaari niyang ipaliwanag ang sarili niyang sinalitang wika na kasing—kasing tumpak din kung paano sa isang tagapagpaliwanag. Pero dapat mayroong isang tagapagpaliwanag bago ang mga wika ay maaaring . . . Kung mayroon kang isang grupo ng mga tao na nagsasalita ng mga wika at walang tagapagpaliwanag, kung ganoon ay ipanalangin mong makapagpaliwanag ka mismo kung ano ang iyong—kung ano ang sinasabi mo.

³⁴⁶ Ngayon, huwag mo lang gagawin ito para ipagmalaki mo ang iyong sarili, dahil pinatitibay mo lang ang sarili mo kung ganoon, kita mo. Huwag n'yong gawin 'yun. Kundi magsalita kayo ng mga wika para mapagtibay n'yo ang Diyos, mapalakas n'yo ang iglesya. Kita n'yo, itong lahat na ito'y para sa isang malaking layunin, kapatid. Ang mga kaloob na ito'y upang malugod ang Diyos, upang patibayin ang iglesya, upang dalhin ang mga tao sa Diyos, upang ipabatid sa kanila na kasama natin ang Diyos. Hindi Siya patay na Diyos, Siya'y buhay na Diyos na gumagawa sa gitna atin. Kita n'yo?

³⁴⁷ At kailangan lang natin matyagan 'yun nang talagang mabuti dahil, naku, labis na kinasusuklamang 'yan ng diyablo, kita n'yo, na makita ang tunay na totoong mga kaloob. Dahil mahina ang mga kaloob, at talagang magagawa niyang mangialam sa mga kaloob na 'yan. Naku, oh, naku, may kakayahan siyang gayahin ang bawat isa sa mga 'yan. Kaya 'yun ang dahilan . . .

³⁴⁸ Ngayon, tingnan n'yo, ang kaibhan ng isang kaloob ng propesiya at ng isang propeta, sadyang mayroong milyong milyang pagkakaiba. Bago ang isang propesiya . . . Ang isang tao na may kaloob ng propesiya ay maaari pa ngang suriin bago saysayin sa harap ng iglesya, kailangan may dalawa o tatlo na susuri at sasabihin "totoo 'yun." Ganoon nga. Pero hindi ang isang propeta. Kita n'yo? Ang propeta ay isang katungkulan. Ang kaloob ng propesiya ay isang kaloob. Ang isang propeta na ipinanganak, ay may GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kapatid, nang tuluy-tuloy mismo. Walang anupaman doon, kita n'yo. Ganoon ang isang propeta. Pero ang kaloob ng propesiya, isang kaloob 'yun, kita n'yo. Ang isa'y katungkulan sa Diyos, at ang isa nama'y kaloob ng Diyos. Kita n'yo? At ganoon ang pagkakaiba.

³⁴⁹ Ngayon, ang mga mensahe, sabihin natin, ngayon, halimbawa, magiging ganito 'yun. Ngayon, sabihin natin, gaya ni Kapatid na Junie, ngayong gabi, siya ay nagbibigay ng interpretasyon. Alam nating isa siyang tagabigay ng interpretasyon. Si Kapatid na Neville ay isa ring tagabigay ng interpretasyon, kita n'yo, nagpapaliwanag ng mga wika. Alam natin 'yun. Ngayon, paano kung nakaupo tayo rito ngayong gabi, oh, tapos ang Espiritu ng Diyos ay talagang biglang darating para magsalita. Siyanga't, grabe! At hindi tayo . . . kailangan nating . . . kailangan natin . . . Maghintay, magsisimula na ang simba sa ilang sandali. Kita n'yo, tayo'y—tayo'y nagtitipon bago mismo ang simba. Inilalagay ko ito sa kaayusan katulad ng ginagawa natin dito.

³⁵⁰ Buweno, pagkatapos, bigla na lang, tatayo si Kapatid na Ruddell at magsasalita ng mga wika. Maghintay lang sandali. Kita n'yo? Biglang tatayo si Junie, "GANITO ANG SABI NG

PANGINOON, 'Isang *ganito-ganoong* bagay.'" Sige, may isa rito, isusulat 'yun ng mga tagapagsulat sa banda rito, kita n'yo, kung ano man ang sinabi; uh-huh, bibilisan mismo ang pagsulat, dahil ito . . . para sariwa itong makukuha, 'yung mismong sinalita niya. Buweno, kanilang . . . Kung—kung tanggihan ito, kung ganoon ay mainam na inyong—inyong pabayaan na lang ito, kita n'yo, punitin ito. Pero kung hindi ito tinanggihan, tinanggap ito ng dalawang tao, kung ganoon ay isusulat ito rito, pipirmahan nila ito ng kanilang pangalan. Kita n'yo? Yun—'yun—'yun nga'y para sa inyong iglesya. Yun ay . . . Sinasabi ko ito sa inyong lahat para sa kapakinabangan n'yo, kita n'yo, hindi ko alam kung ginawa nila 'yun sa umpisa o hindi.

³⁵¹ At bigla na lang, tatalon si Hollin, magsasalita ng mga wika. Ngayon, maaaring ulitin ng tagapagpaliwanag ang parehong mensahe, kita n'yo, maaaring ito rin 'yun, na isang bagay na magaganap, isang propesiya; kita n'yo, isang bagay na nakatakdang mangyari, o isang bagay na dapat n'yong gawin. Tatayo naman si Kapatid na Roberson, sa likod, magsasalita ng mga wika. Buweno. Maaaring ito pa rin ang mensahe, ibibigay ang parehong pagpapaliwanag, kita n'yo, o maaaring tatlong pagmemensahe.

³⁵² Ngayon, hindi magbibigay ng limampung mensahe ang Diyos sa isang gabi. Alam natin 'yan, dahil di n'yo—di n'yo 'yun kayang kunin. Kita n'yo? Pero kung anuman ang nagpapabigat sa iglesya, gaya ng . . . o bagay na ginagawa nito, ay para ito sa ikatitibay ng iglesya. Kita n'yo? Kung ganoon di ko—di ko—di ko pahihintulutan ang higit pa roon, kita n'yo, dahil ang sinasabi Nito, "Dapat ay tatlong sunud-sunod." Kita n'yo?

³⁵³ Tatlong sunud-sunod lang, pagkatapos—pagkatapos ay sasabihin kong "Sige't isulat n'yo ang mga ito, at ilagay n'yo ito roon sa itaas sa pulpito." Kita n'yo? Pagkatapos bukas ng gabi ay magkikita-kita tayong muli. Kita n'yo? Kung may bagay na nakatakdang mangyari sa pagitan ngayon at bukas ng gabi, Sasalitain 'yun ng Diyos sa isa sa mga mensaheng 'yun. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ipahintulot ang tatlong sunud-sunod. At sa palagay ko ngayon, sinasabi ni Webster, magagawa ng propesiya . . .

Maaari bang pag- . . . matawag na propesiya ang isang mensahe na hindi nagsasaysay ng hinaharap?

³⁵⁴ Hindi. Kung propesiya ito, ito'y nagpropesiya, paunang nagsasabi bago mangyari ang isang bagay. Ganoon 'yun, siyanga rin.

³⁵⁵ Sige, ang sa tingin ko . . . Ngayon ito na ang huli hanggang sa dumako tayo sa mga ito rito.

120. Kapatid na Branham, maaari—maaari bang ang alinman sa mga ito . . . Kapatid na Branham, alinman sa mga tanong na ito . . . Makinilya ang ginamit kaya't halos

mabura na ito. **Maaari bang alinman sa mga tan-... Kapatid na Branham, alinman sa mga tanong na ito na hindi ka napangungunahan na sagutin o paglagakan... o magkomento (oo), magkomento, ay isantabi't, hinding-hindi sasama ang loob ko. Ano po ba ang buong tungkulin ng isang diyakono ayon sa Kasulatan?**

³⁵⁶ Buweno, sa palagay ko—sa palagay ko mayroon na sila nun doon. Kung ito'y... Alam kong isa ito sa mga diyakono ng ating iglesia. Haya't sa palagay ko mayroon na silang tuntunin nito roon. Siguro'y dapat kumuha tayo ng ilan pa roon na mga kopya at ipamahagi sa bawat isa sa ating mga diyakono kung wala pa tayo nito. Makakakuha kaya tayo ng kopya nun, Gene, isa... o, ikaw o si Kapatid na Leo, o ilan sa kanila, mga... kumuha marahil ng mga anim o walo nun at ipamahagi ang mga 'yun sa mga diyakono natin. Nakasaad dun ang mga tungkulin, ayon sa Kasulatan, kung ano ang dapat gawin ng isang diyakono.

121. Kung sakaling magkaroon kami ng isang propesiya o isang mensahe sa mga wika na wala sa kaayusan, papaano po ba dapat namin ito itatama?

³⁵⁷ Ngayon, magandang kaso 'yan sa di-inaasahang pangyayari, kita n'yo. Kita n'yo? Ngayon, pagpalain ka, diyakonong nagbanggit nito, dahil isa itong magandang bagay. Gusto mong hawakan ito na animo'y may gamit na gomang guwantes. Ngayon, kung magbibigay ka ng isang... May dumating sa kongregasyon natin dito at magbibigay ng isang mensahe o isang propesiya na wala sa kaayusan, wala ka na halos magagawa tungkol dito kung naroon na sila nagsasalita. Kita n'yo? Inyo na lamang... Alam nilang wala sila sa kaayusan at ito'y—ito'y... maaaring makasira sa gawain. Kita n'yo? Pero, kung ganoon, ang pinakamabuting bagay na gawin, para sa mga diyakono, ay ang tumahimik lang. Kita n'yo? Dahil ang propeta sa entablado ang siyang talagang... Kayo'y—kayo'y kanyang proteksyon, kayo ang pulis niya, kita n'yo, mga bantay kayo sa paligid namin. Kita n'yo?

³⁵⁸ Ngayon, kung isa ito sa ating kong-... Kung labas ito sa ating kongregasyon, hindi naturuan 'yung tao, kita n'yo, hindi sila naturuan. Yun ang sinisikap nating maiparating dito, kita n'yo, para malaman natin—natin ang gagawin. Alam natin kung paano tuturuan ang mga tao natin. Pero kung ito'y—kung ito'y labas sa ating kongregasyon, buweno, hindi natin alam kung paano naturuan ang kaawa-awang tao na 'yun.

³⁵⁹ Halimbawa, katulad na lang... naaalala ito ni Billy, doon sa Costa Mesa, California. Sa tuwing naghahanda ako para tumawag para sa pagdulog sa altar ay may isang babaing tumatalon-talon, at tumatakbo taas-baba pabalik-balik doon sa mga pasilyo, nagsasalita ng mga wika, at talagang sinisira niya 'yung pagtawag sa pagdulog sa altar. At umaalis na lamang

ako. Makikita mo na ang Espiritu ay—ay napighati na, kita n'yo. Walang makakapighati sa Espiritu ng Diyos kung ito'y nasa ayos. Kita n'yo? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . bago lamang siya naghanda para magsimula, haya't inihahanda nung babae ang sarili niya, mangyari nga na minamatyagan ko siya. Gagawin 'yun ng sinumang ministro kapag nakita niya ang anumang bagay na wala sa kaayusan. Pagkatapos 'yung babaing 'yun ay naroon uli sa likod at sinabi niya kay Billy, at sinabi naman ni Billy sa akin pagpasok ko nung gabing 'yun, sabi, "Daddy, naalala mo ba 'yung babaing sumira dun sa mga—sa mga pagtawag sa pagdulog sa altar, dalawang gabi na?"

"Oo."

³⁶⁰ Sabi, "Nakaupo siya roon," sabi, "sabi niya, 'Luwalhatiin ang Diyos, Billy, may isa pa akong mensahe ngayong gabi!'"

³⁶¹ Buweno, ngayon, kita n'yo, pinagmasdan ko siya roon sa mga dumalo. Libu-libong tao ang naroon; 'yun ay noong isinulat ng *Reader's Digest* 'yung tungkol sa pagpapagaling kay Donny Morton, alam n'yo, *Ang Himala kay Donny Morton*. Kaya minatyagan ko ang babaing 'yun, at noong oras na nagsimula na akong tumawag sa pagdulog sa altar, siya . . . Ngayon, hindi lang siya naturuan; hindi maikakaila, isa siyang mabuting babae. Pero tumingin-tingin siya sa paligid, sinimulan niyang ayusin ang buhok niya. Maiksi ang buhok niya, kita n'yo. Kaya, kita n'yo, kabilang siya sa Assemblies o ilan dun sa mga iglesya na—na nagpapahintulot nun. Inaayos niya ang buhok niya. Umabot siya sa ibaba't hinila pataas ang kanyang stockings, naghanda na parang ganoon. At noong oras mismo na sinimulan ko nang tumawag para sa pagdulog sa altar . . . Sabi ko, "Ngayon, ilan dito . . . ilan po ba ang narito ngayon na gustong lumapit sa harap at—at ibigay ang kanilang mga puso sa Panginoong Jesus?"

³⁶² Tumalon siya. Sabi ko, "Maupo ka." Nagsimula nga siyang tumalon. Sabi ko, "Maupo ka!" Kita n'yo? At, naku, ang lahat . . . huminto na lamang ako. Umakto siya na para bang di niya ako narinig, at isinigaw ko 'yung muli. Narinig na niya ako noong oras na 'yun, dahil para bang inuga ko ang gusali sa malaking mikroponong naroon mismo. At naupo siya.

³⁶³ Sabi ko, "Ngayon, gaya ng sinasabi ko, ilan ang gustong lumapit sa altar at ibigay ang kanilang mga puso sa Diyos?" At ipinagpatuloy ko na ang pagtitipon, kita n'yo.

³⁶⁴ At noong gabing 'yun noong papunta na ako sa trak, pinaligiran ako. At narito 'yung grupo ng mga kababaihan na nakatayo roon na parang isang grupo ng mga manok, alam n'yo, "Nilapastangan mo ang Espiritu Santo."

³⁶⁵ Sabi ko, "Nilapastangan ko?" Sabi ko, "Paano kong lalapastanganin ang Espiritu Santo sa pagsunod sa isi- . . . sa pahayag ng mga Kasulatan?" Kita n'yo?

366 At sabi nung babaing ito, “Mayroon sana akong mensahe kanina mula mismo sa Diyos.”

367 Sabi ko, “Pero ibinibigay mo ito sa maling pagkakataon, kapatid.” Sabi ko, “Hindi ko . . .”

“Sinasabi mo ba na hindi—hindi ’yun sa Diyos?”

368 Sabi ko, “Hindi ko masasabi, ginang.” Sabi ko, “Ako’y—ako’y—ako’y naniniwalang ganoon nga, kita mo.” Sabi ko, “Sasabihin ko ito para sa kapakanan mo, na, ‘Sinasabi kong naniniwala akong ganoon nga.’ At naniniwala akong mabuti kang babae, pero wala ka sa kaayusan.”

369 At naroon ang pastor niya na nakatayo roon. Alam kong siya ang pastor nito, kita n’yo. At sabi ko . . . sabi ko—sabi ko, “May iisang bagay lang akong masasabi, na alinman sa ikaw ay nasa laman o mayroon kang pastor na nagturo sa’yo na wala siyang anumang nalalaman tungkol sa mga Kasulatan.” Sabi ko, “Dapat sana’y pumunta siya at nakipag-usap sa amin nang kaunting panahon tungkol sa mga Kasulatan. Mali kasi ’yun, wala ka sa kaayusan. Maraming kaluluwa ang naiwala mo, noong gabi bago kagabi, at marami muli kagabi, at ganoon din sana ngayong gabi.”

370 At sabi ng lalaking ito, “Kapatid na Branham,” sabi, “Ipagpaumanhin mo.”

Sabi ko, “Ano pong ibig mong sabihin?”

371 Sabi, “May karapatan siyang ibigay ang mensaheng ’yun, natapos ka na.”

372 Sabi ko, “Nasa entablado ako, at ang espiritu ng mga propeta ay nakapasailalim sa propeta. Nasa entablado pa ako.”

At sabi niya, “Buweno . . .”

373 Sabi ko, “May Mensahe pa ako. Nagtatawag ako papunta sa pagdulog sa altar, na hahatak sana ng marami. Inihagis ko ang aking lambat, hinihila ko na ito nung sandaling ’yun. Kaya huwag kang maghahagis roon ng alambre o kung ano para guluhin ito, kita mo.” Sabi ko, “Hinihila ko pa ’yung lambat ko.” Tapos—tapos sabi ko, “Humadlang siya sa—sa pagdadala ng mga kaluluwa. Ang . . . Anong mabuting maidudulot na mangaral o anupaman kung hindi mo tatawagin at palalapitin ang mga makasalanang? Kita mo?”

374 At sabi niya, “Buweno, ang mensahe naman niya’y nasa bandang huli na nung sa iyo. At ’yung kanya’y sa labas naman ng entablado . . . Ang kanya’y mula mismo sa Diyos.”

375 Sabi ko, “Kung iniisip ng sinuman na siya’y espirituwal o isang propeta dapat niyang kilalanin na ang sinasabi ko ay mga Utos ng Panginoon. Pero kung siya ay mangmang, ay manatili siyang mangmang. Wala kaming ganoong kaugalian, ni ang Iglesia man ng Diyos,” sinipi ko ang sinabi ni Pablo,

alam n'yo. Sabi ko, "Hindi, po, walang bago! Kanyang. . .Sabi ni Jesus, 'Ang bawat salita ng tao ay mapaging kasinungalingan at ang Akin ang Tootoo.' Sabi ni Pablo, 'Kahit na isang Anghel mula sa Langit ang dumating na may dalang iba pa maliban sa kung anong Narito, ay sumpain.'" Sabi ko, "Ginoo, ganap na lihis ka." Sabi ko, "Anong klaseng iglesya ang mayroon ka? Sigurado ako na isang sambunton mismo ito ng kaguluhan. Kita n'yo? Kung hahayaan mong gawin 'yun nung mga tao haya't papaano ka pa makatawag ng pagdulog sa altar? Mayroon siyang pagmiminsteryo, lahat sila'y may pagmiminsteryo, pero may oras ka para sa pagmiminsteryo mo, kita mo, na ibinigay."

³⁷⁶ Kaya ganoon nga. Hindi, at ngayon kung mangyari po 'yun sa *ating* iglesya nang ganoon, gaya nito, ng ilan sa ating mga kapatid na lalaki o mga kapatid na babae dito sa simbahan na nagsasalita ng mga wika, ngayon, ang mga diyakono pagkatapos ng simba, ang lupon sa tingin ko'y dapat na makipagkita sa kanila, at sasabihin, "Hayaan mong isangguni kita pabalik sa isang teyp, nang ilang sandali, kita mo." Kita n'yo, inyo lamang. . .O—o, 'yung pastor, sasabihin, "Natitiyak kong—kong gusto kang makausap ng pastor. Maaari bang makipagkita ka sa amin dito sa silid nang ilang sandali lang, kita mo, kapatid." Tapos, saka ka pumasok doon at kausapin siya nang masinsinan. Kita n'yo? At sabihin. . .

³⁷⁷ Pero, ngayon, kapag mawala na silang lubos sa kaayusan at ginagambala na ang pastor, kita n'yo, kung—kung ginagambala nila ng pastor n'yo, kung ganoon kayong matatanda ay dapat na lumapit na kayo sa kanya at sabihin, "Sandali lang po." At kung sinenyasan kayo ng pastor para patigilin sila, kung ganoon nahagip niya 'yung espiritu roon, na ito'y. . .na sinisira nila ang espiritu ng pagtitipon, kita n'yo.

³⁷⁸ Kaya kapag huminto ang pastor at taimtim na iniyuko ang kanyang ulo, mangyari mismo na huwag na kayong magsasalita ng anuman. Kita n'yo? Huwag magsasalita ng anuman; hayaan n'yo ang pastor. Pero bantayan n'yo ang inyong pastor. Kapag sumenyas siya sa inyo nang ganoon, na kailangan n'yo itong patigilin, kung ganoon lumapit kayo roon nang may Cristianong pag-ibig, sabihin "kapatid kong lalaki, kapatid na babae," alinman, "Naniniwala akong nawawala ka sa ayos, dahil ginagambala mo ang propeta, kita mo. Mayroon siyang mensahe mula sa Diyos. Kapag natapos na siya sa kanyang mensahe, saka natin titingnan ang tungkol dito maya-maya." Kita n'yo, kung nakakagambala ito sa kanya.

³⁷⁹ Pero kung ito'y isang tao na taga-labas, at ang pastor na may paggalang ay maaari lamang na huminto at maghintay pansumandali, saka niya. . .marahil magsisimula lang siya, kita n'yo. Kaya. . .At kung mapapansin n'yo, siyamnapung porsiyento ng oras ay ganoon, ang mga pagpapaliwanag,

kadalasan ito'y pagbabanggit lamang ang ilang Kasulatan o bagay na parang ganoon, na malamang ito'y laman lang sa magkabilang dulo ng linya. Alam n'yo na ang ibig kong sabihin sa ganyan. Kita n'yo? Buweno.

122. Pinahihintulutan ba ang higit sa isa na magsalita ng mensahe sa mga wika nang walang pagpapaliwanag?

³⁸⁰ Hindi. Kailangan sila'y isa-isa lang. Kita n'yo? Ang isa'y magbibigay... Ang isa'y magsasalita, at pagkatapos ay ibibigay ang pagpapaliwanag. Kita n'yo? At pagkatapos kung magsasalita ang isa pa, ang pagpapaliwanag; dahil kung hindi, hindi na malalaman ng tagapagpaliwanag kung alin ang gagawin niya dahil may dalawa o tatlong mensahe na nagsasapawan sa kanya, kita n'yo, at magiging nakakalito 'yun sa kanya. At ang Diyos ay hindi may-akda ng kalituhan, kita n'yo. Kaya hayaan n'yong magsalita ang isa, at magpaliwanag ang kasunod. Kita n'yo? At tapos... Magbigay ng tatlong mensahe, pero hayaan n'yong maipaliwanag muna ang bawat mensahe.

³⁸¹ Pagkatapos ay magkakaroon tayo... Gaya ng kung magsasalita si Kapatid na Ruddell at magbibigay naman ng pagpapaliwanag si Kapatid na Neville, tatahimik muna si Kapatid na Fred. Kita n'yo, ipahayag muna ang pagpapaliwanag na 'yun. Una, dapat n'yo muna itong pagpasyahan, para tingnan kung sa Diyos ito o hindi, sa una pa lang. Kita n'yo? At buweno. Ngayon, kung magsasalita si Kapatid na Ruddell, magsasalita si Kapatid na Beeler, magsasalita si Kapatid na Neville, ang kaawa-awang tagapagpaliwanag ay may tatlo nang mensaheng sabay-sabay; ano—ano, paano niya malalaman kung anong gagawin? Kita n'yo? Bigyan n'yo siya ng panahon. Ibigay n'yo ang mensahe at pagkatapos tumahimik kayo, maghintay muna. Kung may ipinahayag sa susunod na nakaupo sa tabi niya; tumahimik muna siya, basta manatili lang sa pagkakaupo. Kita n'yo? At pagkatapos hayaan n'yong dumating ang pagpapaliwanag.

³⁸² Pagkatapos, kapag nagawa n'yo, isulat n'yo ito pagkatapos, tingnan n'yo kung anong sasabihin ng mga tagatalos. Kita n'yo? Kung sasabihin nila, "Buweno, ito'y—ito'y sa Diyos." Mabuti, mayroong mensahe, kita n'yo, isulat n'yo ito. Pagkatapos ay maghintay pansumandali. At malalaman n'yo na lang, buweno, haya't sa pagkilos ng Espiritu sa kanya, magsasalita siya. Pagkatapos ang tagapagpaliwanag ay maghihintay sandali, titingnan kung anong sasabihin ng Espiritu Santo. Heto na Siya para sa mensaheng 'yun, kita n'yo. At pagkatapos ay isusulat niya 'yun, kita n'yo. At hayaang ito'y tatlong sunud-sunod.

123. Kapatid na Branham, alam naming ikaw ay isang mensaherong ipinadala mula sa Diyos sa kapanahunan ng iglesyang ito. Ang mismong mga tanda na tinaglay ni Jesus

ay nakikita naming taglay mo, at kami ay . . . nauunawaan namin kung bakit naiisip ng ilan na nakakikilala sa iyo na ikaw ang Mesiyas. Maaari mo bang ipaliwanag ang kaibhan ng kaugnayan mo sa Diyos at ng kay Cristo?

³⁸³ Buweno, alam ko mga kapatid, totoo po 'yan. Kita n'yo, pero maghintay tayo, may naisulat ako tungkol diyan dito, sige't sandali lang po. Kita n'yo, maraming beses na mali ang pagkaunawa rito. Kita n'yo? Pero, ngayon, sa tao minsan . . . At gusto kong ang ilan sa inyo'y samahan akong bumuklat sa Lucas, sa ika-3 kabanata at sa ika-15 talata. Habang ginagawa n'yo 'yan, baka sabihin ko sa inyo . . . Kapag nakabuklat na kayo roon, sa Lucas 3 po, ito'y . . . baka . . . ito'y nasa . . . Hayaan n'yo lamang akong . . . hindi ko isasara ang pintuan, dahil walang sinumang naroon. Hayaan—hayaan n'yo lamang na maiparating ko ito sa inyo, mga kapatid. Narinig n'yo na ito, ito'y nasa buong paligid. Pero pahintulutan n'yo ako na sabihin sa inyo, kita n'yo, kinakailangan itong dumating sa ganoong paraan. Dapat itong dumating sa ganoong paraan. Kung hindi ito sa ganoong paraan ay pagsisisihan ko ang mensahe ko.

³⁸⁴ Makinig kayo, mga kapatid, ipinapakiusap ko sa inyo sa harapan ni Cristo na kayo'y—kayo'y—kayo'y manatiling tahimik sa bahaging ito, pero kung espirituwal kayo ay mauunawaan n'yo. Kita n'yo? Hindi n'yo ba alam kung ano ang pinakauna Niyang sinabi roon sa ilog? Hindi n'yo ba naaalala ang sinabi Niya? “Kung papaanong ipinadala si Juan Bautista upang mauna sa unang pagparito ni Cristo, ang iyong Mensahe . . .” Ang Mensahe ang siyang mauuna sa Ikalawang Pagparito ni Cristo. Yun ang sinabi ng Anghel ng Panginoon.

³⁸⁵ Ngayon, pansinin n'yo ngayon. Ngayon, “Kung papaanong si Juan Bautista . . .” Ngayon, narinig n'yo nang lahat 'yun. Nabasa n'yo na ito sa mga aklat, at narinig na ang mga taong nakatayo roon na nakarinig Dito, at lahat ng iba pa, noong sinabi ng Anghel na 'yun Mismo ang mensaheng 'yun, “Kung papaanong ipinadala si Juan Bautista upang mauna sa unang pagparito ni Cristo, ikaw nama'y ipinadala na taglay ang Mensaheng ito, na siyang mauuna sa Ikalawang Pagparito ni Cristo.” Ngayon, “ang Mensaheng 'yun.”

³⁸⁶ Ngayon, kung mapapansin n'yo, at ako . . . Inilagay ni munting Willie riyang ang pangalan ko sa ilalim ng bituwin doon, at 'yun ang dahilan kung bakit ko 'yun pinalampas, kita n'yo, dahil sa tingin ko—sa tingin ko'y hindi . . . Ngayon, magiging tapat po ako sa abot ng makakaya ko, sa tingin ko wala akong anumang kinalaman sa mensaherong 'yun, kita n'yo. Siyanga. Naniniwala akong marahil ipinapadala ako bilang isang bahagi ng Kanyang Iglesya, para tumulong na itayo ang Mensaheng 'yun patungo sa kalagayan kapag dumating na ang tagapagpaunang ito, na darating siya.

387 Pero naniniwala ako, ako bilang kung ano ako, ako'y... naniniwala akong taglay ko ang Mensahe para sa panahon ngayon. Naniniwala akong ito ang Liwanag para sa araw na ito, at naniniwala akong tumuturo ito sa panahong 'yun na darating, nakita n'yo, naniniwala akong ang Mensaheng sinabi niya roon, "ang taglay mong Mensahe." Ngayon, kung napansin n'yo ang Bituwin na 'yun na lumitaw noon, ay isang... .

388 Hayaan n'yong gawin ko itong... Alam ko pong tinitipid ko—tinitipid ko ang oras ko rito, at mayroon pa ako ritong mga iba pa, na naggagandahang mga tanong. Ayaw kong... Haya't—haya't lampas na ng alas diyos ngayon, kaya naman, at alam kong gusto n'yo nang umuwi. Kita n'yo? Pero makinig kayo rito. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang isang bagay. Maaari bang bigyan n'yo na lamang ako ng—ng kaunting sandali na lamang na karagdagan? Sige, sige.

389 Tingnan n'yo ngayon, ngayon hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay. Ngayon, kayong mga kapatid ay panatilihin ito sa inyo-inyong mga sarili. Kita n'yo? Ngayon, panatilihin n'yo ito sa inyo-inyong mga sarili. Kailangan kong maituwid kayo rito dahil kayo'y pastor ko... kayo'y mga pastor ko at mga bagay-bagay, kita n'yo, at kailangan ko—kailangan kong gawin ito. At mga kapatid ko kayo na gumagawa kasama ko sa Mensaheng ito. Kita n'yo?

390 Ngayon, sa ganang akin mismo, bilang isang tao, ako'y katulad lang ninyo at mas malala pa nga kaysa sa inyo kung tutuusin. Ako—Ako—Ako... Marami sa inyo ang galing sa Cristianong mga pamilya at ganoong mga bagay. "Ako ang pangunahin sa mga makasalanan," gaya ng sinabi minsan, "sa inyo." Ang pinakamababa sa buhay, sa palagay ko, na maipapamuhay, bilang isang di-mananampalataya at mapag-alinlangan, ganoon po ako dati.

391 Pero magmula bata pa ay alam ko na noon pa man na may isang Diyos, at alam ko na may kung anong nangyari sa buhay ko. At 'yun ay—ay walang alinlangan, kapatid ko. Kita n'yo? Pero hayaan n'yong sabihin ko ito, na may darating—may darating na isang Mensahe, at may darating na isang mensahero. Naniniwala ako kung ito'y isang tao ito—ito'y isang tao na kasunod ko. Kita n'yo? Ito'y magiging... Pero ang Mensaheng ito na ipinangangaral ko ay ang tunay na Mensahe ng panahong ito, at ito na ang huling Mensahe. Nakikita n'yo na ang ginagawa ko, mga kapatid? Inilalagay ko kayong lahat sa parehong lugar na kinalalagyan ko, dahil kasama rin kayo rito gaya ko. Mga mensahero kayo ng siya ring Mensaheng ito.

392 Tingnan n'yo rito, mayroon akong pagsasalarawan. Sa—sa tingin ko ay mas mapapalinaw ko ito sa pamamagitan ng pagsasalarawan. Hayaan n'yong isara ko lang nang bahagya ang pintuang ito pansumandali. *Ito* si Jesus, at *iyon* si Jesus; buweno,

ilalagay ko *ito* rito, Getsemani, at *ito rito* at *doon*. Ngayon, hindi mo. . . hindi ko po *ito* sinabi sa harap ng iglesia sa labas. Ngayon, alalahanin n'yo, anong uri ng liwanag (isang bituwin) ang nanguna sa tao na naghahanap ng karunungan, “*upang gumabay sa amin sa Iyong sakdal na Liwanag*”?

³⁹³ Ngayon ay maghihimay-himay ako rito nang ilang minuto lang at may sasabihin ako sa inyo. Hatakin natin ang bagay na 'yan sa. . . na ginawa ni Willie riyon sa itaas, at saka sabihing tama *ito*. Sabihin na lang natin na tama *ito*. Hindi ko masabi 'yun, kapatid. Pagmamataas kasi 'yun. Yun, hindi ko. . . Kahit na pinaniniwalaan ko *ito*, hindi ko *ito* sasabihin. Kita n'yo? Kung may ibang nagsasabi nito, sila 'yun.

³⁹⁴ Pero, dito, katulad ng hiniling lang sa akin, ng ilang kalalakhian, kung maaari raw silang magpatotoo sa ilan sa mga bagay na nangyari. Ayaw kong pumunta sa pulpito at magpatotoo ng bagay na nangyari sa pagtitipon. Hinahayaan ko ang tagapangasiwa o ang iba pa na gumawa nun, iba ang nagpapatotoo nun. Ayaw kong gawin 'yun.

³⁹⁵ [Sinasabi ng isang kapatid, “Maging sila noon ay pinuntahan si Juan at ang sabi, ‘Ikaw ba ang Cristo?’”—Pat.] Oo, ganoon nga, itong sinisikap kong puntuhin. [“Ikaw ba ang Propetang 'yun?”] Itinanggi niya *ito*. [“Hindi niya sinabi ang alinman, ang sabi niya, ‘Ako lamang yaong sumisigaw sa ilang.’”] “Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang.” Inilagay niya sa tamang posisyon ang kanyang sarili.

³⁹⁶ [Sinasabi ng isa pang kapatid, “Tinanong nila siya kung siya ba ang Propetang 'yun, sabi niya ‘Hindi ako 'yun.’”—Pat.] Oo. Ngayon. . . Dahil ang Propetang 'yun ay Yaong tinukoy ni Moises. Kita n'yo, 'yun ang Propeta, kita n'yo. Kita n'yo? Pero alam niya kung sino siya, kita n'yo. Pero sinabi niya, ngayon, na. . . Sinabi niya sa kanila, kita n'yo, at sinabi nga niya, “Ako ang tinig ng isang. . .” Yun siya. Kanyang—kanyang sinabi kung ano siya. Kita n'yo? Pero siya'y isang. . .

³⁹⁷ Sige po. [Sinasabi ng isang kapatid, “Noong dumating na si Cristo, na kasunod ni Juan, pinuntahan nila Siya, sabi nila, ‘Itinuro sa amin na darating muna si Elias bago ang Mesiyas.’ Sabi Niya, ‘Kung kaya ninyong tanggapin *ito*.’”—Pat.] Siya 'yun. Tama. Tama. At patuloy na sinasabi ni Juan, “Wala akong kabuluhan! Wala akong kabuluhan! Hindi nga ako karapat-dapat na magkalag ng Kanyang panyapak!”

³⁹⁸ Pero paano naman noong sinabi ni Jesus ang tungkol sa kanya? Sabi Niya, “Sino ang pinuntahan n'yo upang makita?” Siyanga. Siyanga. “Pumunta ba kayo upang makita ang isang tambo na inuuga ng hangin? O ano ang pinuntahan n'yo upang makita, isang tao ba na nakasuot ng magandang damit at luho at mga bagay-bagay?” Sabi, “Nasa palasyo sila ng hari. Pero pumunta ba kayo upang makita ang isang propeta? Sinasabi

Ko na oo, at higit pa kaysa sa isang propeta.” Siya’y higit pa kaysa sa isang propeta, isa siyang mensahero ng tipan. Iyon nga siya. Siya’y higit kaysa sa isang propeta. Sabi Niya, “Wala pang tao na ipinanganak ng isang babae na sindakila niya hanggang ngayon.” Kita n’yo?

³⁹⁹ Ganoon nga ito, kita n’yo, siya’y isang mensahero ng tipan. Siya ang nagpakilala at nagsabi, “Siya ito.” Lahat ng iba pang mga propeta’y nagsalita *tungkol sa* Kanya, pero sinabi ni Juan “Siya ito.” Kita n’yo?

⁴⁰⁰ Ngayon masdan n’yo. Ngayon pansinin n’yo. Sinundan noon ng lalaking pantas ang isang bituwin. Dadalhin ko ito pabalik nang medyo bahagya lang, kita n’yo. Sinundan ng mga lalaking pantas ang isang bituwin, na nagtatanong-tanong, “Saan Siya na isinilang na Hari ng mga Judio?” Narinig n’yo na’yung awitin. “Nakita namin ang Kanyang tala sa silangan at naparito kami upang sumamba sa Kanya.” Narinig n’yo na’yun, nabasa na ito sa Kasulatan. Buweno.

⁴⁰¹ “Nangunguna pakanluran, tuloy ang pag-usad, sa Iyong sakdal na Liwanag kami’y patnubayan.” Kita n’yo, nangunguna’yung bituwin patungo sa sakdal na Liwanag, dahil sinasalamin lamang nung bituwin’yung Liwanag. Doon natin nakuha ito rito noong isang araw. Kita n’yo? Ilan ang narito noong Linggo para makita’yun? Nakita n’yo, katatapos lang ng pangangaral tungkol dito. Ang Kaluwalhatiang Shekinah ay sumasalamin sa bituwin, at sinasalamin naman Ito ng bituwin. Narito ang Anghel ng Panginoon na nakatayo rito sa entablado na sinasalamin Ito, mula sa Kaluwalhatiang Shekinah. Eksaktong’yun mismo. Hayun nga ito mismo. Tumitingin dito sa tunay, tumitingin doon at sumasalamin Ito mismo sa gilid nang paganoon. Kita n’yo?

⁴⁰² Ngayon, pansinin n’yo ito, ngayon, sumilang ang bituwin na’yun sa silangan. Tama ba? Isa’yung malaking bituwin. Sige. At sino ang aktuwal na makalupang bituwin sa panahon ng pagparito ni Jesus? Siyanga’t, si Juan. Siya ang gumabay sa kanila papunta dun sa sakdal na Liwanag. Tama ba? Yun nga’y sa silangan sa unang pagpapakita ni Jesus. At, ngayon, napakarami ng maliliit na bituwin na tumatawid sa kalangitan hanggang sa makarating dito sa tala sa gabi.

⁴⁰³ At nagliliwanag sa gabi ang tala sa gabi. Ang tala naman sa umaga ay sa umaga. At sila’y magkakasinlaking mga bituwin at parehong uri ng bituwin. Ngayon pagsamahin n’yo ang dalawa at dalawa at makukuha mo ito, kita n’yo. Kita n’yo, hayan nga. Kaya hindi ito. . . Ang bituwin ay hindi ang Mesiyas, sinasalamin lang niya ang Mesiyas.

⁴⁰⁴ Ngayon, hindi sinasalamin ng bituwin ang sarili nitong liwanag. Sinasalamin ng bituwin ang liwanag ng araw. Tama ba? [Sinasabi ng isang kapatid, “Hindi.”—Pat.] Huh? [“Sa isang

banda. Yung buwan ang sumasalamin; sinasalamin ng mga bituwin ang sarili nilang liwanag.”] Oo. Oo, ang buwan, oo, sina-. . . Ang ibig ko palang sabihin na sinasalamin ng buwan ang liwanag na ito. Oo, Uh-hum. Ngayon, kung—kung ang sinasalamin ng isang bituwin ang kanyang liwanag, kung ganoon ang liwanag nito ay kailangang magmula sa. . . magmula sa Diyos, dahil isa itong gleysyer ng kung anong uri. Hindi ba? [Sinasabi ng kapatid, “Araw.”] Huh? Isa mismong araw, galing sa araw. [“Ang mga araw na mas malayo kaysa sa ating araw.”] Oo. At sila. . . Ang sabi sa ati’y ang mga araw na ’yun ay nanggaling sa malaking araw. Ipinunlo ng araw itong mga misayl at sila’y mga maliliit na nag-aapoy na mga misayl na gaya ng araw. Kaya mga maliliit silang araw sa atin. Tama ba? Maliliit na liwanag. [“Ang ilan. . . karamihan sa kanila ay mas malaki kaysa sa ating araw.”] Ibig kong sabihin sa *atin*, sa atin, kita n’yo. Ang pinag-uusapan natin ay ang ating mga sarili mismo rito. Sige.

⁴⁰⁵ Ngayon, kung mga araw sila sa atin, o tagapagbigay-liwanag, bahagi sila ng pangunahing tagapagbigay. Kita n’yo? Binibigyan tayo ng malaking araw ng malaking liwanag, ang sakdal na liwanag. Ang maliliit na araw, o ang maliliit na bituwin, na nakikita natin bilang mga masa, maaaring malayo sila lampa sa—sa araw na nagliliwanag, pero ang sinasalamin nila sa atin ay mas maliit na liwanag. Pero nagpapatotoo lamang sila ng isang liwanag. Tama ba? Pagkatapos kapag sumikat na ang malaking araw, namamatay na ’yung maliliit na araw. Tama ba? Hindi sila ang—ang araw sa atin, sila’y sumasalamin gaya ng araw. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

⁴⁰⁶ Ngayon ang pinakamalaki sa kanila (sa umaga) na nagproproklama sa pagdating ng araw, ang paglubog ng araw at ang pagdating ng araw, ay ang tala sa umaga at ang tala sa gabi. Tama ba? Dalawa sa pinakamalalaking bituwin, ang silanganing bituwin at ang kanluraning bituwin.

⁴⁰⁷ Ngayon, nakita n’yo ba kung saan na ito ngayon? Si Elias ang mensahero na magproproklama at magpapahayag sa pagdating ng silanganing bituwin, at inihulang magiging tagapaghayag ng—ng kanluraning bituwin, o ang muling pagdating ng bagong araw pagkatapos na lumipas ang araw na ito. Ngayon nakita n’yo na ba kung ano ito?

⁴⁰⁸ Ang silangan, “Magliliwanag sa. . .” Kita n’yo, bago mismo maipahayag ang Araw sa lupa, nagpapatotoo ang tala sa umaga na “parating na ang Araw.” Tama ba? Kita n’yo, pinapalitaw nun ang tala sa umaga. Buweno, kung ganoon ang tala sa umaga at ang tala sa gabi ay parehong uri ng mga bituwin, at may maliliit na bituwin sa gitna nila. Hindi po ba’t nakikita n’yo ang ibig kong sabihin? Ang mga mensahero.

409 Buweno, kung ganoon, Siya ay mamamasdan bilang Alpha at Omega, ang Pasimula at ang Wakas, ang Jaspe at batong Sardio. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ngayon, ang pagparito ni—ni Cristo ay nalalapit na, kung ganoon ang mensahe ni Elias ay dapat na ipangaral sa huling mga araw, kung mayroon mang pag-uulit ng kasaysayan. . . katulad ng pagpapahayag ng tala sa umaga sa pagdating doon, ipinapahayag naman ng tala sa gabi ang pagdating ng isang bagong araw, panibagong araw. Ito ang pagdating ng araw at kung ganoon ipinapahayag nun ang—ang pag-alis ng—ng araw na nagkaroon tayo at ang pagdating ng isang bagong araw, kita n'yo, isang bagong kapanahunan, isang bagong panahon na darating.

410 Ngayon, pakinggan n'yo: Kung gayon, kung dinala ni Juan ang kanyang mensahe at ipinahayag ang unang pagparito ni Cristo, at darating naman si Elias sa huling araw, ang sabi ng propeta, “Magliliwanag sa oras ng gabi.” Sa madaling salita, magkakaroon ng isang Liwanag sa oras ng gabi.

411 Ang liwanag sa gabi, ang pinakamalaking liwanag sa gabi na mayroon tayo ay ang tala sa gabi, pinakamaliwanag na ilaw na mayroon tayo. Buweno, kung ganoon, kailangan nitong ipahayag ang parehong mensahe noon na gaya nitong isa pang bituwin. Ipinapahayag nito ang araw, tumutukoy sa araw.

412 Buweno, ngayon nasa oras na tayo ng gabi, narito na ang mga panggabing Liwanag. Lumilipas na ang kapanahunang ito. Nakikita n'yo po ba ang ibig kong sabihin? Lumilipas na ang araw na ito, at magkakaroon na ng pagpapahayag ng parating na panibagong Araw.

413 Dahil, kita n'yo, mangyari nga. . . Kung may isang tao na nasa kanluran at tumingin sa bituwin na 'yun, ito'y nasa silangan. At pagkatapos, kita n'yo, “nakita namin ang Kanyang bituwin sa silangan,” pero sila talaga. . . sila'y—sila'y nasa silangan noon na nakatingin pakanluran sa direksyon ng bituwin na 'yun. Tama ba? Nasa kanluran 'yung taong pantas. . . nasa dakong silangan nakatingin sa direksyon ng kanluraning bituwin. Nakikita n'yo po ba ang ibig kong sabihin? Pero ito'y isang silanganing bituwin sa mga nasa kanluran.

414 Kita n'yo, gaya ng sinasabi natin. . . palagi kong sinasabi, “Ang ibaba ay pataas.” Paano mo malalaman na tama 'yun? Nakatayo tayo sa Walang Hanggan, kaya marahil ang Timog Polo ay taas at maaaring ang Hilagang Polo naman ang baba. Hindi natin alam. Kita n'yo, ang papunta sa taas ay pababa. Kita n'yo? Tayo'y. . . Iiwan natin ito; pagkatapos nito ay pupunta na tayo sa Walang Hanggan. Ipinagbubunyi nito, ipinapahayag ang pagdating ng isang Walang Hanggan, ibang araw, ibang panahon, na talagang ibang-iba.

415 Ngayon nasa oras na tayo ng gabi. Naniniwala tayo roon. Naniniwala tayong malapit na ang pagdating ng Panginoon.

Sige. Ngayon, kung ganoon nga, kung ganoon ay dapat na may isang panggabing Liwanag. At ang panggabing Liwanag, ayon sa Malakias 4, ay inaasahang “ibabaling pabalik ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang,” pabalik sa simula.

⁴¹⁶ Pero noong dumating siya sa unang pagkakataon, kanyang ibinabaling pabalik ang puso ng mga magulang sa mga anak. Ang mga anak ay 'yung mga tinipon niya sa paligid niya. Dadalhin niya mismo ang mga anak. . . ang mga puso ng mga magulang ('yung matatanda, 'yung mga sinaunang orthodox na magulang) pabalik sa liwanag na ito na kanyang ipinapahayag.

⁴¹⁷ Pero sa pagbabalik niyang muli, kanya nang ibabaling pabaliktad (napansin n'yo, bago wasakin ang mundo, “ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon”) at “ibabaling pabalik ang mga puso ng mga anak sa mga magulang,” ang tala sa gabi—gabi na siyang tala sa umaga sa panahong 'yun. Amen.

⁴¹⁸ Umaasa ako—umaasa akong makukuha n'yo ito nang tama, kita n'yo. Ang tala sa gabi na siya ring tala sa umaga, dahil ito'y iisang bituwin. Nasa kanluran tayo, na nakatingin sa silangan. Nasa silangan sila noon, na nakatingin sa kanluran. Ito'y eksaktong siya ring bituwin. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Nakadepende ito sa kinaroroonan mo, kita n'yo, kung ito'y ang silangang bituwin o ang kanluraning bituwin. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Sige.

⁴¹⁹ Ngayon, dinadala nito. . . dinadala ng isa ang pananampalataya ng mga magulang sa mga anak; at sa pagkakataong ito naman “ang pananampalataya ng mga anak pabalik sa mga magulang.” Umikot na kayo, at pabalik nang muli. Hindi n'yo ba nakikita ang ibig n'yong sabihin? O nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ito'y siya ring bituwin sa tuwina. Ang siya ring bagay, siya ring Mensahe, siya ring bagay na bumalik muli. Ito'y umikot lang.

⁴²⁰ At paano n'yo malalaman kung saang gawi kayo papunta? Naniniwala akong darating ang oras na matutuklasan nila na hindi pala kumikilos ang mundo. Pinaniniwalaan ko 'yan nang buong puso ko. Hindi ako naniniwala. . . gaano man nila patunayan ito ayon sa siyensya o kung ano pa. Marami na silang ginawang pagpapatunay ayon sa siyensya na kinailangan nilang bawiin. Sinabi ng Diyos na tumigil ang mundo. . . ang araw. Ang ibig kong sabihin ay tumigil ang araw sa halip na ang mundo. Kita n'yo, ang araw. Hindi talaga ako naniniwalang ang araw. . . di ako—di ako—di ako naniniwalang ginagawa ng araw kung ano ang sinasabi nilang ginagawa raw nito. Alam kong naglalakbay ang buwan, at naniniwala akong ang—ang araw ay kumikilos din. Kita n'yo?

⁴²¹ Pero sinasabi ng ilan sa kanila, “Tiningnan Niya ang kamangmangan ni Josue, kita n'yo, at” sabi “Kanyang pinatigil

ang . . . sinabi ito . . .” Buweno, sabi niya, “Kanyang pinatigil ang mundo.”

⁴²² Sabi ko, “Tapos ang sabi mo sa akin, ‘Kung ang—kung ang mundo ay titigil, bubulusok itong parang kometa sa kalawakan.’ Kita mo?” Sabi ko, “Pagkatapos, anong nangyari pagkatapos?”

⁴²³ Kausap ko si G. Thies sa dako rito, ‘yung tagapagturo ng Biblia sa mataas na paaralan; alam n’yo po kung sino ito, anupa’t sinabi niya ‘yun. Sabi ko, “Naniniwala ako sa sinabi ng Biblia, na tumigil ang mundo . . .” Sabi ko, “Ibig kong sabihin, ‘ang araw ay tumigil.’ Sinabi ni Josue sa araw, ‘Tumigil ka!’ at nanatili siya roon.”

⁴²⁴ Sabi niya, “Buweno, pinatigil lang Niya ang mundo, nakita Niya ang kamangmangan ni Josue.”

Sabi ko, “Ganoon din ang ginagawa mo sa pamamagitan ng iyong katalinuhan, kung ganoon.” Kita n’yo?

⁴²⁵ [Sinasabi ng isang kapatid, “Naniniwala akong kaya nilang patunayan ayon sa siyensya kung gaanong katagal na—na tumigil talaga ang araw.”—Pat.] Oo, doon nga’y kanilang . . . Narinig ko na ‘yan, din. Oo, inaangkin nga nila . . . Narinig ko ang isang astrologo rito kamakailan lang na nagsalita tungkol doon, na kaya nila itong patunayan. At kasabay nito ay kanilang . . . may bagay na naganap sa himpapawid na nakikita raw nila kung saan may nangyari raw sa Langit at binuksan nito ang Dagat na Pula noong oras na ‘yun doon. Pinatunayan din nilang lahat ‘yun. Buweno, naku, sinasabi ko sa inyo, mga bituwin daw ‘yun mula sa malayong dako sa isang lugar na nagbunsod nung ganoong bagay noong oras na ‘yun. Gayunman, masyadong malalim na ‘yun para sa atin.

⁴²⁶ Kaya, ngayon, ang dahilan kung bakit ang Mensaheng ito . . . kinakailangang matingnan ang Mensaheng ito sa ganitong paraan, para mapatunayan na ito na nga ‘yun. Ngayon, alam natin, mga kapatid na ang tao ay hindi maaaring maging Diyos. Ang tao, gayunman isa siyang diyos, ang bawat isa sa inyo ay isang diyos. Ginawa kayo upang maging isang diyos, pero hindi habang kayo’y nasa buhay na ito. Kita n’yo? Si Jesus ay isang tao na katulad natin, pero ang Diyos ay nasa Kanya. Ang kapuspusan ng Diyos ay nasa Kanya; taglay natin ang Espiritu sa isang sukat.

⁴²⁷ Pero dahil dumating na ang Liwanag na ito, at kung Ito ang tunay na Liwanag na magpapahayag sa Mensaheng ipinahayag ni Juan Bautista, gaya ng sinabi Niya na ginawa nito doon sa ilog . . . At tingnan n’yo po, papaano ito—papaano ito magiging ibang bagay? Tingnan n’yo ako, kita n’yo, ni walang edukasyon patungkol sa pagbabaybay ng pangungusap. Noong sinabi Niya sa akin ang mga bagay na mangyayari, wala ni isa man sa mga ‘yun ang nabigo. Wala ni isa sa mga ‘yun ang nabigo kailanman.

Tingnan n'yo ang ginawa Niya. Tingnan n'yo, mayroon pa nga Siyang . . .

⁴²⁸ At sinabi ko sa mga kapatiran, maraming taon na ang nakalipas, hindi ko alam kung sino ang pinakamatanda sa amin, pero sinabi ko sa kanila ang tungkol sa mga bagay na ito, tungkol sa pagkakita ko sa Liwanag at kung anong kulay Ito, at lahat na. Ngayon ay ipinapakita ng larawan na totoo ito. Ang lahat ng iba't ibang bagay na ito ay nagpapatunay na siyang katotohanan. Tama ba? Buweno, kung ganoon, kung totoo nga 'yun. . . At ito'y ang Liwanag.

⁴²⁹ Ngayon, simulan natin sa apat. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sa itaas nung ika-35 talata riyan, o ang ibig kong sabihin sa . . . Sige't umpisahan natin sa bandang ika-14 na talata, kapatid. Sino na pong nakabuklat? Sige. Simulan sa mga ika-14 na talata ng ika-3 kabanata ng San Lucas riyan. [Binabasa ng isang kapatid na lalaki ang Lucas 3:14-16.]

[At tinanong naman siya ng mga kawal, na nangagsasabi, At anong dapat naming gawin? At sa kanila'y sinabi niya, Huwag kayong kumuhang may karahasan sa kanino man, ni mangagparatang; at mangagkasiya kayo sa bayad sa inyo.]

[At samantalang ang mga tao'y nagsisipaghintay, at pinagbubulaybulay ng lahat sa kanilang puso ang tungkol kay Juan, kung siya kaya ang Cristo, o hindi;]

[Ay sumagot si Juan, na sinasabi sa kanilang lahat, Katotohanang binabautismuhan ko kayo ng tubig; datapuwa't dumarating ang lalong makapangyarihan kay sa akin, at ako'y hindi karapatdapat magkalag ng panali ng kaniyang mga pangyapak: kayo'y babautismuhan niya sa Espiritu Santo at sa apoy:]

⁴³⁰ Buweno. Ano ito? Labis na inaasahan ng mga tao na magpapakita na ang Mesiyas, noong nakita nila ang dakilang pinahirang pagmiministeryo na ito, ng isang lalaking lumitaw mula sa ilang at nagsasagawa ng kanyang mga kampanya't bumabalik sa ilang, maraming tao, na kanyang sariling mga tagasunod, ang nagsabi, "Siya ang Mesiyas." Inaasahan nila ito, kita n'yo.

⁴³¹ Kung ganoon na ito ang tunay na Mensahe ng Diyos na mauuna sa Pagparito, si Juan Bautista, ang parehong . . . gaya ng bagay din na 'yun, ang Mensahe ni Elias, tiyak na pag-iisipan din ito sa ganoong paraan. Kita n'yo? Kaya sinasagot nun ang tanong na 'yun, sa tingin ko, mismo. Kita n'yo? Tiyak na pag-iisipan ito nang ganoon din. Kita n'yo?

⁴³² [Tinanong ng isang kapatid, "Mayroon bang anumang bagay na may responsibilidad kaming gawin para sikaping tulungan ang sinuman na—na tatanggap ng isang—ng isang

salungat na gaya nun? O ano ba ang maaari naming gawin?”—Pat.] Wala ngang ano pa man, wala ka nang magagawa. [“Isang masamang pag-iisip. . . Maaari bang mauwi ’yun sa mahalay na pag-iisip?”] Buweno, mauwi ’yun sa isang tampalasang pag-iisip kung makarating ito sa ganito: kung ’yung tao, na pinatutukuyan, ay magpapatotoong siya ang Mesiyas, kung ganoon ay malalaman natin na bulaang cristo siya. Kita n’yo?

⁴³³ Kita n’yo, hangga’t nananatili ’yung tao sa kanyang posisyon, kita n’yo. Gaya ng sinabi nila kay Juan, si Juan ay hindi. . . Walang sinasabi roon na may sinabi siyang anuman tungkol sa kanila. Sila ’yung—sila ’yung—’yung mga tao, ’yung—’yung kalugod-lugod na mga Cristiano. . . o ang mga mananampalataya na naniniwala kay Juan.

⁴³⁴ Sabi nila, “Isa ngang propeta ng Diyos ang lalaking ito, walang duda.” Sabi nila, “Hindi ba’t—hindi ba’t—hindi ba’t—hindi ba’t—hindi ba’t ikaw ang Propetang ’yun?”

Sabi niya, “Hindi.”

⁴³⁵ Sabi niya, “Aba, hindi ba’t—hindi ba’t—hindi ba’t ikaw ang Mesiyas?” Kita n’yo, kanilang—kanilang inakala na siya nga ang Mesiyas. Kita n’yo?

Sabi niya, “Hindi.” Kita n’yo?

“Hindi ba’t—hindi ba’t—hindi ba’t ikaw? Sino—sino ka?”

Sabi niya, “Ako ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang.”

⁴³⁶ At sinabi ng Biblia pagkatapos, “Ang mga tao ay naghihintay.” Sino ang mga ’yun? Yun ay mga nakikinig sa kanya, mga tagapakinig niya, mga tagasunod niya, mga kapatiran niya. Kita n’yo? Ngayon, hindi nila gustong saktan siya, hindi nila tinatangang saktan siya. Pero, kita n’yo, kanilang—kanilang inisip talaga sa kanilang mga puso na siya ang Mesiyas.

⁴³⁷ Buweno, ngayon, kailangang ulitin ng kasaysayan ang sarili nito sa bawat pagkakataon. Alam natin ’yan. Kailangan nitong ulitin ang sarili nito.

⁴³⁸ Gaya nung ipagpahalimbawa n’yo roon sa Mateo 3, sabi nito, “Upang matupad, ang sinabi ng propeta, ‘Mula sa Egipto ay tinawag ko ang aking anak.’” Ngayon, hindi ’yun. . . Si Jesus ang tinutukoy nito, ang Anak; pero taluntunin n’yo ’yung pagtutukoy; si Jacob ’yun, na anak, din naman. Kita n’yo? Kita n’yo? Ang lahat ng ito’y may tambalang kahulugan.

⁴³⁹ Kaya ngayon kung ’yun. . . kung—kung hindi dumating ang bagay na ’yun, sasabihin ko pa ring lilitaw ito sa hinaharap, dahil alam kong nagmula sa Diyos ang Mensaheng ito at ito ang paunang pagpapakilala kay Cristo, at ito’y ang Espiritu at kapangyarihan ni Elias dahil papanunumbalikin nito ang mga

puso ng mga anak. Ang lahat ay eksaktong nagpapatunay rito, kaya tiyak na mag-aanyo ito sa isang bagay na magiging gaya nun sa ilalim ng mga tunay na tao, na—na ganap na naniniwala at mga kapatid mo at mga kaibigan.

⁴⁴⁰ Ngayon, nagkaroon ako...Mayroon akong doktor dito mismo sa bayan. Masasabi ko sa inyo ang tungkol sa isang doktor...Hindi ko sasabihin sa inyo kung sino siya, isang kaibigan ko na umakbay sa akin, at nagsabi, “Billy, magiging madali para sa akin na sabihin sa iyo, ‘ikaw ang huling-araw na Mesiyas ng Diyos.’” Kita n’yo?

Sabi ko, “Dok, huwag mong gawin ‘yan.”

⁴⁴¹ Sabi niya, “Buweno, wala akong nakikita sa mundo na nagkaroon ng isang bagay at nagsasabi ng mga bagay at gumagawa ng mga bagay na ginagawa mo, Billy.” Malaki ang naitulong nito sa kanya, kita n’yo. Sabi niya, “Pumupunta ako sa mga simbahang ito at nakikita itong mga mangangaral at mga bagay-bagay,” sabi niya, “iba ka talaga sa kanila at alam kong wala kang edukasyon.” Kita n’yo? “At alam kong hindi ka sikolohista, dahil ikaw...hindi gagawin ng sikolohiya ang gayong mga bagay.” Kita n’yo?

At sabi ko, “Totoo ‘yan, Dok.”

⁴⁴² Hindi na siya kailangang kausapin dahil wala siyang nalalaman, hindi ka makakaunang-hakbang sa kanya, kita n’yo, dahil hindi niya alam ang gagawin. Pero ganoon nga ito, kita n’yo.

⁴⁴³ May kilala akong isang itim na babae na naninirahan doon sa eskinita mula sa akin, at nagtratabaho siya para sa isang lalaki na kakilala ko, at tumawag ang asawa ng lalaking ito, sabi, “Ang babaing ‘yun ay talagang akmang sasamba na sa’yo na para kang isang diyos, dahil mamamatay na siya noon sa kanser at pinatungan mo raw ng kamay ang babaing ‘yun at ang sabi’y siya raw...” Ang babaing ito na pinagtratabahuan niya, ang asawa niya at itong isang doktor (hindi ‘yung doktor na sinasabi ko, ibang doktor) magkasama silang naglalaro ng golf at mga bagay-bagay, at isinuko na niya ito. At kasambahay ‘yun ng kaibigan niya, at isinuko na siya para mamamatay, haya’t ganap siyang gumaling. At ni hindi makahanap ang doktor ng bakas nito, nung kanser. At, kita n’yo, sinasabi niya... . . .

⁴⁴⁴ Ngayon, hindi ganoon ang ibig nilang sabihin dito na iniisip kong pagkakasabi nila rito o pagkaintindi natin dito. Kita n’yo? Ang ibig nilang sabihin na kanilang—kanilang... . . .Ang ibig nilang sabihin ay naniniwala sila na kasama natin ang Diyos, nasa atin, gumagawa sa pamamagitan natin; hindi nga na haya’t ang isang indibiduwal ay Diyos, kita n’yo. Ngayon, alam nila noon na tao lang si Juan.

445 At ganoon din si Jesus ay isang tao lamang. Isa lamang tao si Jesus, isinilang lamang Siya ng isang babae, na kinailangang mamatay. Tama ba? Isa siyang tao, na kinailangang kumain at uminom, at nagutom, umiyak, at nauhaw, at lahat na, kapareho mo lamang na tao, kaparehong tao na gaya ko. Subalit ang Espiritu ng Diyos ay nasa Kanya sa kapuspusan, walang sukat. Siya ay makapangyarihan sa lahat.

446 Haya't, si Elias ay isang bahagi lamang ng Espiritung 'yun; maaaring pinahiran ng medyo mas mataas kaysa kanyang mga kababayan, pero isa lamang siyang bahagi ng Espiritu. Pero ang hinahanap ng mga tao'y ang Mesiyas. At nakita nila ang bahaging ito na mas mataas sa kanilang mga kapatid, sabi nila, "Oh, naku, Siya na siguro ito!"

447 Pero noong nagsimula nang magningning si Jesus, namatay naman ang ilaw ni Juan. Kita n'yo?

448 At mamamatay ang maliliit na ilaw na ito kapag Siya'y dumating na, ang dakilang pinahirang Cristo ng Langit na dumarating mula sa silangan papuntang kanluran. At ang... at... Kita n'yo? Pero hindi Siya tutuntong sa lupa, ang Mesiyas ay hindi tutuntong sa lupa hanggang sa pumasok na ang Milenyum. Kita n'yo? Kita n'yo? Dahil ang Iglesya, "tayo'y aagawing sama-sama upang sumalubong sa Panginoon sa papawirin." Hindi Siya tutuntong sa lupa. Aagawin Niya ang Kanyang Nobya.

449 Kukuha Siya ng isang hagdan, alam n'yo, gaya ng... Ano nga uli 'yung dula na 'yun, Leo, kung saan isinandal nung lalaki 'yung hagdan sa gilid ng bahay? Romeo at Juliet. Siyanga, inilagay 'yung hagdan at tinangay palayo ang kanyang nobya.

450 Ngayon, bababa lang Siya ng hagdan ni Jacob, at sasabihin, "Psst, Mahal, halika rito." Kita n'yo, aakyat tayo para sumalubong sa Kanya.

451 [Tinatanong ng isang kapatid, "Kapatid na Branham, magiging tama ba ito kung ganoon? Pumunta ang mga taong ito kay Juan Bautista at gusto nilang tawagin siya na Mesiyas. At narinig kita minsan na nagsabing iniisip ng Judio na ang Mesiyas ay Diyos."—Pat.] Ano po 'yun? ["Sinasabi ko, pumunta ang mga taong ito kay Juan Bautista, sa pag-iisip na siya ang Mesiyas, ang Cristo. Narinig kong sinabi mo minsan na ang Mesiyas ay ang Diyos, para sa Judio."] Opo, ginoo. Tama 'yan, ang "rabbi."

452 [Sinasabi ng isang kapatid, "Buweno, sinaway sila ni Juan, na sinasabing siya ay 'hindi,' ang Cristong 'yun na darating."—Pat.] Tama 'yan. ["Pero hindi ba totoo na tinawag si Jesus ng mga alagad na 'Panginoon'? At sinang-ayunan 'yun ni Jesus, na sinasabi, "Tinatawag ninyo Akong "Panginoon," at Ako nga.""] Oo. ["Sa—sa Juan 13, kung saan Kanyang hinugasan...?...""] Oo, inangkin Niya mismo ito. ["Bilang Panginoon, oo, sinabi Niya mismo ito."] Sinabi Niya mismo ito.

[“Tinanggap Niya ito.”] Uh-huh. Pero, kita n’yo, si Jesus bilang *Panginoon*, noong tinanong Siya kung Siya nga, sabi Niya, “Opo, ginoo. Ako ang inyong Panginoon at Guro. Tinatawag ninyo Ako nang ganoon, at mabuti ang sinasabi ninyo, sapagkat Ako nga.” Pero... [“Pero wala ngang iba pa, na ganoon...”] na makapagsasabi nun. Wala.

⁴⁵³ Gaya ng halimbawa ganito... Kung may magsasabi na ako ay isang diyos, buweno, hayaan n’yong sabihin ko sa inyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus na “Mali ’yun!” Kita n’yo? Isa akong makasalanang naligtas sa pamamagitan ng biyaya, na may Mensaheng *buhat* sa Diyos. Kita n’yo? Kita n’yo?

124. Dapat ba o hindi dapat asikasuhin ng lokal na iglesya ang kanyang sarili, ang kanyang—kanyang lokal (sarili) na mga responsibilidad bago asikasuhin ang pangangailangan ng mga nasa labas sa ibang lupain? Ganoon pa man, pagkatapos na siya... ang kanyang... Pagkatapos niyang matugunan ang mga pangangailangan niya, naaayon ba sa Kasulatan para sa isang lokal na iglesya na tumulong sa gawaing pagmimisyon sa abot ng kanyang makakaya?

⁴⁵⁴ Oo. Tama. Nagsisimula ang pag-ibig sa tahanan, kita n’yo. Ating—ating—ating inaasikaso ang sarili nating mga pangangailangan dito, dahil magkakaroon tayo... ito ang iglesya ng Diyos, o hayon nga, ang inyong munting iglesya, ang iglesya ng Diyos. Ngayon, kung hindi n’yo man lang mabayaran ang inyong pastor, ni hindi nga kayo makapaglaan ng mga aklat ng mga awitin at mga bagay-bagay, hindi n’yo dapat ipadala ito sa ibang lugar. Kita n’yo? Pero pagkatapos n’yong mabayaran ang inyong simbahan, at lahat, nabayaran nang lahat ang mga utang n’yo at lahat, naayos na’t handa na at makapagpatuloy, ay saka n’yo tulungan ang ibang kapatid na ’yun na nangangailangan ng kaunting tulong sa dako roon, kita n’yo. Kumuha ng kaunting...

⁴⁵⁵ Naniniwala ako, habang... kung nagbabayad kayo sa inyong simbahan magkakaroon din ako ng maliit na pondo na nakatakda saanman para sa kaloob para sa pagmimisyon kung nadama ng mga tao na para bang gusto nilang magbigay sa mga pagmimisyon. Dahil maraming mga tao ang magbibigay sa mga pagmimisyon kapag wala nang mga pansariling-simbahan at mga bagay-bagay na pagbibigyan. Kaya kung hindi nila ibigay ito sa mga pagmimisyon, gagastusin nila ito para sa ibang bagay. Kaya sasabihin kong magkaroon lang kayo ng maliit na kahon para sa pagmimisyon, at aking... Ganoon po ang sinisikap nating gawin.

125. Lucas 1:17, pakipaliwanag po ang pagdating ni Juan sa “espiritu ni Elias.”

⁴⁵⁶ Buweno, sa tingin ko katatalakay lang natin sa Lucas—Lucas 1:17, uh-huh, ang pagdating niya sa “espiritu ni Elias.”

457 [Tinatanong ng isang kapatid na lalaki, “Doon ba nakuha ng mga reencarcionista ang kanilang doktrina?”—Pat.] Ano po ulit? [“Doon ba nagsimula ng kanilang teorya ang mga taong naniniwala sa reencarnacion?”] Siguro. [“Kita mo, naniniwala silang bumalik siya sa. . .”] Oo. [“. . . bumalik siya sa ibang katawan] Oo, kita n’yo, totoo na hindi namamatay ang isang espiritu. Tootoo ’yun. Kinukuha ng Diyos ang Kanyang tao pero hindi kailanman ang Kanyang Espiritu. [“Ang sabi nila, ‘Kung naging mabuti ka ay babalik ka bilang—bilang isang mabuting tao.’”] Oo. Oo. [“‘Kung naging masama ka ay maaari kang bumalik bilang isang aso.’”] Oo, mayroon silang. . . Oo.

458 Buweno, ngayon, gaya doon sa—sa—doon sa India, doon sa grupo roon ng kalalakihan kung saan nakakita kami ng gaya nito, at sa kanilang—kanilang pagpupunas ng sahig; nag-iingat na baka raw matapakan ang maliit na mga langgam o kung ano, dahil baka kung sinong kamag-anak raw ’yun o kung ano. Kita n’yo, ayaw nilang gawin ’yun. Pero, kita n’yo, ’yun ay—’yun ay pagano. Kita n’yo? Pagano ’yun. Siyanga.

126. Sinabi noon ni Pablo sa . . . Sinabi ni Pablo na “Pagsikapan ninyong mithiin ang higit na dakilang mga kaloob, at ipapakita ko sa inyo ang isang daan na walang kahambing.” Pakipaliwanag po ang “daan na walang kahambing” kung ano ito.

459 Pag-ibig, Unang Mga Taga-Corinto 13, kita n’yo. “Mithiin. . .” Unahin. . . Ngayon unahin n’yo ang Unang Mga Taga-Corinto riyan, kapatid. Unang Mga Taga-Corinto, ika-13 kabanata, at ngayon basahin lamang ang huling tatlo o apat na talata nito. Unang Mga Taga-Corinto 13, huling. . . sa bandang huling tatlong talata ng kabanata—ng kabana-. . . [Binabasa ng isang kapatid na lalaki ang Unang Mga Taga-Corinto 12:11-13—Pat.]

[Nang ako’y bata pa, ay nagsasalita akong gaya ng bata, nagdaramdam akong gaya ng bata, naguisip akong gaya ng bata: ngayong maganap ang aking pagkatao, ay iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata.]

[Sapagka’t ngayo’y nakakikita tayo sa isang salamin, nang malabo; nguni’t pagkatapos ay makikita natin sa mukhaan: ngayo’y nakikilala ko ng bahagya; nguni’t pagkatapos ay makikilala ko ng gaya naman ko. . . pagkakilala sa akin.]

[Datapuwa’t ngayo’y nanatili, ang tatlong ito, ang pananampalataya, ang pagasa, at ang pagibig; nguni’t ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagibig.]

Uh-huh, pag-ibig, kita n’yo?

127. Paano ba dapat hatulan ang isang kapatid na ang kahinaan ay ang kunin ang isang posisyon sa iglesya nang hindi naman hinihiling sa kanya na gawin ito?

Oh, naku! Buweno, pagtiisan n'yo siya, sa palagay ko. Kita n'yo?

Paano ba dapat hatulan ang isang kapatid . . . (Hindi siya dapat hatulan!) . . . **na—na ang kahinaan ay ang kunin ang isang posisyon sa isang iglesya nang hindi naman hinihiling sa kanya na gawin ito?**

⁴⁶⁰ Halimbawa, kung gusto niya na—na maging isang diyakono. Kita n'yo? At hindi naman hinihiling sa kanya na gawin ang ganoon, ganoon pa man ay gusto pa rin niyang maging isang diyakono, kita n'yo. Buweno, kung ang isang tao ay gaya nun, alam n'yong may kung anong kaunting bagay, alam n'yo, mahina sa kung saanman, mangyari nga, at kaya para bang pakikitunguhan ko na lang siya nang may pag-ibig.

⁴⁶¹ At, siyempre, ayaw mo naman na—na gawin ang isang bagay na kagaya nun maliban na alam mo talaga. Ilagay n'yo ang pinakamahusay n'yong tao na mailalagay n'yo sa inyong lupon, kita n'yo, ganoon po. Kapatid, huwag na huwag kayong maglalagay doon ng . . . Subukin n'yo muna 'yung tao, unang-una. Mas marami pang responsibilidad ang isang diyakono kaysa sa pastor. Wala dapat siyang kapintasan, ang isang diyakono. Kita n'yo?

128. Sa isang gawain ng komunyong, lumapit ang isang lalaki sa altar upang manalangin. Nakatayo noon si Kapatid na Branham sa likod ng—ng mga sangkap ng komunyong habang ang mga 'yun ay pinangangasiwaan, sinabi niya na kanyang “hindi maiwan ang mga 'yun para samahang manalangin 'yung lalaki sa may altar.” Pakipaliwanag po.

⁴⁶² Pinapunta ko ang katulungan ko, kita n'yo, si Kapatid na Neville. Naaalala ko 'yung gabi kung kailan ito nangyari. Dapat akong manatili sa dulang na 'yun ng komunyong, kita n'yo, kahit na kapag . . . Tingnan n'yo rito. Ngayon, wala na akong oras para talakayin ito. Pero may nakaupo rito na nagtanong, hayan nga. Kaya ganito po 'yun, kapatid. Kapag—kapag nagdadaos kayo ng komunyong, 'yun po'y kumakatawan sa katawan ni Jesus Cristo. Maaaring ito . . . Dapat binabantayan Ito sa lahat ng oras.

⁴⁶³ Tingnan n'yo, noong sinabi ni Elias kay—kay Gehazi, “Kunin mo ang tungkod ko” (binasbasan niya 'yung tungkod), sabi niya, “humayo ka sa iyong daan. Kapag may nakipag-usap, huwag mong sagutin. Kapag may bumati sa'yo, huwag mong batiin. Humayo ka, at ipatong ang tungkod na 'yun sa bata.” Tama ba? “Manatili kang kasama ang tungkod na 'yan!” Kita n'yo? At 'yun ang ginawa ko.

464 Ngayon, kung walang katulungang pastor dito, na nakatayo roon . . . natapos ko na nun ang pangangaral. Naaalala ko kung kailan ito. At ako . . . kung sila . . . Kung hindi nakatayo rito si Kapatid na Neville, o kung sinuman para umabay dun sa lalaking 'yun sa may altar . . . Katatapos ko lang nun mangaral, kaya nakatayo na ako sa dulang ng komunyong. At habang naghahanda sila para magkomunyong, at ako'y kasalukuyang nang nasa—nasa pagbibigay ng komunyong. Nakatayo lang si Kapatid na Neville sa tabi, at ako naman ay nagsisilbi na ng komunyong. Ngayon, nakatayo roon si Kapatid na Neville.

465 Paano kung lumapit sila sa altar at nasa kanyang pangangaral pa si Kapatid na Neville, at nangangaral siya? Pupunta ako sa altar para samahan 'yung lalaki, kung tumayo siya sa pagtitipon habang nangangaral pa, na pumunta sa altar. Nakita ko ang aking kapatid na . . . na nasa kanya ang pahid ng Espiritu. Siya'y nagmiministryo. Isa siyang ministro na nasa . . . nagsasagawa siya ng kanyang tungkulin, isang ministro na kasalukuyang nagsasagawa ng tungkulin.

466 At huwag n'yo dapat silang hahayaan na magsalita ng mga wika, sumabad, o anuman, sa isang ministrong nagsasagawa ng tungkulin. Gayunman, kung nakipag-usap ang Espiritu Santo sa sinuman at tatakbo sila sa altar para maligtas, hayaan n'yong magpatuloy ang ministro sa kanyang pagsasagawa ng tungkulin; tapos ipaubaya sa isang pastor, diyakono, katulungan, kung may isang katulungan o sinumang ibang ministro, itulot mismo na siya ang magdala sa taong 'yun kaagad. At huwag aabalihin ang ministrong nagsasagawa ng tungkulin. Kita n'yo?

467 At mangyari nga na nakatayo ako sa likuran ng dulang habang nagsasagawa ng tungkulin, nagbibigay ng komunyong. At ang katulungan ko, si Kapatid na Neville, ay nakatayo noon sa tabi ko. At tumakbo ang isang lalaki sa altar, sabi ko, "Pumunta ka, lapitan mo siya, Kapatid na Neville." At pinuntahan nga siya ni Kapatid na Neville. Yun po ang dahilan kung bakit hindi ako ang pumunta.

468 Ngayon, kung wala namang katulungan dito, o wala nang ibang makakapunta sa lalaki, bababa ako't ihihinto ang komunyong, at bababa at—at titiyakin na naligtas ang kaluluwang 'yun. Nakita n'yo po? Pero dahil mayroon namang mapapapunta, nahila na sana ako nun paalis sa pagsasagawa ng tungkulin, kita n'yo, kung saan nagbabahagi ako ng komunyong.

129. Ano ba ang magagawa ng isang tao . . . Ano ba ang magagawa ng isang tao bilang isang personal na manggagawa sa pakikitungo sa isang tao na naghahangad ng Espiritu Santo, at mananatiling nakaayon sa Kasulatan?

469 Buweno. Basta ipagpatuloy mo lang na sipiin sa kanya ang Salita, 'yan ang pinakamabisang bagay na gawin. Nasa Salita

ang Liwanag. Sabihin mo lang, “Kapatid, ipinangako Ito ni Jesus. Tandaan mo, pangako Niya ito.”

470 Huwag mo siyang yugyugin, itulak siya, o ilipat siya sa kung saan, o kung ano. Huwag mo lang ipilit na—na . . . huwag, huwag mong ipilit na ibigay Ito sa kanya, dahil hindi mo ito magagawa. Kita n’yo? Kita n’yo? Inyong . . . Ang Diyos ang magkakaloob nito sa kanya. Paulit-ulit mo lang na sipiin ang mga pangako. Kita n’yo? Patuloy lang kayo sa pagkakatayo roon na sinisipi ang pangako. “Diyos sa Langit, dumadalangin ako para sa aking kapatid. Ang pangako Mo ay ipagkakaloob Mo sa kanya ang Espiritu Santo.”

471 Pagkatapos kung sinisikap mong himukin siya . . . Sinasabi niya, “Oh, kapatid, pastor, kapatid,” kung sino man ang nakapaligid sa kanya, “Nais ko—nais ko ng Espiritu Santo.”

472 “Kapatid, Ito ay pangako. Ang Diyos ang nangako. Naniniwala ka bang nangako Siya? Ngayon, huwag mo Itong pag-alinlanganan. Kung pinaniniwalaan mo ang pangako, darating sa iyo ang Espiritu Santo anumang oras ngayon. Asahan mo Ito. Isuko mo ang lahat nang tinatangkilik mo sa Kanya, at sabihin, ‘Panginoon, nakatayo ako sa Iyong pangako.’”

473 Ngayon, ipagpatuloy mo ang pagbanggit. Ngayon, gawin mong ang iyong—iyong—iyong—iyong taong ginagabayan, kita mo, pasukuin siya . . . Ituloy mo ang pagsipi. Sabihin mo ngayon, “Sabihin mo sa Diyos. Ngayon, nakapagsisi ka na ba?”

“Oo.”

474 “Ngayon sabihin mo, ‘Panginoon, sinabi Mong kung magsisisi ako ay tapat Ka para patawarin ako. Ang sabi Mo’y kung magsisisi ako at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa kapatawaran ng aking mga kasalanan, tatanggapin ko ang Espiritu Santo. Ngayon, Panginoon, ginawa ko na ’yun. Ginawa ko na ’yun, Panginoon. Ginawa ko na ito. Naghihintay po ako Panginoon. Ipinangako Mo ito.’”

475 Kita n’yo, ganoon ang paraan, basta ipagpatuloy mo lang na palakasin ang loob niya. Panatilihin siya sa Salita. Kung darating Ito ay darating at darating Ito pagkatapos.

130. Tama ba ang ginagawa ng isang mangangaral o ng sinumang Cristiano na hindi naniniwala sa . . . Hindi: Tama ba ang ginagawa ng isang mangangaral o ng sinumang Cristiano na hindi naniniwala sa Walang Hanggang kasiguraduhan?

476 Ngayon, tingnan natin. Iniisip ko ’yung “. . . ginagawa . . .” Tingnan mo nga kung ang pagkakabasa mo rito’y gaya sa pagkakabasa ko. Basahin mo ito. [Binabasa ng isang kapatid na lalaki ang tanong, “Tama ba ang ginagawa ng isang

mangangaral o ng sinumang Cristiano na hindi naniniwala sa Walang Hanggang kasiguraduhan?”—Pat.]

Akala ko tama ang pagkabasa ko nun. Ngayon, buweno, ako . . .

Ayos lang ba ang isang mangangaral na hindi naniniwala sa Walang Hanggang kasiguraduhan?

⁴⁷⁷ Paniniwalaan kong 'yung mangangaral ay gumagawa . . . kung wala siyang alam na anuman tungkol sa Walang Hanggang kasiguraduhan. Pero kung alam niya ito at alam niyang Katotohanan ito, at pagkatapos ay hindi niya Ito ipinapangaral, kailangan niyang mahiya sa sarili niya; siyanga, o ang sinumang Cristiano. Ngayon, ang Cristiano, ngayon, hindi ko sasabihin 'yun sa—sa Cristiano na hindi naman 'yun gaanong nauunawaan . . .

⁴⁷⁸ [Nagtatanong ang isang kapatid, “Hindi 'yun isang bukas na doktrina, hindi po ba, Kapatid na Branham, para ipangaral sa mga tao na hindi kailanman . . . ?”—Pat.] Hindi, hindi, hindi. Ngayon, papadako na ako roon. Oo. Kita n'yo? Kita n'yo?

⁴⁷⁹ Ngayon, naaalala n'yo ang sinabi ko noong nakaraang Linggo? Kung isa kang mangangaral, ikuha mo ang iyong sarili ng pulpito. Kung hindi naman, ipamuhay mo ang iyong pangaral. Kita n'yo, ganoon ang pinakamabuting paraan para gawin 'yun, ipamuhay mo ang iyong pangangaral. Kung isa kang mangangaral, kumuha ka ng pulpito, kita mo, at umpisahan mo mismong mangaral. Kung hindi, ipamuhay mo na lang ang iyong pangangaral, hayaang ang buhay mo ang iyong maging pulpito. Kita n'yo? Sa tingin ko, lulutasin nun ang maraming bagay, hindi ba? Kita n'yo? Kita n'yo? Dahil kadalasan ay napag-aalaman natin . . . At ginagawa n'yo 'yun na mga kapatid sa inyong mga iglesya.

⁴⁸⁰ Tandaan, sinisikap ng mga karaniwang miyembro ninyo na ipaliwanag ang mga bagay at gumawa ng mga bagay, pinakamabuting turuan n'yo sila na huwag gawin 'yun. At kung may gustong makaalam ng kung ano, papuntahin n'yo sila sa isa sa mga . . . doon sa naatasan para gawin 'yun. Kita n'yo?

⁴⁸¹ Ipagpahalimbawa natin, buweno, ngayon, gaya nung may magsasabi, “Uy, sinasabi ko . . . Sinasabi nila sa akin, kayo roon sa inyong iglesya ay naniniwala sa Walang Hanggang kasiguraduhan.”

⁴⁸² Ngayon, mabuting matyagan mo. Malamang na mapasok ka sa isang mas malaking gulo kaysa dati, kita mo, at palalalain mo pa siya kaysa dati. Sabihin mo, “Sasabihin ko sa iyo kung ano, kung makakapunta ka sana at itanong mo sa aming pastor, kita mo. Ikaw—ikaw ay pumunta't kausapin siya, kita mo. Kami . . . Totoo 'yan, alam kong naniniwala roon ang aming pastor. Naniniwala rin ako rito, pero hindi ko kayang suportahan . . .

Hindi ako isang mangangaral. Basta pinaniniwalaan ko ito, 'yun lang ang alam ko. Naniniwala ako rito dahil narinig ko na siyang ipinaliwanag ito nang ganoon mula sa Biblia, na napakaliwanag nun na walang anumang anino ng alinlangan para sa akin." Kita n'yo?

⁴⁸³ Pero mabuting hayaan ang—mabuting hayaan ang karaniwang miyembro na kausapin ang pastor tungkol doon. At, 'yung pastor, ay tiyakin niyang alam niya kung paano sasagutin ito, ganoon din naman. Kaya mag-aral nang talagang maigi, dahil kadalasan ay itatali ka nila rito, kita n'yo. Kung ano . . .

⁴⁸⁴ [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Kapatid na Branham?"—Pat.] Paumanhin po. ["Kumbinsido po ako sa isang munting bagay, anupa't alam ko ang pagkatawag ko at tiyak ko ang pagkapili sa akin."] Uh-huh. ["Kasasabi mo lang na 'Kung isa kang mangangaral, dapat may pulpito ka.""] Siyanga, po. Tama 'yun. ["Hindi po ako mangangaral, isa akong ebanghelista."] Opo ginoo. ["Pero ang pulpito ng lahat ay akin."] Tama 'yun. ["Pero sa ngayon ay nagtrabaho ako, ng pisikal na trabaho. Hindi naman ito mahirap na trabaho, pero nagtrabaho ako, at wala akong pulpito. At naniniwala akong ang panahong ito ng trabaho na ginagawa ko ay nasa kalooban ng Panginoon. Sinabi Niya sa akin na gawin ito, sa pamamagitan ng Salita at sa patotoy ng Espiritu. At naniniwala ako, na di kalaunan, ay magbubukas ang mga pulpito."] Oo naman, tama 'yan. ["Tama po ba?"] Tama 'yan, kapatid.

⁴⁸⁵ Kapatid, ngayon, kung babalik ka rito at kukunin 'yung lumang aklat-talaan ng simbahan, malalaman mo na nagpastor ako sa iglesyang ito nang labimpitong taon, at nangaral araw-araw, nangaral araw-araw at nagtrabaho araw-araw. Kita n'yo? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Kung nagtrabaho ka, mabuting tanda ito na ikaw ay tinawag."—Pat.] Oo. Si Pablo man ay nagtrabaho, hindi ba? Gumagawa si Pablo noon ng mga tolda. ["Para po akong nasisiraan ng loob dahil, gaya nga po ng sabi mo, kung mangangaral ako, dapat ay may pulpito ako. Ako'y . . . Maaaring masiraan ako ng loob, pero alam kong tinawag ako ng Diyos para kumuha ng trabaho, nang pansumandaling panahon."] Tunay. Humayo si Pablo at gumawa ng mga tolda, hindi ba? Nagtrabaho gamit ang sarili niyang mga kamay para hindi niya kailangang . . . Ganoon nga mismo. Tunay. ["Oo, oh, buweno, doon ko nakuha 'yun, mula kay Pablo."] Hmm. Ganoon po. Kita n'yo? Sabi ni John Wesley, "Ang mundo ang aking parokya." Kaya bukas pa rin ang pulpito mo, kapatid. Umiikot ang ebanghelista sa buong mundo. Hindi ba't ganoon 'yun? "Humayo kayo sa buong sanlibutan." Kaya naman ang pulpito mo ay ang buong mundo. Siyanga, po.

Tanong:

131. Panuntunan ba, p-a-n-u-n-t-u... Panuntunan ba na ang isang diyakono o ang isang katiwala ay kinakailangang sumunod sa doktrina ng kanilang iglesya? Oo. Ganoon dapat. Naaayon ba para sa kanila na magdagdag o mag-alis ng mga turo dahil sa sarili nilang personal na opinyon o kapahayagan? Hindi, po. Hindi.

⁴⁸⁶ Ang isang diyakono o ang isang katiwala ay dapat na lubos na nakaayon sa—sa doktrina ng kanilang iglesya. Dapat silang manatiling lubos sa interpretasyon ng mga Kasulatan ng kanilang iglesya, dahil, kung hindi, kinakalaban nila ang mismong bagay. Kanilang—kanilang sinasaktan ang kanilang sarili. Kita n’yo? Kinakalaban n’yo... .

⁴⁸⁷ Ito, sa madaling salita, katulad lang ’yan ng kung—kung—kung sinasabi kong mahal ko ang pamilya ko at pagkatapos sinusubukan ko naman silang pakainin ng lason. Kita n’yo, ganoon din ’yun. Kita n’yo, hindi n’yo maaaring gawin ’yun, na inyong... .

⁴⁸⁸ Ang isang—ang isang katiwala o ang isang diyakono sa pagluklok sa kanilang katungkulan, ang sinumang opisyal ng isang iglesya na kumakatawan sa isang katawang iglesya, kita n’yo, ay kumakatawan sa isang iglesya.

⁴⁸⁹ Yun ang dahilan kung bakit umalis ako sa iglesyang Baptist, kita n’yo, sa kauna-unahang pagkakataon. Naroon pa lang ako nang kaunting panahon at kanilang—kanilang hiniling sa akin na magtalaga ng ilang babaing mangangaral. Buweno, sa katunayan hindi ako maaaring manatili roon. Sabi ko, “Ako—ako’y tumatanggi na gawin ito.”

⁴⁹⁰ At hinaltak ako nung pastor. “Ano ito? Isa kang matanda sa iglesya!”

⁴⁹¹ Sabi ko, “Doktor Davis, nang may buong paggalang sa pananampalatayang Baptist, at sa lahat ng bagay na ako’y itinalaga, hindi ko alam na doktrina pala ng iglesyang Baptist ang magtalaga ng mga babae. Isang bagay ’yun na kinaligtaan yata rito.”

At sabi niya, “Ganoon ang doktrina ng iglesyang ito.”

⁴⁹² Sabi ko, “Ginoo, maaari po ba akong pagpaumanhinan ngayong gabi, o maaari po bang sagutin n’yo ang ilang katanungan para sa akin?” Kita n’yo?

⁴⁹³ Sabi niya, “Sasagutin ko ang mga tanong mo.” Sabi, “Tungkulin mo na pumunta roon.”

⁴⁹⁴ Sabi ko, “Tungkulin ko nga po, ginoo. Tama naman. Inaasahan ako sa anumang bagay na gagawin ng simbahang ito. Nasa linya ako ng tungkulin, isa sa mga lokal na matatanda sa iglesya.” At sabi niya... .sabi ko, “Maaari n’yo bang ipaliwanag sa akin kung bakit sa Unang Mga Taga-Corinto 14 o 15 dun, kung

saan sinabi ni Pablo, 'Ang mga babae ay dapat tumahimik sa mga iglesya, sila'y hindi pinahihintulutang magsalita.'

⁴⁹⁵ At ang sabi niya, "Siyanga't, totoo naman!" Sabi niya, "Kung...kaya kong sagutin 'yan." Sabi niya, "Nakita mo, ganito kasi 'yan," sabi, "ang sabi ni Pablo...Ang lahat—ang lahat kasi ng kababaihan noon ay nakaupo sa mga sulok, na nagkukuwentuhan gaya ng malimit nilang ginagawa. Sabi niya, 'Huwag n'yo silang pinapabayaang na ginagawa ang ganoon.' Kita mo?"

⁴⁹⁶ At sabi ko, "Kung ganoon ay ipaliwanag mo sa akin ang Ikalawang Timoteo, kung saan ang sabi ni Pablo, rin, ang siya ring manunulat, ang siya ring apostol, siya'y nagsabi, 'Hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo o magkaroon ng anumang pamumuno, kita mo, kundi sila'y maging—maging masunurin. Sapagkat si Adan ang unang nilalang at pagkatapos ay si Eba, at si Adan ay hindi nadaya kundi ang babae ang nadaya.' Nadaya siya. Ngayon, hindi ko sinasabing gusto niyang gumawa ng anumang mali, kundi siya'y talagang dinaya rito. Hindi siya dapat maging tagapagturo."

Sabi niya, "Ganoon ba ang personal mong opinyon?"

⁴⁹⁷ Sabi ko, "Yun po ang opinyon ng Kasulatan sa paraan ng pagtingin ko rito. Ganoon ang sinabi ng Biblia."

⁴⁹⁸ Sabi niya, "Binata, maaaring bawiin sa'yo ang lisensya mo dahil diyan."

⁴⁹⁹ Sabi ko, "Iiwas ko na lang sila sa gulo. Ibibigay ko na lang ito sa kanila, Doktor Davis." Sabi ko, "Hindi sa pagsasawalang-halaga sa iyo..." At ayaw niyang gawin 'yun, mangyari pa. Hinayaan niya na lang ito, pinalampas ito mismo.

⁵⁰⁰ Pagkatapos ay sinabi niya sa akin na magsasagawa raw siya ng isang bukas na debate sa akin tungkol dito. At ang sabi ko, "Sige po, anumang oras." Pero di niya—di niya 'yun ginawa.

⁵⁰¹ Kaya pagkatapos lumipas—lumipas pa ang ilang panahon, pagkatapos, noong kinausap ako ng Panginoon, at tungkol sa—sa pagdating ng Anghel ng Panginoon, tapos—tapos pinagtawanan lang niya Yun, kita n'yo. At pagkatapos sinabi ko—sinabi ko na lamang sa kanya, sabi ko, "Buweno, Doktor Davis, mas mainam na alisin ko na lang ito ngayon, kita mo," sabi ko, "dahil magiging pabigat po ito. Katatalaga pa lang naman sa akin, siyanga, kaya magiging pabigat ito sa akin, kaya mas mabuting alisin ko na ito ngayon din."

⁵⁰² Kaya naman kung hindi ako puwedeng manatili sa iglesyang Baptist at magturo ng doktrinang Baptist at makibahagi sa paniniwalang Baptist. Kung ginawa ko 'yun—kung ginawa ko 'yun dahil lang sa iglesya ito, kung ganoon mali ako, kita n'yo, may itinatago ako. At kung ako—kung ako—kung ako'y tapat sa sarili ko, pupunta ako sa mga Baptist (sa pastor ko o kung

sinuman ang makapagpapaliwanag nito sa sakin) at hihingi sa kanila ng isang—isang salita ng Buhay; kung maipapakita niya sa akin nang tama kung saan ito mismo sa Kasulatan, at masisiyahan ang damdamin ko, kung ganoon sasaysayin ko ito nang sadyang kung paano nila ito sinasaysay, kita n'yo, at magiging isa akong Baptist.

⁵⁰³ Yan po ang dahilan kung bakit independyente ako. Yan ang dahilan kung bakit hindi ako kabilang sa mga organisasyon, dahil hindi ako naniniwala sa mga organisasyon. At naniniwala akong hindi 'yun batay sa Kasulatan, para sa, isang organisasyon.

⁵⁰⁴ Kaya, hindi ako maaaring maging kabilang sa anumang organisasyon at pagkatapos madarama kong may magandang dahilan sa paggawa nun. Kita n'yo? Kaya naman, hindi ako nagpapapasok ng mga tao at ginagawa silang mga miyembro, at iba pang gaya nun, dahil naniniwala akong *ipinapanganak* tayo para maging mga miyembro, ipinapanganak tayo sa Iglesia ng buhay na Diyos. Kita n'yo?

⁵⁰⁵ Hindi natin inaalis ang pangalan ng mga tao sa aklat ng pagdalo at itinitiwag sila, at lahat ng tulad nun, dahil naniniwala akong wala 'yun sa ating—ating mga tungkulin na gawin 'yun. Naniniwala akong ang Diyos ang nagtitiwalag. Kita n'yo? Pero naniniwala akong ang iglesya, kung may isang kapatid na gumagawa ng bagay na mali . . .

⁵⁰⁶ Halimbawa, kung—kung nahuli nila si Kapatid na Neville, o Kapatid na Junior, o Kapatid na . . . kung sinumang kapatid dito, isa sa mga diyakono o katiwala, o kung sinong iba pa, na may ginagawang mali, naniniwala akong ang dapat na gawin ay ang magtipon ang iglesya at ipanalangin ang kapatid na ito. Kung hindi pa rin siya tumuwid, kung ganoon ay papuntahin ang dalawa sa kanya, pumunta sa kapatid para maipagkasundo. At kung pagkatapos kung hindi niya ito tanggapin, kung ganoon ay sabihin n'yo ito sa harapan ng iglesya. Kung hindi nila ito tanggapin pagkatapos, 'yun na ang oras para sa buong iglesya kung ganoon, kita n'yo, 'yan po'y para na sa pastor, mga matatanda, at lahat ng iba pa para gawin 'yun. Hindi ako naniniwalang ang anumang lupon ng mga diyakono ay may karapatang paalisin ang sinuman sa iglesya o anumang lupon ng mga katiwala o sinumang pastor ang may karapatan para gawin 'yun.

⁵⁰⁷ Sa tingin ko kung ang sinuman ay aalisin sa pakikisama, ay dahil sa imoral na pamumuhay, o katulad nun, na hindi siya angkop na tao, gaya ng isang lalaking papasok dito na babastusin ang kadalagahan natin—o hahamakin ang mga kababaihan natin, at gaya nun, at nag-aangkin pa rin na isa sa atin dito. Kita n'yo? Ngayon, kung galing siya sa ibang lugar at papasok, aba, kailangan nating gumawa ng bagay tungkol

dito, anupa't, pagdating sa isang tao na tulad nun, isang taong imoral na tinatangang makipangalunya sa ating mga asawa o—o hahamakin ang mga anak nating babae o, alam n'yo na, bagay na tulad nun, o gagawa ng isang bagay na imoral sa babae, o ilalabas ang ating munting kabinataan at inililigaw sila ng landas, o kung ano pa.

⁵⁰⁸ Kailangang pag-usapan ang mga 'yun, at pagkatapos ay kailangang matiwalag ang lalaking 'yun sa pakikisama at hindi pahihintulutang tumanggap ng komunyong na kalakip nito, dahil hindi natin dapat gawin 'yun. Hindi dapat. “Kung ang sinuman ay kumain nang di nararapat, ay magkakasala sa Dugo at sa katawan ng Panginoon,” ang taong ganoon.

⁵⁰⁹ Pero naniniwala ako na gaya ng sinasabi ng isang tao, “Buweno, ngayon, siya—siya'y *ganito, ganoon.*” Ipanalangin mo siya. Tama.

⁵¹⁰ Hindi ko kailanman malilimutan, sa Stockholm, Sweden, si Kapatid na Lewi Pethrus, isang kahanga-hangang lingkod ng Diyos. Nakaupo kami sa mesa, ilang oras lang bago bumalik ng Amerika. Nagkaroon kami ng kamangha-manghang mga pagtitipon doon. At sabi niya, sabi ni Gordon Lindsay, “Sino ba ang tagapangasiwa ng malaking karamihan na ito?” Naku, natalo pa nito ang Assemblies of God nang daan-daang milya, kita n'yo. Sabi, “Sino ang tagapangasiwa?”

At si Lewi Pethrus ay maginoo, at sabi niya, “si Jesus.”

Sabi niya, “Sino ang presbitero mo?”

Sabi niya, “si Jesus.”

⁵¹¹ Sabi niya, “Alam kong tama 'yan,” sabi, “ganoon din ang pinaniniwalaan namin sa aming Assemblies of God.” Sabi niya, “Tama.” “Pero,” sabi, “sabihin na lang natin, halimbawa, isang—isang kapatid ang nalihis sa linya,” sabi, “sinong nagpapasya sa pagpapaalis sa kanya?”

Sabi, “Hindi namin siya pinapaalis.”

“Buweno,” sabi, “anong ginagawa n'yo?”

⁵¹² Sabi, “Ipinapanalangin namin siya.” Sa isip-isip ko'y napakatamis naman nun! Yun para sa akin ay ugaling pagiging Cristiano mismo, “Ipinapanalangin namin siya.” Walang nagpapaalis sa kanya, ipinapanalangin nila siya.

⁵¹³ Sabi, “Buweno, kung ganoon, paano kung sumasang-ayon ang ilan sa mga kapatid,” sabi niya, “at ayaw na ng ilan sa kanila na makisama pa sa kanya? Dadalhin siya, gaya ng ito'y isang pastor, kita mo, na nagsisimulang maging palikero sa gitna ng . . . Alam mo na ang ibig kong sabihin, at mga bagay na tulad nun, at ayaw na ng ilan sa mga pastor na papuntahin siya sa kanilang mga simbahan. Anong gagawin n'yong lahat, paaalisin ba siya sa inyong organisasyon?”

⁵¹⁴ “Hindi.” Sabi, “Hinahayaang lamang namin siya at ipinapanalangin siya.” Sabi, “Wala pa ni isang nawala sa amin. Palagi silang bumabalik, kahit papaano.”

⁵¹⁵ Sabi niya, “Buweno,” sabi, “ngayon, paano kung . . .” Sabi, “Paano kung magsabi ang ilan sa kanila na gusto nila siya at ang iba nama’y ayaw sa kanya? Ngayon, paano naman ’yun?”

⁵¹⁶ Sabi, “Buweno, ’yung mga may gusto sa kanya, ay tanggapin siya; ’yung mga ayaw naman sa kanya, ay hindi kailangan.”

⁵¹⁷ Kaya—kaya sa tingin ko ay mabuting paraan ’yun para rito, hindi po ba, mga kapatid? Sa ganoong paraan tayo ay “magkakapatid.”

⁵¹⁸ Ngayon, mga kapatid, sana ang mga bagay na ito’y nakapagbigay ng para bang kaunting pagpapakita tungo sa isang sagot o kung anong bagay, na ang pagtitipon natin dito ngayong gabi ay—ay may naidulot na pakinabang sa atin. Naghahanda na akong umalis ngayon sa ilang sandali, pupunta sa mga pagtitipon doon sa Kanluran. May pagpapakumbaba kong hinahangad ang inyong mga panalangin.

⁵¹⁹ Ang ilan sa mga sagot ko rito, marahil marami sa mga ito, marahil wala sa mga ito, ay tama. Hindi ko alam. Pero ito na ang pinaka nakayanan kong tipunin sa sarili kong pamamaraan ng pag-iisip, kita n’yo, para sikaping ipaliwanag Ito. Siguro itong mga huli, lalo na, itong mga huling dumating, hindi na ako nagkaroon ng oras para saliksikin ang mga ’yun. At sadyang hindi ko, ang mga ’yun ay . . . Ang ibig kong sabihin, ang mga ’yun ay mga Kasulatan na palagi na nating dinadaan dito, araw-araw sa simbahan. Inakala kong baka ito’y maging isang napakahirap na bagay na maaaring magbunsod sa atin para talagang dumako sa isang bagay na malawak, pero ito lamang ay para bang mga tanong ukol sa mga iglesya.

⁵²⁰ Natutuwa akong makita kayong nananatiling ganoon, walang anumang wala sa ayos, walang anumang kaligaligan, walang anumang kalituhan. Walang katanungan na nakikipagtalo Dito at nagsasabi “Mali Ito, mali Ito, hindi namin Ito tatanggapin.” Pawang mga kapatid lang na gustong makaalam para patatagin ang kanilang pagkakahawag, ganoon lang. Na . . . magpalakas, higpitan—higpitan pa nang kaunti ang sinturon ng baluti, hilahin sa isa pang butas sa sinturon dito. Umaasa akong maraming beses pa tayong magkikita-kita nang ganito, na hahatakin ang baluti.

⁵²¹ At alalahanin n’yo, mga kapatid, kailangan ng baluti ko ng mahigpit na hatak, din naman. Kaya dumalangin kayo sa Diyos para sa akin na tulungan ako ng Diyos at hatakin ang baluti ko nang mas mahigpit pa, para ako’y . . . hindi ako maging gaanong maluwag sa mga bagay-bagay. At ang buhay na ipinamumuhay ko at ang mga bagay na ginagawa ko, gawin ko nawa ito nang may higit na espiritu ng pagpapakumbaba, na mas sabik na

gawin ito. At pagkalooban ako ng Diyos ng isang puso na gawin ito nang higit kaysa sa dati. Yun din ang idinadalangin ko para sa inyong lahat. Pagpalain kayo ng Diyos.

⁵²² Pinatagal ko na kayo rito, at ngayon ay limang minuto na lang at mag-aalas onse na.

⁵²³ At ngayon, Kapatid na Neville, baka ako—baka ako. . . Ngayon, nalaman ko, mga nasa siyamnaraan at humigit-kumulang lang na milya ang layo roon, hindi ako aalis hanggang Lunes ng umaga. Haya't gusto kong narito ako ng Linggo para sa Sunday school, darating ako bilang panauhin n'yo para makinig sa'yo na mangaral, kita mo, sa Linggo. Kita n'yo? Pero. . . Buweno, kapatid, oo, kapatid. Kapatid na Neville, heto ang dahilan, kapatid. Ako'y. . . Mahal kita at palagi kang naging mapagbigay noon pa man sa pag-aalok sa pulpito na tulad na lang na para bang. . . parang isa akong nakatataas na nakatatanda sa iyo, o kung ano. Pero hindi ko kailanman naramdaman ang ganoon, Kapatid na Neville. Naramdaman kong magkapatid tayo.

⁵²⁴ Kapatid na Ruddell at Kapatid na Junie, at, oh, lahat kayong mga kapatiran at lahat kayo, tayo'y—tayo'y sadyang samasamang magkakapatid, kita n'yo.

⁵²⁵ Pero anong. . . Ang dahilan nito, medyo namamaos lang ako ngayon, kita mo, at mayroon akong anim na linggong sunud-sunod na walang tigil lamang na pakikipagbaka, kita mo. At gusto ko—gusto ko lang na siguro magsimula kung magagawa ko, naisip ko, pagkatapos ng pagtitipon na ito ngayong gabi, na maibigay sa akin ang Biyernes at Sabado at Linggo para makapagpahinga, bago ako mag-umpisa sa mga pagtitipon doon sa labas.

⁵²⁶ At Kapatid na Junie, pagkabalik na pagkabalik ko, isang beses, kailangan kong pumunta at makipagkita sa iyong muli, gusto kong lumabas. Nadaanan ko ang maliit mong simbahan doon, kahapon, sa pagkaalam ko. Sabi ng maybahay ko, “Sa tingin ko 'yan 'yun. . .” Doon ba ito sa tabi ng riles ng tren mismo sa Glenellen Park? Gusto kong pumunta roon at kausapin 'yung mga taga-Sellesburg. Mainam.

⁵²⁷ Kapatid na Ruddell, pagpalain ang puso mo. Gusto ko ring pumunta, mayroon kang napakainam na grupo ng mga tao. Naupo ka riyang ngayong gabi na nakikinig na parang isa kang nakatatanda na tinatanggap ito.

⁵²⁸ Si Kapatid na Beeler diyan, siya'y isa sa mga kapatid nating ebanghelista. Sana minsan ay makita ko ang isa sa mga pagtitipon mo sa kung saan, kapatid, maaaring makapaghikayat nang kaunti, may bagay na masasabi sa isang dako para palakasin ka. Lagi akong may mabuting pananalita para sa iyo para sa kaninuman, ikaw at kay Kapatid na Stricker dito, at sa mga ebanghelista.

529 Si Kapatid na Collins dito, na naniniwala akong balang araw ay magiging isang ministrong nakalaan ang buong panahon sa gawain.

530 Lalaki na magigiting, magiting na lalaki, tunay na lalaking may pananampalataya, sumainyong lahat ang Diyos, at kayong mga diyakono, kayong mga katiwala, kayong mga kapatiran.

531 Naniniwala akong kayo ay. . . At ang kapatid dito, di ko lang maisip ang pangalan niya. Ikaw si. . . [Sinasabi ni Kapatid na Caldwell, “Kapatid na Caldwell.”—Pat.] Caldwell. Ikaw mismo’y isang. . . Isa ka sa mga nakatatanda o parang ganoon, hindi ba, o isa mismong. . . [“Ministro.”] Ministro. [“Isa akong ministro. Naging kabilang ako sa Church of God, hindi ko kasi maipangaral ang buong Ebanghelyo at mananatili pa rin sa kanila. Hindi ko maipangaral ang bautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus at manatili pa rin sa kanila. Nagkaroon ako ng pinakamataas na ranggo ng lisensya ng pagka-ministro na maibibigay nila, pero isinauli ko ’yun mismo. Mula noong mapakinggan kitang ipinangaral ang mga dakilang Mensaheng ’yun, ibinalik ko ang mga ’yun, lumabas ako sa organisasyon. Ngayon gusto kong maging isa sa mga kasamahan mo.”]

532 Salamat, kapatid. Malugod ka naming tinatanggap sa aming pagbubuklod. At ang ating—ang ating mga kredensyal ay mula sa itaas. Ang ating pamumuhay ang bumubuo sa ating kredensyal, kita n’yo. Yun ang mga kredensyal natin. “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Kita n’yo? Siyanga. Yun ang ating mga kredensyal. At tulad ng isang matandang. . . Gaya ng sinasabi dati ni Howard Cadle, “Wala kaming batas kundi Pag-ibig, walang aklat kundi ang Biblia, at—at walang—walang kredo kundi si Cristo.” Siyanga. “Walang batas kundi Pag-ibig, walang kredo kundi si Cristo, aklat kundi ang Biblia.”

533 At kami—kami, Kapatid na Caldwell, masaya kami na makasama ka. Lumabas ka sa isang kilalang organisasyon. Ang Anderson Church of God, sa palagay ko. [Sinasabi ni Kapatid na Caldwell, “Sa Cleveland.”—Pat.] O iglesya sa Cleveland, Pentecostal Church of God. [“At dati akong nagpapastor dito sa. . . ? . . .”] Oh, oo. Oh, oo, nakapunta na ako roon. Sa paniwala ko’y nakapunta na ako roon kasama si Kapatid na Neville. . . o Kapatid na Wood, isang beses, nakakuha kami ng aso o asong pangaso mula sa isang tao na dumadalo sa iyong simbahan doon. At tumayo na ako sa mga hagdanan doon at nakipag-usap, at pinag-uusapan ka nila. Buweno, tiyak ako. . . [“Sa simbahan ko.”] Oh? [“Burns.”] Tama, si Kapatid na Burns. Tama po [Ikinuwento ni Kapatid na Caldwell ang isang pangyayari.] Oh? Oo. Oh, si Bertha, siyanga. Oh, mainam ’yan.

534 Si Kapatid na Rook diyan, naging pastor na siya ngayon, o ebanghelista, sa paniwala ko. Tama po ba? O nagpapastor ka

ba? [Sinasabi ni Kapatid na Rook, “Ebanghelista lang.”—Pat.] Ebanghelista. Gusto kong magkomento sa’yo, Kapatid na Rook. Nabalitaan ko ang ilang dakilang gawa na ginagawa mo para sa Panginoon. Ikaw . . . Nabalitaan kong nagpunta ka sa Indianapolis o papunta sa Indianapolis, at nagkaroon ng mga gawain at nakapagwagi ng mga kaluluwa kay Cristo. Sumaiyo ang Diyos, Kapatid na Rook. Tunay na nagagalak akong makita ka. Nakita kita rito sa lumang traktora na ito sa dako rito, nagpapatakbo sa palibot dito, naglalagay ka ng pataba sa bakuran mo dun. Buweno, nakita kita roon na sinisikap na gawin ang isang bagay para sa Panginoon. Nagagalak akong tinawag ka Niya sa pagmiministeryo, siyanga’t panatilihin mo Siya sa iyong harapan, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos. Huwag kang makipagkompromiso sa anuman; kundi gawin ito nang may pinaka kalugud-lugod na espiritu na magagawa mo ito. Ibunsod mo ang iyong—ibunsod mo ang iyong mensahe na matimplahan sa tuwina ng katimyasan ng Espiritu Santo.

535 At si Kapatid na Stricker . . . [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “Asam namin ang mga panalangin ninyong lahat. Sinisikap namin—sinisikap naming makapagsimula ng isang iglesya doon sa North Vernon.”—Pat.] Oh, sana’y makuha n’yo ito. Idadalangin namin kayo. [“Mabuting-mabuti, hanggang ngayon.”] Siya nga.

Billy, kailan ka naman magsisimulang magpastor?

536 Sina Doktor Goad at Doktor Mercier dito, ako—ako—ako’y umaasa . . . ganoon po ang tawagan namin sa isa’t isa. At si Kapatid na Goad ay nakarating na sa isang lugar na ako’y . . . talagang karapat-dapat sa kanya ang isang titulo, kaya na niyang magkarga ng mga bala ngayon. Oo. At, si Kapatid na Leo, naniniwala akong maaari na natin siyang hayaan doon, at tawagin siyang . . . hayaan siyang ipagpatuloy ang kanyang titulo na—na “Doktor.”

537 Buweno, “Doktor” Branham, diyan sa likod, patuloy mo lang siyang alagaan nang husto, at ang mga ilawan ay mangingas nang husto. At—at sasabihin ko sa inyo kung ano, sa tuwing magkakaroon tayo ng espesyal na pagtitipon ay kakausapin ko ang lupon at titingnan kung hindi ba’t mabigyan ka nila ng kaunting dagdag diyan [Tumatawa si Kapatid na Branham—Pat.] para sa espesyal na trabaho kapag napakarami mong wawalisin at bibitbitin papasok at palabas, at magpapasaya sa iyo ’yun.


538 Doktor Wood. Tinawag ko siyang “Doktor,” sa palagay ko’y nagtataka kayo kung bakit. Hindi ako nagkakamali ng tawag sa kanya, sadya kasing dalubhasa siya sa pagpipiraso ng kahoy, alam n’yo. Patutubuin ng Panginoon ang isang magandang punongkahoy, at puputulin niya ito at gagawa ng

isang bahay mula rito. Wala pa akong nakitang ganoon, kaya marapat lang na tawagin ko siyang “Doktor.”

⁵³⁹ Kapatid na Taylor, matapat ka pa rin sa may pintuan, para magbigay sa tao ng mauupuan. Ganito ang nabubulay ko sa’yo, “Mas gugustuhin kong maging isang kuskusan ng paa sa bahay ng Panginoon kaysa sa tumira sa mga tolda ng masama.” Siyanga, po.

⁵⁴⁰ Kapatid na Hickerson, kasisimula mo pa lang sa Daan, at sige ang usad, kasa-kasama ka. Nais ko na iyong... ako... Nagsimula ka na sa Daan, at kasa-kasama, talagang hinahangaan ko ang katapatan mo at ang lahat ng ginagawa mo para sa Panginoong Jesus. Pagpalain ka ng Diyos sa tuwina at gawin kang isang tunay na diyakono, kapatid, na naniniwala akong ikaw nga, ang sambahayan mo ay nakapasakop at ang lahat ng bagay kung papaanong ganoon ka noon pa.

⁵⁴¹ Kapatid na Fred, hindi ka pa namin nakasama nang matagal-tagal, haya’t mula pa sa Canada. Hindi namin nararamdaman na taga-Canada ka pa rin, pakiramdam namin ay isa kang manlalakbay at isang estranghero na kasama namin, aming kapatid, bilang isang katiwala. Ikaw at si Kapatid na Wood, at kayong naglilingkod nang mabuti sa inyong katungkulan na kasama ni Kapatid na Roberson, at ang iba pa rito; Kapatid na Egan, wala siya rito ngayong gabi.

⁵⁴² At Kapatid na Roberson, ikaw ay naging isang—isang tunay na katulungan sa akin, si Kapatid na Roberson kasama ng iba pa, dito sa kaso ng pagbubuwis na sumailalim sa pagsisiyasat. 

MGA TANONG AT MGA SAGOT TAG61-0112
(Questions and Answers)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Enero 12, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org